Ang Sukat Ng Isang Taong Sakdal

Jeffersonville, Indiana, USA
Octubre 14, 1962

1 Salamat, kapatid, pagpalain ka ng Panginoon. Mainam na maparitongmuli sa Tabernakulo ngayong umaga. Isang mabiyayang umaga sa inyonglahat. At umaasa akong magiging isang dakilang araw ito para sa ating lahatsa Presensya ng ating Panginoon. At ngayon, mayroon akong aralin saumagang ito. Nais kong dumako na kaagad sa araling ito, sapagkat isa itong . .. Sa palagay ko'y mahalaga ito at nang sa ganoon ay di mabalisa ng husto angmga tao, alam n'yo na, at di sila magtatagal dahil marami ang nakatayo.Dadako na ako kaagad sa aralin.

2 At ngayon, mamayang gabi nais kong mangusap tungkol sa paksang "AngGabay ng Buhay Ko." At umaasa ako na lahat ng maaring makadalo aymakakadalo sa pagkakataong iyon mamayang gabi. Gayunman, kungmayroon kayong sariling simbahan, kami'y . . . Anupa't nais naming doonkayo dumalo sa inyong simbahan. Tungkulin ninyong dumalo roon, kung saanay katungkulan ninyong pagliwangin ang inyong ilaw. Ngayon, patuloy kaming umaasa sa tuwing babalik kayo namakapagdaragdag kami ng kaunti pang lugar dito. Subalit nahihirapan kami,sa bawat dako. Tunay ngang lahat ay hinalukay na ng mga miyembro ngTrustee Board. At magpapadala sila sa isang lugar; aaprubahan nila;pagkatapos ay ipapadala naman nila sa ibang lugar, at di iyon papayagan; atipapabalik. Aaprubahan nila rito at ibabalik na naman. O, tunay ngangnahirapan kami. Ngunit alam ninyo, sa tuwina ay nilalabanan ni Satanas angtama. Alalahanin lamang ninyo, palagi kayong tama tungkol sa . . .

3 Iniisip ko kung saan ka naroroon, Anthony, hindi ko nakita . . . Nagkitakami ng ama mo. At tumingin ako sa mga tagapakinig; ang sabi niya'ynakaupo sa raw doon. Nagagalak kaming makasama ka pati na ang iyongama: si Bro. Milano na taga New York. Sana—sa pangingibang-bayan ko sapagkakataong ito ay makapagpahinga kong muli sa New York, saan man doon,kung loloobin ng Panginoon. At, lubos nga kaming nagagalak dahil sa bawat isa sa inyo. Sadyangnapakainam na maparito kayo. At masayang-masaya kami kagabi, o kung diman sila, ako. Tinalakay ko ang pagpasok ni Isaias sa temlo . . . At kaya ngakayo ay . . . At sa umagang ito, nais nating mangusap, o magturo pala, kung magagawanating tungkol sa paksang: "Pagtatayo ng Buhay na Tabernakulo . . . Pagtatayong . . . Pagtatayo ng Buhay na Tabernakulo ng Buhay ng Tahanan ng Buhay na Diyos: Ang taong Sakdal"—ang Buhay na Tabernakulo ng Buhay na Diyos,kung saan Siya ay nananahan. At kung . . .

4 Nauunawaan kong maganda ang pagaawitan nila rito, at di akonagkakaroon ng pagkakataong marinig iyon. At mamayang gabi, susubukankong pumarito. Sinabi sa aking ng maybahay ko ang tungkol sa isang BrotherUngren (Sa paniwala ko'y iyon ang kanyang pangalan.) na taga Tennessee.Ngayon, naririto siya kagabi. Hindi ko siya nakikita ngayong umaga, ngunitsa wari ko'y naririto lang siya. Ang nais kong marinig na awitin niyamamayang gabi, kung maaari, ang "Down From His Glory" o kaya ay ang"How Great Thou Art."Nais kong marinig iyon. Ilan ba ang may gustongmarinig na umawit si Brother Ungren? Oh, gusto ko ng magandang pag-awit.At ang sabi ni Meda ay tila isa siyang baritone. Naaalala ko tuloy ang kapatidnating si Brother Baxter. Mang-aawit din siya, gaya ng nalalaman natinglahat. At "Down From His Glory" o kaya'y "How Great Thou Art." Sapalagay ko'y nakita ko na siya ngayon doon sa . . . Maaari ba iyon, BrotherUngren, mamayang gabi, kung mamarapatin mo? Kung mananatili ka . . .Susubukan mo bang manatili para sa gawain mamayang gabi? Buweno, aking. . . Buweno, huwag na lang. Ito ang sasabihin ko sa iyo; ano kaya kung ating .. . Ayaw kong magipit ang sinuman, ngunit bakit di nalang, kung mamarapatinnatin sa panahon ng pangangaral natin ng Pitong Tatak, kung ikaw ay paparito,nais kong iteyp iyon (Nauunawaan mo ba?), nang makuha natin: ang "HowGreat Thou Art" at gayon din ang "Down From His Glory" sa pagkakataongiyon.

5 Oh di ba't napakasarap maglingkod sa Panginoon? Hindi ko alam kunganong gagawin ko kung hindi ako Cristiano. Sadyang napakainam na magingisang Cristiano; ang pakiramdam ko'y nais kong maglulukso at magsisigaw ngtodo. Ang maging isang Cristiano, isipin ninyo: lubusang nakaangkla kayCristo. Alam ko sa tuwina'y mali ang bigkas ko sa pangalan ng lalaking ito.Kung hindi "S.T.," ay "T.S.," (o parang ganoon) Sunler—Brother Sunler.Nais ko siyang pasalamatan pati na ang kanyang mahal na maybahay. Sa wariko'y gumugol siya ng tila mga anim na buwan sa pagmamakinilya sa PitongKapanahunan ng Iglesyang ito. At ngayon ay nasa amin na itong muli atnamakinilya na, handa na para sa huling pagwawasto, at maisasaaklat na: angPitong Kapanahunan ng Iglesya. Sister Sunler, saan ka man naroroon, dapatlang na hayaan mong bayaran ka namin dahil diyan. Napakalaking trabahoniyan. Aba e, ganiyan iyon kakapal. Aabutin ako ng anim na buwan paramatapos ko iyong basahin, lalo pa ang kunin iyon mula sa teyp, at baligtarin, atalisin ang mga naulit na mga salita, at gawin iyong aklat. Ihahanda namin iyon at ipapadala namin kaagad sa imprenta, sapagkat sa palagay namin aydapat itong mapasakamay kaagad ng mga tao, nang sa gayon ay mapag-aralanna ninyo. At ipinakita sa akin ni Billy, nang pumasok ako roon ilang sandalipa lamang ang nakaraan, na handa na iyong ipaimrenta. Kaya Sister,babayaran ka ng Tabernakulo sa bagay na iyon. Hindi ko inaasahang gagawinmo iyon ng walang bayad. At gayon din kami . . . Kapag nakuha na namin anglibro at kailanganing presyohan ito, o anuman, magtatakda kami ng halaga nakung saan ay may makukuha ka sa tuwing maibebenta nila ito, anuman.Makipag-usap ka lang sa Board, sa Trustee Board, o sa ilan sa kanila roon,aasikasuhin nila iyon para sa iyo. Pagpalain ka nawa nang lubos ngPanginoon.

6 Sina Brother at Sister Kidd na nakaupo rito, kulang-kulang sandaan taonggulang na (kaunti na lang). Nagkita kami kanini-kanina lamang, at ang sabiniya, "Buweno, marahil ito na ang huling pagkakataon na makikita kita,Brother Billy." Ang sabi niya, "Tumatanda na ako ng husto." Ang sabi ko, "Naku naman. Ayaw kong marinig na sinasabi mo iyan."Para lamang kayong isang matandang ama't ina. Mahal natin sina Brother atSister Kidd, di ba? Bawat isa. At sadyang may kung ano'ng nagagawa sa akinang makita silang lumalakad patungo sa simbahan, isang matandang magasawang tulad niyan. At isipin na lang ninyo, bago pa ako ipanganak aynangangaral na sila ng Ebanghelyo, at matanda na ako ngayon. Siya nga,isipin na lang ninyo; nangangaral na sila bago ako ipanganak. At heto na akongayon. Naiisip ko, "Tumatanda na ako ng husto"; at naiisip ko na sanangsumuko; saka ko naman nakitang pumasok sina Brother at Sister Kidd:"Luwalhati sa Diyos, alleluia." Ang sabi ko, "Hindi, maganda ang pakiramdam ko." Siya nga po, angmakita sila'y nagpapasigla sa iyo ng husto. At napag-uunawa mong doble naang edad nila sa akin, at humahayo pa rin sila. Pumarito sila kaninang umagaat humihingi ng mga libro—kung makapagdadala sila ng mga librongmaipagbibili; gusto nilang makakuha ng mga teyp upang makahayo sila atmakapagligatas ng mga kaluluwa sa pamamagitan ng pagpaparinig ng mgateyp na ito—sa edad na halos sandaan na. Ngayon, nasaan ang inyongdalawang pakapk na pinag-usapan na natin kagabi? Oo nga, nagsimula akongmag-isip, "Nasaan na ba ang akin?" kapag . . . ? . . . Opo. Ilang tain ka naSister Kidd? Walumpu't isa. Ilang taon ka na Brother Kidd? Walumpu't isa atwalumpu't dalawa, at ginagamit pa rin ang kanilang mga pakapak sa pagkilos,humahayo pa rin.

7 Kapag may nagyaring anumang problema sa Ohio na alam ni Sister Kidd,kumikiriring ang telepono sa bahay. Nung nakaraang araw tumawag siya at may isang sanggol (Isang sanggol na babae, sa paniwala ko.) na isinilang, atnakalabas ang mga bituka nito—nakalabas ang pantog ng sanggol. Hindimalaman ng duktor kung ano'ng gagawin niya at natatakot siyang mag-opera.Nanalangin kami . . . [Sinaysay ni Sister Kidd ang kaso sa gitna ng mganakikinig—Ed.] Ipinasok nilang muli ang mga bituka sa pamamagitan ngisang operasyon at inakalang hindi na siya mabubuhay; at nabuhay siya.Dating walang daanan para sa—mula sa tumbong para daanan ng pagkain. Attumawag uli si Sister Kidd; nanalangin kaming muli, at ngayon ay nagkaroonna ito ng normal na daanan. At narito siya ngayon bilang saksi, at gayun dinang duktor. Kita n'yo? Isa itong patotoo na ang Panginoong Jesus, angdakilang manlilikha . . . Nakita ba ninyo kung ano'ng tinagkang gawin niSatanas? Ang kitlin ang buhay ng sanggol na iyon. At pagkatapos . . . Kitan'yo, pagkatapos sa paniwala ko ay lumapit ang babaeng iyo sa Panginoon—nagbalik-loob siya sa Panginoon. Inikay siya ni Sister kidd pabalik kay Cristo,matapos mangyari ang dakilang himalang ito sa kanyang sanggol.

8 May tawag akong natanggap mula sa California kahapon, i—isang kapatidna ministrong nakasama ko nang una akong magpunta sa California maramingtaon na ang nakalipas, ang munti niyang apong lalaki ay isinilang na may apato tatlong barbula na nakasara sa puso nito. At sinabi ko sa kanya ang kasongiyon. At ang sabi ko, "Ang Diyos na lumikha at umayos nitong isa, ay tiyakna makapagpapagaling sa iyong apo." Sinabi ko lang sa batang lalaking iyonna lakasan niya ang kanyang loob. At naroon siya sa gawain nung una akongmagpunta sa California, mga labingwalong taon na ang nakalilipas ngayon—labing-anim na taon na. At nasa California ako noon, at siya noon ay . . .labisna naimpluwensyahan ng gawain ang batang lalaking iyon na nang dumatingsiya sa kanila at isilang ang sanggol na iyon, at nakita nilang mayroon siyangproblema, nagingitim. At sinubukan nilang bombahim siya ng oxygen at ibapa. At parang di na siya mabubuhay. At nang pagkakataong iyon ay sinuri itong duktor at nalamang nakasara ang tatlong barbula sa puso nito: saradungsarado talaga (Kita n'yo), isang barbula lang ang bumobomba. At tinawagniya ang kanyang ama, at ang sabi, "Daddy, tawagin mo na kaagad si BrotherBranham. Sabihin mo sa kaniya na hilingin lang niya kay Cristo; gagawinNiya ito." Hayun. Ay, naku. Ang impluwensyang iyan, ang kanilangnasasaksihan (Kita ni'yo?), iyon ang naipangusap kagabi: ang tamang bagay satamang pagakakataon.

9 Buweno, kung magpapatuloy tayong mangusap hindi na natin matatalakayang aralin, di ba? Para itong molasses sa isang malamig na umaga; sadyangnapakalapot nito, alam n'yo na, at nagdidikit-dikit. Labis tayong nagagalak namagkaroon ng ganiyang pagsasama-sama. Siya nga po. Kaya ngayon, tayo ay magsitahimik na at dumako sa aralin. Ngayon, akomarahil ay . . . hindi ko alam kung nakikita ba ninyo iyan o hindi sa pisara.Marahil kung ititingala ko iyan ko iyan ng ganiyan sandali, aba'y, makikita nanatin. Ngayon nakikita ng ilan sa inyo . . . Anong masasabi ninyo? Hindi,hindi na muna ngayon palagay ko, Doc, mamaya na lang siguro ng kaunti.Buweno, gagawin natin iyan kapag nakuha kong—may lugar ka ba rito? Osige, itutok na lang natin doon. Nakikita ba ninyo diyan sa likuran, maaaribang—kung nakikita ninyo, itaas lang ninyo ang inyong kamay, kung nakikitaniyo ang pisarang iyon, kung iyon ay nababasa ninyo diyan? Hindi? O sige,paki puwesto mo sa tamang lugar.

10 Ngayon, habang inihahanda nila iyan . . . Tanghali na akong magsisimulangayong umaga. Ah, hindi, hindi, maaga ako ng mga labinlimang minuto. Atkaya, magdadahan-dahan lang tayo ngayon, sapagkat ayaw nating magmadali.Ngayon, kapag ikaw ay nagmamadali, nasisira ang mga bagay na gusto mongsabihin. Ngayon, pinakikinggan ko ang isang teyp nung isang araw, gaya ngsinabi ko sa inyo, at labis akong napahiya sa aking sarili, masyado kasingmabilis. At sadyang nininerbiyos ang tono ko. Siyanga, ang pakiramdam ko'ynaghihintay ako sa . . . ? . . .

11 Nakita ko pa lang nung isang araw ang lugar na pagtatayuan nila ng isangmalaking zoo dito sa kalagitnaan ng Louisville. At si Mr. Brown (Sa paniwalako'y doon nga iyon.) ay nag-ambag ng $1,000,000 para sa zoo. Buweno, kungsa akin lang iyon, malamang na ibigay ko iyon sa kanila upang pakawalan angmga hayop na iyon. Hindi ako naniniwala sa pagkukulong ng anumang bagayna gaya no'n. Sadyang—tinitignan ko—nagpupunta ako sa zoo at nakikita koang mga kaawa-awang hayop, mga oso at leon at iba pa na nagpapalakadlakad, nakakulong habang buhay. Nakikita n'yo ba? Sinasamaan ako ngpakiramdam. Kung sa bagay, ang mga ito ay hinuhuli sa pamamagitan ngtalino ng taong mas marunong kaysa sa kanila. Kita ni'yo? At sila'y hinuhulinila at ikinukulong. Ngayon, iniisip kong gayon ang ginawa ng Diyablo. Kinukuha niya angmga taong minamahal, na dapat sana'y lumilibot sa mga dakilang dako ngDiyos, at mga kabukiran, at mga bagay na tulad niyon, at pagkatapos ayinilalagay sila sa kulungan ng kung anong denaminasyon, o ng kung anongkredo, o ng kung ano pa, at ginagapos sila roon; at kasuklam-suklam iyon. At ayaw ko ng mga zoo. Ngunit pakiramdam ko'y para akong isa ako samga hayop na iyon, na nakakulong sa hawla, at nagpupumilit na makakawala,alam n'yo na, upang makalabas at makagawa ng isang bagay.

12 Ngayon, bago tayo dumako sa Salita, lapitan muna natin ang May-akdang Salita haban nakayuko tayo ngayon sa panalangin.Mabiyaya naimng Ama sa Langit, nagkatipon kaming muli sa umagang itosa Pangalan ng Panginoong Jesus, na Anak Mong mahal, ang Diyos nanagkatwang tao at nanaog sa lupa para sa katubusan ng aming mga kasalanan,at namatay, ang Matuwid—upang kami, sa pamamagitan ng Kaniyangkatuwiran, bagam't di matuwid, ay mapasakdal kami sa Kaniya. Lumalapitkami, nagsasabing di kami karapat-dapat, Panginoon. Walang anumangmabuti sa amin, at lahat kami ay dating nakakulong sa isang malakingkulungan. Saan mang sulok kami tumayo noon, nakakulong pa rin kami.Hindi namin matulungan ang isa't isa. Ngunit, ang Diyos sa Kaniyang walanghanggang habag, ay nanaog at binuksan Niya ang mga pintuan ng kalulunganupang kami ay palayain. Di na kami ngayon nakakulong. Wala na kami sazoo ng sanlibutan, bagkus ay malaya na kami; nasa labas na kami.

13 Oh, mahal na mahal namin Siya, at magagawa na naming lakaran angkalawakan ng mga kadilang bukirin ng Kaniyang pangako, at makitangnaipamamalas ang mga ito sa harapan namin; at sa sarili naming mga mata aynakikita naming nailaladlad ng dakilang Diyos na Walang Hanggan angKaniyang Sarili sa harapan namin, ginagawang totoo ang Kaniyang Sarili tuladng ginawa Niya noon sa mga propeta, at nalalaman naming sila aynamamahingang taglay ang katiyakang isang araw kami ay mulingmaipanunumbalik pagkatapos ng buhay na ito at kapag dumating na angpagkabuhay na muli patungo sa isang Buhay na Walang Hanggan na hindi nakailapaman magwawakas. Ang mga katawan namin ay di na tatanda pa, at dina kami mamamatay. At di na kami magugutom, ni magkukulang man.Bagkus ay makakapiling na namin SIya. Nais namin Siyang marinig nanagsasabi, “Magsipasok kayo sa kagalakan ng Panginoon na inihanda para sainyo mula ng itatag ang sanlibutan.” Noong bago pa man pumasok angkasalanan, ganoon na lamang ang ginawa Niyang paghahanda, tulad ng ginawaNiya kina Adan at Eva, na di nila kailangang magksakit, o magkaroon man ngsuliranain. Ata gnayon, inihanda Niya naman ito para sa amin, at nung una paman ay alam na Niyang darating kami. Gumawa ng malaking harang angkasalanan, at ngayon ang kasalanan ay naalis na sa pamamagitan ng Dugo niJesus. Ngayon patungo na kami sa lupang pangako sa pamamagitan ngpangako ng Diyos na Walang Hanggan.

14 Pagpalain Mo po kami ngayon, Ama, habang pinag-aaralan namin angIyong Salita. Nais naming malaman kung anong uri ng pagkatao ang dapatmapasaamin, upang kami ay maparoon. Tulungan mo po kami ngayon sa pagaaral na ito, na makapiling namin ang dakilang Guro, ang Espiritu Santo,upang manaog Siya at ipahayag Niya ang Kaniyang Sarili sa amin sapamamagitan ng Kanyang Salita. Sapagkat hinihiling namin ito sa KaniyangPangalan at para sa Kaniyang kaluwalhatian. Amen

15 Ngayon ay nais kong buksan natin ang unang kabanata ng II Pedro, at naiskong basahin ang isang bahagi ng Kasulatang ito: unang kabanata ng II Pedro.At ngayon sa mga may lapis at papel . . . At wari ko'y nasabihan ako ngayongumaga na minsan kapag ibinabaling ko ang ulo ko palayo riyan ay lumalaboang teyp. Hindi ko sinasadya iyon. At naniniwala akong kung malalamannatin sa hinaharap kung paanong magkaroon ng web mike at kung paano itongisabit sa kisame, kung magkagayo'y kung saan ka man pumuwesto, ayos lang.Magiging tamang-tama ito kung saan ka man naroroon. Isa lamangmikropono sa kisame.

16 At ngayon habang nagungusap ako . . . At kung nais ninyo, pagkatapos nggawain ay maaari niyong iguhit ang balangkas na ito, at ito ay minakinilya korin. Kukuha ako ng thumb tracks at ilalagay ko ito rito sa harapan. Kung naisniyong gawin ito minsan, pumarito kayo nang maaga-aga mamayang tanghali,nang sa gayon ay maunawaan natin.

17 Ngayon, malapit na nating talakayin ang Pitong Tatak. Katatapos langnating talakayin ang pitong kapanahunan ng iglesia, at isa itong mensahe sapagtuturo na mag-uugnay sa taong matutubos ng Dugo ng Panginoong Jesus,at mapaparoon sa kapanahunan ng iglesiang iyon sa dulo ng mga Tatak.Ngayon, alam nating mayroong pitong pakakak, pitong salot at mangkok at ibapa, na tatalakayin natin sa ating pagpapatuloy; ngunit naghihintay tayo ng masmaluwang na lugar upang makaupo ang mga tao. Ngayon iniisip kong uugnay ito sa inaasahan ko. Di ko akalaingmaiguguhit ko ang balangkas na ito, ngunit nung

isang araw ay kasama ko angilang mga mahal kong kaibigan: ang mga Cox na taga Kentucky. At nagtungoako roon, sa pag-aakalang marahil ay makapangangaso ako ng squirrel ng isapang araw bago matapos ang panahon ng pangangaso. At nasa kagubatan akokasama ang kaibigan kong si Charlie, na nakatayo riyan, at si Rodney nakapatid niya; at ni hindi ako nakakita ng isa mang squirrel. Sa palagay ko'ynabulabog ko sila at nagsilayo sila nang magsisigaw ako roon sa kagubatan.Ito ang dumating sa akin, mga kalalakihan at Sister Nellie at Margie, nungsabihin ko sa inyong sasabihin ko sa inyo pagsapit ng Linggo kapag tinalakayko na ito. Iyon ang dumating sa akin tungkol sa isang mensahengipangungusap ko, at kung paanong tumugam roon ng husto ang iba pa. At, oh,muntik na akong makaranas ng tunay na Espiritu ng pagsigaw doon sakagubatan.

18 Kaya ngayon, basahin natin ang I Pedro—II Pedro pala, bahagi ng unangkabanta.Si Simon Pedro, na alipin at apostol ni Jesucristo, sa nagsipagkamit nakasama namin ng mahalagang pananampalataya sa katuwiran ng ating Diyosat Tagapagligtas na Jesucristo: Gusto ko ang pagkakasabi niyan, sapagkat ang kabuuan ng paksa ko saumagang ito ay nakabatay sa pananampalataya. Kita n'yo? Hayaan ninyongbasahin ko iyang muli; makinig kayong maigi.Si Simon Pedro, na alipin at apostol ni Jesucristo, sa nagsipagkamit nakasama namin ng mahalagang pananampalataya sa katuwiran ng ating Diyosat Tagapagligtas na Jesucristo: Pansinin: Sinabi niyang, "nakamit ko ang pananampalatayang ito, atisinulat ko ito sa mga nagkamit din naman ng ganitong mahalagangpananampalataya." Nais kong . . . Hindi ito para sa mga nasa labas; ito ay parasa iglesia (Kita n'yo?), yaong mga na kay Cristo.Biyaya ay kapayapaan ang sa inyo'y dumami sa pagkakilala sa Dios atkay Jesus na Panginoon natin ; Yamang ipinagkaloob sa atin ng kaniyang banal kapangyarihan ang lahatng mga bagay . . . (Ibinigay sa atin ngayon ng Kaniyang Banal nakapangyarihan ang lahat ng mga bagay) . . . na nauukol sa kabuhayan . . .kabanalan, sa pamamagitan ng pagkakilala sa kaniya na tumawag sa atin sapamamagitan ng kaniyang sariling kaluwalhatian at kagalingan; Na dahil dito ay ipinagkaloob niya sa atin ang kaniyang mahahalaganapakadakilang pangako; upang sa pamamagitan ng mga ito . . . (ng mgapangakong ito) . . . ay makabahagi kayo sa kabanalang mula sa Diyos,yamang nakatanan sa kabulukang nasa sanglibutan dahil sa masamang pita.

19 Ngayon, hayaan ninyong tumagos iyan ng malalim ngayon. Hindi akonagnangaral ngayong umaga; itinuturo lamang natin ang araling ito.Makadiyos na Kalikasan . . . hayaan ninyong basahin kong muli ang ika-apatna talatang iyon ngayon, upang hindi makalmpas sa inyo:Na dahil dito ay ipinagkaloob niya sa atin ang kaniyang mahahalaganapakadakilang pangako: upang sa pamamagitan ng mga ito . . . (ng mgapangakong ito) . . . ay makabahagi kayo sa kabanalang mula sa Diyos,yamang nakatanan sa kabulukang nasa sanglibutan dahil sa masamang pita. Nakita ba ninyo, ang sanlibutan—natakasan na natin iyan ngayon. Isinulatniya ito sa iglesia. Kaya tayo naririto ngayong umaga ay upang malaman kungano ang paraan; ano ang mga kahilingan ng Diyos? Walang isa mang taoritong nagmamahal sa Diyos ngayong umaga, na di nagnanasang maging higitna katulad ni Cristo. Ngayon, nakasaad iyan dito. Bawat Cristiano . . .Matandang beterano na ako. Tignan niyo sina Brother at Sister Kidd nanariritо; marahil sila ang pinakamatanda sa loob ng gusali. Ngunit kungtatanungin sila, "Ano ang pagnanasa ng iyong puso?" Ito ay: "Maging higit namalapit sa Diyos." Kapag nakilala mo si Cristo, may kung ano sa Kaniya nakaibig-ibig, na sadyang sinisikap mong makapasok sa kaniya.

20 Ipagpaumanhin ninyo ang ekspresyong ito: sinabi ko sa may bahay kohindi pa katagalan na siya ay—kapuwa na kami tumatanda, at ang sabi ko sakaniya—ang sabi ko, "Mahal mo ba ako tulad ng dati?" Ang sabi niya, "Oo naman." Ang sabi ko, "Alam mo, mahal na mahal kita na gusto kong kunin ka athaltakin ka papasok sa akin, nang sa gayon ay maging talagang iisa na tayo."Naku, iyan ay . . . Ulitin mo iyan ng sandaang milyon, at malalaman mo kungpaanong ang mananampalatayang napapaibig kay Cristo ay nagnanasangpumasok sa Kaniya, sapagkat isa itong pagmamahal. At ipapakita niya sa atindito kung paanong sa pamamagitan ng mga pangakong ito ay maaari tayongmakibahagi sa Makadiyos na Kalikasan ni Cristo. Ang mga katawang mortalna ito, kung paano tayong makababahagi . .

21 .21 Maaari akong magsabi ng isang bagay dito. Kaya ako naniwalang . . .Ngayon, may di nakaunawa sa akin dito di pa katagalan. Nakatanggap ako ngsulat mula sa Ministerial Association na nagsasabing naniniwala raw akongmay—na tayo raw ay soul-mated, dapat daw nating iwanan ang ating mgaasawa kung hindi tayo soul-mated sa kanila, upang mapakasalan natin ang ibana ka-soul-mate natin. Ay naku. Ang sabi ko, "Hindi ako nagtuturo ngganiyang hidwang katuruan." Hindi ako sang-ayon diyan, simula't sapul. Diako naniniwala riyan. At tiyak nga. Naniniwala akong ang Diyos angnagbibigay sa atin ng kabiyak; totoo iyon. At nagiging bahagi tayo ng isa'tisa. Tama. At bago mag-asawa ang isang lalaki, kailangan niyang pag-isipanang mga bagay na ito; pag-aralan.

22 Isang binata ang nagtanong sa akin nung isang araw, ang sabi, "Sa palagaymo ba'y kailangan na akong magpakasal, Brother Branham, sa babaeng ito?" Ang sabi ko, "Gaano ba siya kahalaga sa iyo?" Ang sabi niya, "Ay naku, sadyang mahal ko siya." Ang sabi ko, "Buweno kung di ka mabubuhay nang wala siya, mabutipang pakasalan mo na nga siya. Ngunit kung kaya mong mabuhay nang walasiya, huwag, upang . . . Ngunit kung ikamamatay mo, mabuti pang ituloy mona at magpakasal ka na," 'ika ko. At ang sinisikap kong sabihin sa kaniya ayito: na kung mahal na mahal mo siya . . . Ngayon, sa kasalukuyan,

bago pakayo ikasal, ang lahat ay mainam at maayos. Ngunit matapos kayong ikasal,papasok na ang mga pagpapagal at mga pagsubok ng buhay. Diyan kayo dapatmaging lubos na nagmamahalan na kaya ninyong unawain ang isa't isa.Kapag nabigo ka niya, o kaya'y nabigo mo siya, nagkakaunawaan pa rin kayo.

23 Ganiyan din kay Cristo. Kita n'yo, kailangan nating umibig nang husto saKaniya na kapag humingi tayo ng isang bagay sa Kaniya, at hind Niyaibinigay sa atin ay hindi tayo natitinag. Kita n'yo, kita n'yo? Bakit? At angtanging paraan para magawa mo iyon ay ang makabahagi ka sa KaniyangMakadiyos na Kalikasan. At tignan n'yo rito: "yamang nakatanan sakabulukang nasa sanglibutan dahil sa masamang pita": natakasan ito. Nakikitaba ninyo kung para kanino ito? Ito'y para sa iglesia. Ang mga na kay Cristoay naiangat na sa mga bagay na ito, hindi sila mismo ang nagtaas sa sarili nila,kundi si Cristo ang nagtaas sa kanila.

24 Sa mga itim kong kapatid na lalaki at babae na naririto ngayong umaga,hindi ko sinasadyang makasakit, ngunit nasa isa kaming pagtitipon minsan.Hindi ko alam kung nasabi ko na ito sa Tabernakulo; sinabi ko na ito samaraming lugar. May isang itim na kapatid na babaeng nagsabi, "Maaari bakaming magtestimonya, o magpatotoo?" "Aba'y oo, sister, sige." Ang sabi niya, "Nais ko itong ipatotoo para sa kaluwalhatian ng Diyos."Ang sabi niya, "Alam ninyo, hindi pa ako tulad ng nararapat"; at sabi pa niya,"Hindi pa ako umaabot sa gusto ko," ngunit ang sabi niya, "Isang bagay angtiyak, hindi na ako tulad ng dati."

25 Kita n'yo, may pinanggalingan siya; naitaas na siya. Ganiyan natinnalalaman na nailipat na tayo mula sa kamtayan tungo sa Buhay. Nililingonnatin ang hukay na pinag-ahunan sa atin. Kita n'yo, di pa tayo tulad ng naisnatin; ni di pa tayo tulad ng nararapat; ngunit isang bagay angipinagpapasalamat natin, di na tayo tulad ng dati. Tama. Papunta na tayoroon; at "yamang nakatanan sa kabulukang nasa sanglibutan," natakasan nanatin iyon, ang pita at kabulukan ng sanlibutan. Nakaangat na kayo riyan.

26 Ngayon, iyon ang uri ng taong kinakausap niya, ang taong nakatakas na samga bagay na ito (Kita n'yo?), sa kabulukan ng sanlibutan. Oo, at dahil din dito, sa pagkaragdag sa ganang inyo ng buong sikap, ayipamahagi ninyo sa inyong pananampalataya ang kagalingan; at sakagalingan ay ang kaalaman; At sa kaalaman ay ang pagpipigil . . . sa pagpipigil ay pagtitiis . . . sapagtitiis ay kabanalan;At sa kabanalan ay ang mabuting kalooban sa kapatid; at sa mabutingkalooban sa kapatid ya ang pag-ibig.

27 Ngayon, ibinigay Niya sa atin dito ang gabay kung anong dapat natinggawin; upang malaman kung paano natin ito gagawin. Tulad ng sinabi ko,lahat tayo ay nagsiskap na lalong mapalapit sa Diyos. Kaya pinili ko angmensaheng ito ngayong umaga para sa iglesia, dahil alam kong ang mga tao aynaglalakbay ng . . . Kagabi, ang sabi ko, "Ilan sa mga naririto ang taga-ibangbayan?" Mga otsenta'y otso porsyento ng mga tao ang taga ibang bayan."Ilan sa mga naririto ang mgay sandaang milya ang pinanggalingan?" Athalos ikatlong bahagi ng mga taong naparito ay ang nanggaling sa layong higitpa sa limang daang milya. Isipin ninyo ang mga taong naglalakbay. Buweno,ang mga taong iyon ay hindi nagsisimba para lang sila ay makita. Walangkagandahan sa lugar na tio gaya ng gustong makita ng mga tagalabas. Mgakaraniwang tao silang lahat, mahihirap, nakabihis nang pangkaraniwan.Walang mga dakilang awiting inaawit ng isang animo'y choir ng mga anghel,walang pipe organ, at mga stained glass window. Nahihirapan kang makakuhang mauupuan, at tumatayo ka sa tabi ng mga dingding. Hindi sila pumaparitopara sa mga gayong bagay; ngunit pumaparito sila sapagkat sa kalooban nilaay may isang bagay na nakakikita ng isang kagandahang di nakikita ng naturalna mata. Espirituwal na mata ang nakakikita ng kagandahan ni Cristo. Kayasila pumaparito.

28 Kaya ilang araw pa bago tayo magkaroon ng gawain, palagi akongnananalangin, nagtutungo ako sa kagubatan, nagbabaon ako sa bulsa ko, atsinasabi ko sa aking maybahay, "Mangangaso ako ngayong umaga," atnaglalagay ako ng lapis at kapirasong papel sa aking bulsa. Kapagnagliliwanag na at nakikita na ang paligid, umuupo ako nang nakasandal saisang punong kahoy, nakataas ang aking mga kamay, at sinasabi ko,"Panginoon, ano'ng maaari kong gawin sa araw na tio? Ano'ng ibibigay Mosa akin para sa iyong mga anak? At kapag may natumbok akong isang bagayna tila nag-aalab, may dumarating na parang ganito: kapag lumalapit angPresensya Niya nagsisimula akong makarinig ng isang bagay na galing samalayo, isang bagay na ganito: Dalawa———-ulitin nang————dalawa————ay————apat; (palapit) Dalawa——-uitin nang———dalawa——-ay——apat; Dalawa—-ulitin nang—-dalawa—-ay—-apat; Dalawa ulitin nang dalawa ay apat;[Binibilisan ni Brother Branham sa tuwing inuulit niya ang praseng itopara mapagdiinan—Ed.] Tuloy-tuloy na ganun. Pumapasok ang KaniyangPresensya.

29 Ipinauubaya mo ang iyong sarili, at matapos ang ilang sandali aymawawala ka na sa iyong sarili. Darating na ang pangitain: "Magtungo ka saganito at ganiyang lugar at sa ganito at ganiyang bagay." Kita n'yo,nagsisimula ito sa pagbubulay-bulay, ang pag-iisip mo ay nakatuon sa Diyos,wala sa sanlibutan, malayo sa sanlibutan, nag-iisa ka roon sa ilang, atnagsisimula itong dumating: "Isa—isa . . . "Anumang numero o anumangbagay, basta't isang bagay na nagsisimula nang dahan-dahan, dumarating nangmarahan. Pagkatapos ay pabilis nang pabilis. At nakaupo ka roon at nakataasang mga kamay; wala kang anumang sinasabi, nakataaas lamang ang mgakamay mo. Ang una mong mamamalayan ay

napapatianod na ang buongkatauhan mo. Pagkatapos ay makikita mo ang mga bagay na nais Niyangmalaman mo, ipinapakita Niya sa iyo ang mga bagay na darating.Magkaminsan ay humahantong ito sa isang lugar, at pagkatapos ay humihinto.Hindi nauuwi sa pangitain. Kapag nagkagayo'y bumubuhos nang sabay-sabayang mga Kasulatan. Dadamputin ko ang lapis ko upang di ko malimutan, atisusulat ko. Isinusulat ko ito at pag-uwi ko'y binabasa ko't pinag-aaralan. Atmagkaminsan ay wala man lang itong saysay sa akin kapag binabasa ko. Atpagkaraan ng ilang sadali, heto na; darating iyon, at muling aalis. Atkumukuha ako ng kapirasong sulatan gaya nito at sinisimulan kong iguhit nangsimbilis nang makakayanan ko, kung ano ang sinasabi Niya sa akin. Naiisipko, "Panginoon, paroroon ako sa tabernakulo at sasabihin ko sa kanila,'Magsidulog kayo, mayroon akong ibabahagi sa kanila." Buweno ganun iyonkung dumating. Gayung-gayon nga. Malibang ibigay muna Niya sa akin,hindi ko iyon maibabahagi. Kaya't batay sa mga iginuhit kong ito na nakitaninyong tinitignan ko; at ito muna ang sisimulan ko, kahapon o nungmakalawa ko lang nakuha ang bahaging ito doon sa kagubatan.

30 Ngayon, ang mga taong ito ay . . . Sinasabi ni Pedro rito kung papaanotayo dapat makabahagi sa Kaniyang Makadiyos na Kalikasan. Ngayon, bawatisa sa atin ay nagsisikap na lumago hanggang sa umabot sa sukat ng Diyos. Ngayon, matapos nating talakayin ang Pitong Tatak, at sa panahon ngpagtunog ng Pitong Tatak, o pagkakalag . . . Bagama't alam na natin kung anoang isang Tatak; pagpapakawala ito ng isang ministeryo, ang pagkakalag ngPitong Tatak. At nakikita natin iyan sa chart. Nagpapakawala ito ng isangmensahe, ng isang bagay na dating selyado.

31 Nung nakaraang Linggo ng gabi nangaral ako tungkol sa, "Susi." At angsusi ay ang pananampalataya. Hawak ng pananampalataya ang susi, at ang susi ay ang Kasulatan, at si Cristo ang Pintuan. Kita n'yo? Kaya kinukuha ngpananampalataya ang mumunting mga bisagra ng Kasulatan at binubuksannito ang mga kaluwalhatian at pag-aari ng Diyos sa Kaniyang bayan. Kitan'yo? Kaya hawak ng pananampalataya ang susi na nagbubukas kay Cristo samga tao, nagbubukas at naghahayag. Kaya susubukan natin sa araw na ito na kunin ang susing iyon upangbuksan ang daan tungo sa pagiging isang magaling na Cristiano sa sukat ngDiyos, at maging isang buhay na Tabernakulo para panahanan ng buhay naDiyos. Alalahanin n'yo, nagpahayag ang Diyos sa tatlong kaparaanan. Unaay inihayag Niya ang Kaniyang Sarili sa isang Haliging Apoy. Iyon aytinatawag na Ama. At ang Diyos ding iyon ay nahayag kay Jesus Cristo, atgumawa Siya ng isang katawan, nilikha ang katawang ito. Ikatlo, sapamamagitan ng kamatayan ng katawang iyon pinabanal Niya ang isangIglesia na maari Niyang panahanan. Diyos sa itaas natin, Diyos na kasamanatin, Diyos na nananahan sa atin. Iisang Diyos. Kaya tinawag na Ama, Anak, Espiritu Santo: hindi tatlong diyos; kunditatlong opisina ng iisang Diyos. Kung naisip lamang nila iyan sa NiceneCouncil, hindi sana tayo nagkagulo-gulo, di ba? Tama. Hindi tatlong diyos . ..

32 Hindi maunawaan ng mga tao kung paanong kinakausap ni Jesus angAma, at pagkatapos Siya at ang Ama ay iisa. Buweno naririyan nga angkabuuan nito. Siya nga, tunay ngang ito ang naglalantad. Kita n'yo, hinditatlong diyos: tatlong opisina. Tatlong pagpa . . . Ano iyon? Bumaba angDiyos sa Kaniyang nilikha. Nais ng Diyos na masamba Siya. Ang salitang"Diyos" ay nangangahulugang "bagay na pinag-uukulan ng pagsamba." Atkinukundisyon ng Diyos ang Kaniyang bayan upang makuha Niya sa kanilakung anong layunin Niya sa pagkakalikha Niya sa kanila. Hindi Niya kayo nilikha upang maging anoman kundi maging anak nalalaki at babae ng Diyos. Kung di kayo nagkagayon, naging anak na lalaki atbabae ng Diyos, nagmintis kayo sa puntirya. At ang pagmintis . . . Angsalitang "sala" ay nangangahulugang "nagmintis sa puntirya, nagmintis sapuntirya." At kung may binabaril akong target, mga limampung yarda anglayo, at pagbaril ko, itinutok ko ang baril ko at ako'y nagpaputok at nagmintisako ng apat o limang pulgada, ano'ng nangyari? Kinakailangang ikundisyonko ang baril ko. May mali. At kung nagmintis ako sa pananampalataya saDiyos, kung nagmintis ako sa pagiging Cristiano, at kung nalihis ka sa isangtabi, magbalik ka at magpaayos, iyan ang sabi ng Kasulatan. Inaayos ka ngEspiritu Santo sa Kasulatan, itinututok kang muli sa target. Tama.

33 Ngayon pinag-aaralan natin ang Kaniyang Salita. Sinabi ni Esteban saMga Gawa 7 at gayon din sa . . . Basahin nga natin iyon. Nangungusap siyatungkol sa . . . Ngayon, nangungusap tayo tungkol sa isang Tabernakulo ngDiyos. Ngayon, ang sabi ni Esteban, dahil sa magiging isa itong Buhay naTabernakulo ng Buhay na Diyos, sinabi ni Esteban sa ikapitong kabanata ngMga Gawa, at sa palagay ko'y—sa Mga Gawa 7, simula sa bandang ika 44 natalata. Sumaating mga magulang sa ilang ang tabernakulo ng patotoo, ayon saitinakda ng nagsalita kay Moises, na kaniyang gawin yaon alinsunod saanyong kaniyang nakita. Na yao'y ipinasok din ng ating mga magulang sa kapanahunang ukol, nakasama ni Josue nang sila'y magsipasok sa inaari ng mga bansa, naipinalagay ng Diyos sa harapan ng ating mga magulang, hanggang sa mgaaraw ni David; Na nakasumpong ng biyaya sa paningin ng Diyos, at humingingmakasumpong ng isang tahanang ukol sa Dios ni Jacob. Datapuwa't ang Kataastaasa'y hindi tumatahan sa mga bahay na gawang mga kamay; gaya ng sinabi ng propeta, Ang langit ay ang aking luklukan, at lupa ang tungtungan ng aking mgapaa: Anong anyo ng bahay ang itatayo ninyo sa Akin? Sabi ng Panginoon: O anong dako ang aking pahingahan?

34 Ngayon, sa . . . ngayon, anopa't ang isang tabernakulo ay isang lugar napinupuntahn natin upang pagpahingahan. Ngayon . . . Nananariwa tayo at ibapa, tulad ng pamamamahinga sa pagtulog o iba pa.

Ngayon, sa Mga Hebreo10 at sa ika-5 talata, ipinasok ito ni Pablo.Kaya't pagpasok niya sa sanglibutan, ay sinabi, Hain . . . (Si Cristo iyon.). . . Hain at handog ay hindi mo ibig, ngunit isang katawan ang sa akin ayinihanda mo: Ano ngayon ang tabernakulo? Isang katawan, ang Diyos aynakatabernakulo sa isang katawan. Dating napakatayog ng Diyos, na nangmanaog Siya sa bundok, madikit lang sa bundok ang isang baka, kinakailanganna itong patayin. Banal ang Diyos. Kagabi nang takpan ng mga anghel ang kanilang mga mukha, mga banalna Serafim na may mga banal na mukha, ni hindi nila alam kung anong ibigsabihin ng kasalanan, pagkatapos ay kailangan nilang takpan ang kanilang mgamukha sa Presensya ng Diyos, takpan ang kanilang mga paa bilagpagpapakumbaba. Ngayon, di mapalampas ng Diyos ang kasalanan. Kaya di maaaringmadaiti ang anuman sa bundok na kinaroroonan ng Diyos. At naging lamanang Diyos at nanahan sa kalagitnaan natin sa anyo ni Jesus Cristo na KaniyangAnak, Kaniyang nilikha. At ipinagkaloob ng Anak ang Kaniyang buhay, atnapawalan ang selyula ng Dugo ng Diyos upang ang Buhay ay makalabas saDugo patungo sa atin. Sa pamamagitan ng Dugong iyon ay nalinis tayo. Atngayon ang dugo natin, ang buhay nating dumating sa pamumuhay sapagnanasang seksuwal ang nagdala ng buhay natin sa mundo; nililinis tayo ngDugo ni Jesus Cristo, binabago ang kalikasan natin sa pamamagitan ngpagsusugo sa atin ng Espiritu Santo; at nagkamit tayo ng Makalangit nakalikasan ng Diyos; at naigigng isa tayong dakong tinatahanan ng Diyos.

35 Ang sabi ni Jesus, "Sa araw na iyon ay makikilala ninyong Ako'y nasaAking Ama, at ang Ama ay nasa Akin, Ako'y nasa inyo, at kayo'y nasa Akin."Kita n'yo? Malalaman ninyo kung paanong nanahan ang Diyos sa KaniyangIglesia. Ang Iglesia ay dapat humalili ngayon kay Cristo, at ipagpatuloy angKaniyang ministeryo. "Ang sa akin ay sumasampalataya, ay gagawin dinnaman niya ang mga gawang Aking ginagawa. Kaunti pang panahon, at hindina Ako makikita ng sanlibutan; ngunit makikita ninyo Ako sapagkat Ako'ysasa inyo, maging hanggan sa katapusan ng sanlibutan." Hayan:ipinagpapatuloy ang Kaniyang mga gawa.

36 Ngayon, ang Diyos . . . O sinabi ng BIblia ritong nangusap si Estebantnugkol sa pagtatayo ni Solomon ng isang templo; at ang kataastaasan ay dinananahan sa mga templong gawa ng kamay ng tao. "Sapagkat ang langit ayAking luklukan, at ang mundo ay tungtungan ng Aking mga paa." At,"Nasaan an dako ng Aking kapahingahan, ngunit isang katawan ang inihandaMo sa Akin." Amen. Hayan. "Isang katawan ang inihanda Mo sa Akin." Ang Diyos ay tumatahan sa katawan ng tao, sinasalamin Niya angKaniyang Sarili sa katauhang iyon: ganap na pagsamba, ang Diyos ay nanahansa atin, bilang Tabernakulo Niya, inihahayag ang Diyos. O maaari tayongmanatii riyan hanggang halos masakal na tayo rito dahil sa init.

37 Mapapansin ninyong sinasalamin ng Diyos ang Kaniyang Sarili sa tuwina,sa lahat ng pagkakataon, sa tao. Ang Diyos ang nakay Moises; tingnan n'yosiya: isinilang siyang isang pangulo, Cristo. Nang isilang siya nagkaroon ngpag-uusig sa mga bata upang hanapin siya; gayon din kay Cristo. At siya aynaligtas sa pagkakataong iyon; gayon din si Cristo. Isa siyang tagapagbigayng kautusan; gayun din si Cristo. Apatnapung araw na pumanik si Moises sabundok at kinuha niya ang mga kautusan, at saka nanaog; nagtungo si Cristosa ilang sa loob ng apatnapung araw at nagbalik na nagsasabing, "Narinig ninyong sinabi nila nung unang panahon, 'Huwag kang makikiapid; ngunitsinasabi Ko sa inyo, Sinumang tumingin sa isang babae na may masamanghangad ay nagkasala ng pakikiapid sa kaniya." Kita n'yo? Lahat ng iba'tibang bagay na nagsisilbing pagsasalamin ng Diyos sa Kaniyang Sarili . . .

38 Tignan ninyo si Jose: isinilang na isang batang espirituwal sa isang luponng magkakapatid na lalaki. Silang lahat ay mabubuting tao, silang lahat aymga patriarka. Ngunit nang dumating si Jose, kakaiba siya. Nakakakita Siyang mga pangitain, nakakapaliwanag ng mga panaginip; at kinamuhian siya ngmga kapatid niya dahil doon. Dahil sa gawaing itinalaga ng Diyos sa kaniyasa lupa, kinamuhian siya ng kaniyang mga kapatid. Kita n'yo? Lahat ng iyonay tumuturo sa krus. At tingnan niyo, ipinagbili siya ng halos tatlongpung pirasong pilak ngkaniyang mga kapatid, inihulog sa isang hukay upang mamatay, inahon sahukay na iyon at umupo sa kanang kamay ni Faraon; at walang makalalapitkay Faraon kundi sa pamamagitan ni Jose. Walang makalalapit sa Diyoskundi sa pamamagitan ni Cristo. At kapag nilisan ni Jose ang palasyo, bagosiya umalis, may trumpetang hinihipan, at may mga utusang mauuna sa kaniyana sumisigaw, "Magsiluhod kayo; dumarating si Jose." Saan ka man naroroono anuman ang ginagawa mo, o gaano man kahalaga ang trabaho mo, kailanganmong lumuhod hanggang makarating si Jose. At bawat dila ay magpapahayag.Kapag nilisan na ni Cristo, na Siyang Jose natin ang kalangitan at darating naSiya, mawawalan na ng halaga ang trabaho mo sa pagkakataong iyon.Luluhod ang bawat tuhod at magpapahayag na Siya ang Anak ng Diyos.Tama.

39 Oh, kitang-kita natin Siya kay David, isang itinakwil na hari, inalis sasariling trono ng kaniyang mga kapatid, ng kaniyang sariling anak, at naupo sabundok ng Olivo. Habang umaakyat siya sa bundok ng Olivo, lumingon siyasa Jerusalem at umiyak; sapagkat naroon ang mga taong pinaglingkuran niya,at tinuruan niya tungkol sa Diyos ay . . . At itinaboy siya ng sarili niyangbayan at pinagbabato ng iba't ibang bagay, niluraan, at pinagtawanan ngpumanik siya sa bundok, at itinakwil siya. Oh, katulad na katulad ng Anak ngDiyos makaraan ang walong daang taon, isang itinakwil na Hari sa kalagitnaanng Sarili Niyang bayan, naupo sa bundok at iniyakan ang Jerusalem bilangisang itinakwil na Hari. Ano iyon?

Isinasalamin ng Diyos ang KaniyangSarili sa mga propetang iyon, isinasalamin si Cristo. Pagkatapos ay dumating ang Isa na siyang kasakdalan ng Diyos. AngDiyos iyon na nasa ating kalagitnaan. At magmula noon ay isinailalim naNiya ang Kaniyang Sarili sa bandang ito ng Kalbaryo. Kaya nakikita ba ninyo, tayong lahat ay nagsisikap na makarating sa pagiging tahanang ito,isang Tabernakulo ng Buhay na Diyos.

40 Ngayon, may mga tao tayong mapapansin dito; ang sabi niya, "Una aymayroon tayong pananampalataya, kagalingan, kaalaman, pagpipigil, pagtitiis,kabutihan, o kabanalan at mabuting kalooban sa kapatid." Tama; mabutingkalooban sa kapatid at pagkatapos ay idaragdag ang pag-ibig. Hayaan ninyongito'y muli kong basahin ngayon upang tiyak na makuha ninyo. Ngayonuumpisahan natin sa ika-5 talata.Oo, dahil din dito, sa pagkaragdag sa ganang inyo ng buong sikap, ayipamahagi ninyo sa inyong pananampalataya ang kagalingan; at sakagalingan ay ang kaalaman; At sa kaalaman ay ang pagpipigil, at sa pagpipigil ay ang pagtitiis; at sapagtitiis ay ang kabanalan; At sa kabanalan ay ang mabuting kalooban sa kapatid; at sa mabutingkalooban sa kapatid ay ang pagibig. (Na siyang pagmamahal.) Kung nasa sa inyo ang mga bagay na ito at sumasagana, ay hindi kayopababayaang maging mga tamad o walang bunga sa pagkakilala sa atingPanginoong Jesus Cristo. Ngayon, mayroon ditong binabalangkas si Pedro para sa atin, kung paanotayong makararating doon.

41 Ngayon, nais kong sabihin ito: na may mga taong may bahagi nitongkagalingan, kaalaman, karunungan, pagtitiis, at iba pa, na di man langnagsasabing mga Cristiano sila. Ngayon, atin lamang . . . nagtututro tayo ngSunday school, at totoo nga iyon. May mga taong nagtataglay ng bahagi nitona di man lang nagkukunwang mga Cristiano. Ngunit hindi iyon—hindi iyonnakukuha sa gano'n. Para iyang isang ibon na itim na pilit na naglalagay ngbalahibo ng pabo sa mga pakpak nito upang maging pabo. Ipinahihiya langniya ang kaniyang sarili. Mas makabubuti pang siya'y manatili na lamangibong itim. Kita n'yo? Kapag sinusubukan niyang gawin ang mga bagay naito na di naman siya Cristiano, sadyang wala siyang lugar. Tulad ng isangpunong Sycamore na nagpipilit makapamunga ng mga mansanas. Tulad din ng isang mola na nagpipilit na makapagpatubo ng balahibo ngtupa, nagpipilit na maging tupa samantalang isa siyang lobo—o isa siyangmola. Nakikita n'yo ba, hindi siya makapagpapatubo ng balahibo ng tupa.Hindi maaari. Ang balahibong tupa ay kaloob sa isang tupa, hindi sa isangmola. Maaari siyang mag-astang tupa, ngunit mola pa rin siya. Kita n'yo?Kaya sasabihin mo, "Kaya kong kumain tulad ng isang tupa; kaya kong mag-astang tupa," at kahit ano pa ang kaya mong gawin, kailangan mong magingtupa upang magkaroon ka ng balahibong tupa.

42 At hayaan ninyong tumigil ako rito sandali. Ang tupa ay di gumagawa ngbalahibong tupa. Mayroon siyang balahibong tupa dahil isa siyang tupa.Maraming tao ang nagsasabing, "Buweno, susubukin kong maging mabuti.Susubukan kong gawin ang ganito." Huwag kang gumawa-gawa lamang nganumang bagay. Hindi, hindi ito uubra. Ang isang tupa ay hindi hinihilingan,hindi inaasahang gumawa ng balahibong tupa; tinutubuan siya ng balahibongtupa. At kaya ganoon ay sapagkat isa siyang tupa. At kung isa kang Cristiano,kusa kang mamumunga ng bunga ng Espiritu. Hindi mo ito ginagawa-gawalamang. Hindi mo sinusubukang magkunwari. Hindi mo pinipilit na magingisang bagay na hindi naman totoong ikaw. Basta't magpakatotoo ka lamang sasarili mo at kusa na ito.

43 Nakarinig na ba kayo ng mga taong nagsasabi, "Buweno sasabihin ko saiyo; sumapi ako sa iglesia; talagang kailangan tigilan ko na itong akingpagsisinungaling." Gumagawa-gawa ka na naman ng isang bagay; hindi itomaaari. Kaya di na kailangang pang subukan kung paanong di magagawa ngisang molang magkaroon ng balahibong tupa. Hindi maari. O kaya'y kungpanong manginain ang isang buwitre kasama ng kalapati, isang buwitrengnagpupumilit na maging kalapati . . . Maiisip n'yo bang sasabihin ng isangbuwitre, "Buweno, alam n'yo, isa akong kalapati." Naglagay siya ng ilangbalahibo at ang sabi, "Kita n'yo, mukha na akong . . ." Kita n'yo? Sadyangmawawala siya sa porma. Ganiyan ang taong nagsasabing siya ay isang bagaysamantalang di naman. Kita n'yo, hindi maaari. Hindi mo maaaring sabihin, "Buweno, tingnan n'yo ngayon. Dapatmagkaroon ako ng kagalingan, kaya't magkakaroon nga ako ng kagalingan.Dapat kong ipamuhay ang kabanalan, kaya't magkakaroon ako nito." Aba'ysinusubukan mo lang maglagay ng mga balahibo. Bagama't abot-kamay moang mga ito, subalit hindi maaaring ilagay ang mga balahibong ito sa malingibon. Sadyang di ito uubra. At ipinapakita lamang nito kung gaano kaipokritoang ibong iyon. Kita n'yo?

44 Maiisip ba ninyo ang isang buwitreng nagpupumilit na magkaroon ngdalawang pirasong balahibo ng kalapati, at ang sabi, "Tumingin kayo rito.Kita n'yo, isa akong kalapati." Kita n'yo? Aba'y alam naman nating isasiyang buwitre. Buweno, ngayon, ganiyan din tayo kung ginagawa-gawa lang natin angpagiging Cristiano. Hindi ito maaari. Ang unang dapat mangyari sa iyo ayang maisilang kang muli. Kailangan kang mabago. Kita n'yo? At kapagnabago ka na, naging isa ka nang bagong nilikha. Ngayon, naiiwawasto ka na.Kita n'yo? Ngayon, hindi mo na kailangang mag-alala tungkol sa mgabalahibo; kusa na iyong tutubo kapag isinilang ka nang muli. Opo. Tulad ng palagi kong sinasabi; kumuha ka ng isang baboy, iskobahin mo,at suutan mo ng tuxedo, at pagkatapos ay ilabas mo siya; didiretso ito saputikan at magtatampisaw. 'Pagkat, nakikita n'yo ba, di ito makabubuti. Isasiyang baboy; iyon ang kaniyang kalikasan. Ang pagtatampisaw ay likas sakaniya. Kailangan mong baguhin ang kaniyang kalikasan, at ang lahat ng ibapa ay kusa nang maaayos.

45 Ngayon, pansinin n'yo, kailangan kang maisilang na muli; iyon ay angmabago ka. Kailangang magkaroon ng pagbabago. Sasabihin mo, "Buweno,Brother Branham, may kilala akong isang babae rito, aba'y, hindi siyagumagawa ng anumang bagay na mali. Isa siyang mabuting babae. O siganito-at-ganiyang lalaki; isa siyang mabuting tao. Hindi siya gumagawa nganuman; alam mo di siya nananakit ng sinuman." Walang kabuluhan iyon.Maaaring maging isa siyang mabuting kapitbahay, ngunit di siya Cristianohangga't hindi siya isinisilang na muli. Ang sabi ni Jesus, "Malibang ang tao ay ipanganak na muli, di niyamakikita ang Kaharian." Ngayon, ang ibig sabihin niyon ay . . . Ang "makita"ay nangangahulugang "maunawaan." 'Pag tumingin ka sa anumang bagay atsinabi mong, "Sadyang di ko makita"; ang ibig mong sabihin ay hindi momaintindihan.

46 Di maintindihan ng tao kung bakit nagsisigawan ang mga tao. Dimaintindihan ng mga tao kung bakit nababago ang lenguwahe ng isang tao, atnagsasalita siya ng iba't ibang wika. Di makita ng natural na tao kungpaanong lumulukob ang kaluwalhatian Diyos sa mga mata ng isang tao upangmakakita siya ng pangitain at sabihin sa mga tao ang tungkol sa mga bagaybagay at kung anong dapat nilang gawin, sabihin sa kanila ang mga bagay nanapipintong mangyari, mga bagay na magaganap, tulad ng ginawa ng Diyoskagabi lang dito sa atin. Kita n'yo, kita n'yo? Sinisikap na unawain ng natural na pag-iisip, "Buweno, anong ginawaniya?" o "Ano bang panlilinlang ang ginagamit niya? Ano'ng pakulo mayroonsiya?" 'Pag nakakita ng isang taong nagsasalita ng iba't ibang wika, ang sabi nila. . . At may nagpaliwanag at sinabi sa ilang miyembro ng katawan kung ano'ngginawa nila, at kung ano'ng di nila dapat gawin. Kita n'yo? Kita n'yo, iniisipnilang isa itong uri ng panlilinlang. "May sabuwatan silang dalawa." Di nilaiyon maintindihan. Maliban na isilang na muli ang taong iyo, at kapagisinilang na siyang muli, kung magkagayo'y nakahanay na siya para makisama sapagkat isa na siyang bagong nilikha. Kaya, kita n'yo, di na niya kailanganngayon magdagdag ng anuman sa nasa kaniya, sapagkat kusa na itongmaidaragdag.

47 Pansinin: kinakailangan kang isilang na muli. At kapag isinilang ka nangmuli, di ka maaaring isilang na muli nang walang pananampalataya. Tama.Kaya, nakikita niyo sa chart ko rito, nandito ang pinaka pundasyon. Angpananampalataya ang pundasyon ng lahat ng ito. Sapagkat kung walangpananampalataya ay di maaaring malugod ang Diyos: "Ang lumapit sa Diyosay dapat sumampalatayang Siya nga ay Diyos, at Tagapagbigay ganti samasikap na humahanap sa Kaniya." Kita n'yo? Gayon nga Siya. At kapagnag-alinlangan ka sa Biblia, kapag nagduda kang tama ang Salita ng Diyos,mabuti pang manatili ka na lang sa likuran malibang sumampalataya ka munarito. Ano ang kasalanan? Di pananampalataya. Dalawang elemento lamangang kumukontrol sa tao. Kung di pag-aalinlangan ay pananampalataya, isa samga ito. Pinaghaharian ka niyaong isang nangingibabaw sa iyong buhay.Depende kung gaano kalaki ang pananampalatayang taglay mo, kung gaanokataas ka nakaaangat. Ngunit kailangan muna ang pananampaltaya. Ngayon,hayaan ninyong manatili ako nang sandali sa pundasyong iyan.

48 Ngayon, ang pananampalataya ay yaong dapat mong paniwalaan. Anoang pananampalataya? "Ang pananampalataya ay ang kapanatagan ng mgabagay na hinihintay." Ito'y . . . Taglay mo ito kapag mayroon kangpananampalataya, sapagkat naihahayag ito sa pananampalataya. "Angpananampalataya ang kapanatagan ng mga bagay na hinihintay (Hebreo 11.),ang katunayan . . ." Anong uri ng katunayan? Isang banal na katunayan. Kaya, kapag sinabi mong, "Brother Branham, sumasampalataya akong angDiyos ay Tagapagpagaling." Buweno, kung sinasampalatayanan mo iyan,kung gayo'y tanggapin mo Siya bilang Tagapagpagaling mo, at nang walangkasinungalingan, kundi tunay kang sumasampalatayang gumaling ka na nga saKaniyang mga latay, walang makapaglalayo sa iyo roon; tapos na iyon.Ngayon, maaaring mayroon kang pag-asa, panay ang iwa mo rito at iwas moriyan. Ngunit kapag mayroon kang pananampalataya, tiyak mo ito, sapagkatito ang katunayang taglay mo na ito.

49 Ako ay . . . Ilan ba ang nakarinig kay Oral Roberts kaninang umaga, nungsiya ay nangangaral kaninang umaga, si Oral Roberts? At narinig kong maysinabi siya tungkol sa mayroon daw pananampalatayang nagpapalaya,nanalangin siya ng panalanging may pananampaltaya ukol sa pagpapalaya.Ang sabi niya, "Kumunekta kayo sa pamamagitan ng paghipo sa isang bagayupang . . ." Ginagawa niya iyon upang magkaroon ang mga tao ng isang bagay na mahihipo nila, na maaari nilang sabihin, "Nasa akin na iyon ngayon,sapagkat sinabihan niya akong hipuin ko ang radyo ko. Nakuha ko na." Kitan'yo,? Ngayon, mabuti iyan. Ngunit ang tunay ay totoong pananampalatayaay di na nangangailangang makahipo ng anumang bagay. Ngayon, di kotinutuligsa si Brother Oral, hinding-hindi. Dakila ang ginagawa niya at isasiyang makadiyos na tao, at malaki ang pagpapahalaga ko kay Oral Roberts.Nakalulungkot lang na walang maraming tulad nila. Ngunit ang nais kongsabihin ay: di nangangailangan ng anuman ang pananampalataya. Kita n'yo?Sinasampalatayanan ng pananampalataya ang Salita ng Diyos." Nakaangklana. Naroroon na. Kita n'yo? At ang pananampalataya, tulad ng sinabi ko aydi malayo. Ang pananampalataya ay ngayon na. Ang pananampalataya aynaririto na.

50 Ngayon, tulad ng kung may . . . Ang munting sanggol na iyon nung isangaraw, ang inang iyon kina Sister Kidd, ay may munting sanggol na nakalabasang bituka at walang butas ang puwit para labasan ng pagkain . . . Ngayon, angbabaing ito, sa pagkarinig sa patotoo nina Sister Kidd, ay sumasampalatayangkung matatawagan niya ako, at maipapanalangin ko ang sanggol. Ngayon, kita n'yo,

pinagkalooban tayo ng Diyos ng mga taong . . . Angilan sa atin ay may mga karanasan sa Diyos na sadyang tunay, na ang Diyos aynagiging parang—pumupunta ka rito at nakikipag-usap ka kay Brother Nevilleo sinumang kakilala mo. At hinihiling natin minsan sa mga taong iyon naipanalangin nila tayo. Iyon ang dapat nating gawin. At kung maypananampalataya tayong ang lalaking iyon, o ang babaeng iyon, o kungsinuman ang nanalangin para sa atin, ay nakikipag-usap sa Diyos, kungmagkagayo'y nakakapit ng Huston ang pananampalataya natin, mahigpit nanakahawak; nakapirmi.

51 Narito, kinatagpo ng Romano si Jesus, at sinabi niya, "Hindi ako karapatdapat upang pumasok Ka pa sa silong ng aking bubungan. Hindi ako karapatdapat; at di ko itinuturing ang sarili kong gayon." Ngunit ang sabi, "Malalaang sakit ng aking anak, datapuwa't bigkasin Mo lamang ang Salita (Kitan'yo?), at mabubuhay ang aking anak." Ano iyon? Di mahalaga ang distansya(Kita n'yo?), sapagkat ang Diyos ay nasa lahat ng dako. Walang hanggan angkapangyarihan ng Diyos. At saan man naroroon ang Diyos, naroon angkapangyarihang walang hanggan. At ang Diyos palibhasa'y nasa lahat ngdako, kahit saan ay naroon Siya, sa lahat ng dako. Kita n'yo, dakila ang Diyossa Germany , sa Switzerland, at doon sa Africa, kung paanong dakila Siya sasandaling ito sa dakong ito. Hayan. Kaya ngayon, ang sabi niya, "Hindi ako karapat-dapat na magpatuloy saIyo sa silong ng aking bubong; bigkasin mo lang ang Salita." Ano iyon? Iyonay ang pananampalatayang Romano. Sinampalatayanan niya iyon. At sinabi ni Jesus, "Humayo ka; ang anak mo ay mabubuhay." At naglakbay siya ng dalawang araw. At kinabukasan, bago pa siyamakauwi, nakasalubong niya ang ilan sa mga lingkod niya. At sinabi nilang,"Buhay ang iyong anak." At labis na nagalak ang Romano na sinabi niya, "Anong oras siyanagsimulang umigi? Anong bahagi ng araw?" Ang sabi niya, "Mga ikalabing-isang oras nang magsimulang bumuti angkalagayan niya." At alam ng Romanong iyon ang oras kung kalian sinabi ni Jesus,"Mabubuhay ang iyong anak," at sumampalataya siya. Amen.

52 Kaya Niyang gawin ang lahat, Siya'y nasa lahat ng dako, alam Niya anglahat ng bagay, Siya'y walang hanggan, iyan ang Diyos. Kaya tumawag sila atnagsabing, "Mnalangin kayo," iyon ay kumukunekta, at hinahatid ngpananampalataya n'yo ang Diyos. Pinagtatagpo nito ang panalangin at agDiyos sa eksena. Panalangin, bumabago ang pananampalatya mula ritopatungo rito. Pinaglalakip ito. "Bigkasin Mo ang Salita. Ang nais ko lang na gawin Mo ay bigkasin Moang Salita, at ang lahat ay bubuti na." Kita n'yo? Di Niya kinailangangpumaroon pa. Bigkasin lang ang Salita. Bakit? Ang Diyos ay nasa lahat ngdako. Ang kapangyarihan Niya ay walang hanggan. At kung gaano angkapangyarihan Niya sa ibabaw ay gayon din Siya sa ilalim nito, o saan mangdako. Diyos Siya. "At ang kailangan Mo lang gawin ay bigkasin Mo angSalita," ang sabi niya. At ngayon, ang pananampalataya na ang bahalang tumupad ng iba pa; angpananampalataya na ang magsasagawa ng iba pa. Kaya kailangan mongmagkaroon ng pananampalataya bilang pundasyon. Ang buong Cristianismo,ang kabuuan mo, ang lahat ng magiging ikaw, ay nakasalig sapananampalataya sa Salita.

53 Iyan ang dahilan kaya sinasampalatayanan ko ang Salita. Kita n'yo?Hindi ko maaaring isalig ang pananampalataya ko sa anumang iba pa. Kungito'y isasalig ko sa iglesia, aling iglesia ang pagsasaligan ko, Catolico,Lutheran, Metodista, Baptist, o mga Penticostal? Saan ko ito isasalig? Hindiko alam. Litung-lito silang lahat, nagsasalungatan at lahat na. Ngunit kungilalagak ko ang pananampalatay ko sa Kaniyang Salita, nakaangkla ito. Walang sinomang nagpapaliwanang nito; heto iyon: ITO ANG SABI NGPANGINOON. Kung magkagayo'y sinasampalatayanan ko iyon. Maypinagbabasihan.

54 May isang butihing duktor dito sa siyudad, isang kaibigan ko, si DuktorSam Adair. Magkababata kami. Kilala ninyo siyang lahat. At sinabi niya saakin; ang sabi niya, "Bill . . ." Matapos dumating ang pangitaing iyon, nanagsabi sa kaniya kung saan niya itatayo ang kaniyang bahay, kung ano angmagiging itsura nito. Ngayon, minsan ay tanungin ninyo siya kung di totooiyan: dalawa o tatlong taon bago iyon maganap, sinabi ko na sa kaniya kungsaan ito mangyayari. Ang sabi ko, "Sasakupin mo halos ang buong blokengiyon ng siyudad." At isang bagay na lang ang nakahahadlang sa kaniya upangmakamit iyon, at iyon ay ang lugar ng rehabilitasyon. Na kay Dutor Adair naang kabuuan nito, pati ang bodega. Iyon lang. Ganap iyong natupad ni Duktor Adair—ang pangitaing iyon—hanggangang sabi niya, "Ni hindi ito magagalaw sa loob ng dalawampu't limang taon;ang korte ang nagpasya." Ang sabi ko, "Duktor, ibibigay ito sa iyo ng Panginoon dahil sa iyongkababaang-loob." Ang sabi niya, "Wala akong kuwentang tao." Ang sabi ko, "Isa kang pagong. May bahay kang nasa labas, isang balatkung saan ay dinudungaw mo ang mga kaibigan mo dito sa labas. Ngunit saloob ay totoo kang tao. Lumabas ka sa bahay na iyan." Ang sabi ko,"Ibibigay iyon sa iyo ng Diyos." Ang sabi niya, "Hindi ako nagduda sa iyo kailan man, Billy, ngunitkakailanganin kong magduda riyan." Kinaumagahan tinawagan niya ako at ang sabi, "Giniginaw ako nanghusto." Ang sabi ko, "Ano'ng problema?" Mga buwan iyon ng Hulyo. Ang sabiko, "Anong problema Doc?" Ang sabi niya, "Binili ko na ang lugar, Billy. Nagpulong sila sa Bostonkagabi, at nabili ko na ang lugar kaninang umaga." Sabi ko,"Sabi ko na nga ba, eh." Naroon ako nung isang araw at nakikipag-usap ako sa kaniya nangsumabog ang baril sa mukha ko. Ang sabi niya, "wari ko'y nasabi ko na iyonsa may sanlibong katao na pumarito," ganoon. Ano iyon? Ngayon, kapagsinalita ng Diyos ang anumang bagay, ito ay magyayari't mangyayari.

55 Kagabi ay may mga kaibigan akong dumating. Narinig nila ang pangitaintungkol sa caribou na

apatnapu't dalawang pulgada ang haba ng mga sungay atgayon din sa silver tip grizzly bear. Di ko alam kung gaano karaming tao angnagtutungo sa bahay dahil gusto nila itong makita. Ang sabi ko, "Heto angtape measure; ilagay n'yo sa sungay." Ito'y narinig ninyong sinabi ko bago pamaganap. Kita n'yo? Bakit? Kapag sinabi ng Diyos ang anumang bagay, itoay magyayari't mangyayari. Iyan ang dahilan; may kinasasaligan ito. Ngayon, narito ang plano ng kaligtasan. At kung ganap na natutupad angKaniyang pangitain tulad ng sinasabi nila, at nalalaman ng iglesiang ito natama nga iyon, kung gayo'y paano naman ang Salita Niya? Kita n'yo, mastiyak iyon kaysa sa pangitain. Kung di nangungusap ang pangitain nang ayonsa Salita, kung gayo'y mali ang pangitain. Datapuwa't una muna ang Salita,sapagkat ang Salita ay Diyos. Kita n'yo? Kaya nasa lahat Siya ng dako.Sinabi Niya iyon dito at tinupad Niya sa Canada. Amen. Kita n'yo, Siya'ynasa lahat ng dako.

56 Tama. Una kailangan kang isilang na muli. At kapag isinilang ka nangmuli, may pananampalataya ka na; sinasampalatayaan mo na ang Salita.Papangatuwiranan mo Ito habang hindi ka pa isinisilang na muli. Kung maypagkarelihiyoso ka lamang, at bahagya mong nalalaman bilang tao nakailangan mong gumawa ng tama, di ka makasasang-ayon sa Salita ng Diyos.Hindi mo ito magagawa. Kinakailangang isilang kang muli; at ang mulingkapanganakan ay nagbubunga ng pananampalataya. Tama. Matapos mong makuha ang pananampalataya, itong naririto: f-a-it-h faith, kung magkagayo'y nasa posisyon ka na para lumago.

57 Ngayon, maraming tao ang lumalapit sa altar at nananalangin, at ang sabi,"Panginoon, patawarin mo ako," at nakararanas sila ng matinding paglilinis, atiba pang mga bagay, pagkatapos ay nagiging masayang-masaya kayo,sumisigaw sa pagtayo n'yo sa altar. Pagkagaling n'yo roon ay sinasabi n'yo,"Purihin ang Diyos, nakuha ko na." Hindi, nagsimula pa lamang kayo sa lugarna kung saan ay maaari kayong lumago. Wala pa kayong nagagawa. Kitan'yo, nakapaglatag pa lang kayo ng pundasyon. Ngayon, halimbawa magtatayo ka ng bahay. At kapag nagbuhos ka ngpundasyon ay sasabihin mo, "Naku, nasa akin na iyon." Kita n'yo, nasa iyo naang pundasyong pagtatayuan ng iyong bahay. Ngayon, kailangan mo nangitayo ang bahay. Ngayon, diyan papasok ang nais nating ipangusap ngayon. Tama. Isangbahay, ang pundasyong ito ang una. Ano ba ang pundasyon ng Cristianismo?Ang pananampalataya sa Salita ng Diyos. Iyan ang inyong pundasyon. Pagkatapos ay magsisimula na kayong lumago. At maguumpisa na kayo.Magsisimula na kayong magdadag sa pundasyong ito.

58 Ngayon, sa pagtatayo ng bahay, naglalagay ka ng mga haligi at lahat ngiba pa. Sina Brother Wood at ilan sa mga karpintero at mga kontratista nanaririto ay makapagsasabi sa atin kung paano ninyo itatayo ang inyong bahay.Kita n'yo? Ngunit sasabihin ko sa inyo kung paano itatayo ang inyongespirituwal na bahay kung saan ay maaaring manahan ang Diyos. Nais Niyangmanahan sa inyo. Nais Niya kayong gawing tulad Niya. Nais Niyangsalaminin ninyo ang Kaniyang Personalidad.

59 Alam n'yo, nung unang panahon kapag gumagawa sila ng ginto, nungbago nila ito ipasunog sa tagatunaw, binabayo nila ang ginto, binabayo nilahanggang mapalabas nila ang putik, ang bakal, ang tanso, at iba pang bagay; atbinabayo nila ito nang binabayo, at binabaligtad, at binabayo. Ganiyan ngayonang ginagawa ng mga Indian: nagbabayo sila ng ginto. At binabayo nila ito.Alam ba ninyo kung paano nila nasasabing natanggal na lahat ng bakal dito, atlahat ng lupa at mga bagay-bagay, at pati na ang dumi? Kapag nakikita na ngtagabayo ang kaniyang repleksyon dito tulad sa isang salamin. Sapat na anglinis at linaw nito para masalamin ang tagabayo. Ganiyan din ang ginagawa ng Diyos. Kinukuha Niya ang ginto nanasumpungan Niya sa lupa, at binabayo Niya ito sa pamamagitan ng EspirituSanto, binabaligtad ng paulit-ulit, at binabayo hanggang makuha Niya—makita Niya ang Kaniyang repleksyon. At iyon nga ang dapat nating gawin:ang isalamin ang Anak ng Diyos.

60 At ngayon, dapat nating gawin ang Kaniyang gawa. Ang sabi Niya, "Angsa Akin ay sumasampalataya . . ." (San Juan 14:7) "Ang sa Akin aysumasampalataya, gagawin din naman niya ang mga gawang Akingginagawa." Nagsisimula mo nang isalamin ang mga gawa ni Cristo. Ngunitmarami sa atin ang sumusubok na gumawa ng mga gawa ni Cristo bago pamapa sa atin ang repleksyon ni Cristo. Ngayon, iyan ang problema. Nakikitanating nangyayari ang mga bagay na iyan. Alam ninyo iyan. Alam ko iyan.Nakikita natin ang mga katitisurang ito sa daan. Masusumpungan natin angmga bunton ng labi ng mga ministro, ng mga Cristianong nakasalansan sadaan. Dahil di sila pumaroon sa tamang paraan. At kaya narito ako ngayong umaga, upang sikaping turuan ang muntingiglesiang ito, at gayon din ang sarili ko, kung paanong maging tahanan ngbuhay na Diyos. Ilan ba ang nagnanais na magkagayon? Ang tahanan ngbuhay na Diyos . . .

61 Ngayon, heto ang gagawin natin. Ano ang una? Sumampalataya at isilangna muli; paglalatag iyan ng pundasyon. At matapos nating mailatag angpundasyon, ikalawa, magdagdag ka sa pundasyon mo. "Idagdag ninyo sainyong pananampalataya," ang sabi ni Pedro dito. Idagdag ninyo sa inyong . .. Magkaroon muna kayo ng pananampalataya, pagkatapos ay idagdag ninyoang kagalingan sa inyong pananampalataya. Ito ang kasunod na hanay. Unaibuhos muna ninyo ang inyong pundasyon: pananampalataya. Pagkataposidagdag ninyo sa pananampalataya ninyo ang kagalingan. Ngayon, diyan palang ay marami nang bumabagsak sa atin. Opo. Siyanga, idagdag ninyo angkagalingan sa inyong pananampalataya. Di lamang iyan nangangahulugan ngpamumuhay ng malinis na buhay, alam n'yo na, tulad ng isang babae o lalaki,at iba pa. Walang kinalaman iyan. Ang sabi ng Biblia . . . Mababasa

natindito sa Aklat ni Lukas na ang sabi, "May lumabas na kapangyarihan saKaniya." Tama ba? Kung natutulad tayo sa Kaniya, dapat palang magkaroontayo ng kapangyarihan. Dapat tayong magkaroon niyon upang matulad saKaniya. Kung . . .

62 Ang kauna-unahang awiting naibigan ko sa mga himno, isa sapinakadakila, ay ang: "To Be Like Jesus." Buweno, kung dapat akongmatulad kay Jesus, kailangan kong magkaroon ng kapangyarihan at ng daluyanupang maipasa ito mula sa akin patungo sa mga tao, sapagkat may lumalabasna kapangyarihan sa Kaniya tungo sa mga tao: kapangyarihan. At bago ninyoito mapalabas, dapat ay taglay n'yo muna ito. Kung hindi, di ito lalabas. Walaitong pagmumulan. Ano kaya kung may sumubok na kumuha ng kapangyarihan sa atin, atpagbalik ng tseke ay may markang "walang sapat na pondo." Kita n'yo?Wala, wala, walang pagkukunan: tumalbog ang tseke. Kung may tumitinginsa iyo bilang isang Cristiano at pagkatapos kinabukasan naman ay nakikita kasa labas na umaastang tulad sa isang makasalanan, kakaunting kapangyarihanang makukuha mo riyan. Kita n'yo? Tama. Kailangang mapasa sa atin ang kapangyarihan, malibang magkaroon tayong kapangyarihan . . . At kapag nagkaroon tayo ng tunay na kapangyarihan,maidadagdag na natin ito sa ating pananampalataya. Iyan ang kasunod nabahagdan ng pundasyon.

63 Ngayon, una ay kailangan mong magkaroon ng pananamapalataya. Disapat ang pananampalataya. Kailangan mong . . . Ang sabi ni Pedro,"Pagkatapos ay idagdag ninyo ang kapangyarihan sa inyongpananampalataya." Kailangang magkaroon kayo ng kapangyarihan upang itoay maidagdag ninyo sa inyong pananampalataya. Ngayon, kung gayon . . .Marahil ang dahilan kaya wala kayo nito, ay sapagkat itinuturo sa inyo ng maraming mga iglesia ngayon na di niyo na kailangan pang taglayin ito, okaya'y lumipas na ito. Hindi na raw nila kailangan pang taglayin ito. Angkailangan mo na lamang gawin ay sumapi ka sa iglesia. "Siyanga, lumipas naiyon." Kapangyarihan, may nakakaalam ba ng kahulugan ng salitang "virtue"(Kita n'yo?), at kailangang taglayin natin ito. Kung may lumabas na kapangyarihan sa Kaniya upang pagalingin angbabaeng may sakit, gayon ding kapangyarihan ang inaasahan Niya saKaniyang iglesia, sapagkat Siya ang ating Halimbawa. Kung may taglaySiyang kapangyarihan upang maibigay sa mga tao, inaasahan Niyangmagtataglay din tayo ng kapangyarihan upang maibigay sa mga tao. At ano baang virtue? Ang "virtue" ay "lakas, kapangyarihan." Marami sa kanila ang diman lang naniniwala sa kapangyarihan ng Diyos. Ang sabi nila, "Lipas naiyan. Ang kailangan mo na lamang gawin ay isulat mo ang pangalan mo saaklat. Magpawisik ka o magpabuhos, o magpabautismo o anupaman, at iyonlamang ang kailangang mong gawin." Ngunit ang sabi ni Pedro dito, "Idagdag ninyo ang kapangyarihan."

64 Ngayon, nagungusap si Pedro tungkol sa Pagtatayo ng Bahay ng Diyos(Kita n'yo?), ang Templo ng Diyos, itinatag ito sa isang lugar. At pagkataposmong magkaroon ng kapangyarihan kailangan mong magkaroon ng—pagkatapos mong magkaroon ng pananampalataya, dapat ay lakipan mo ito ngkapangyarihan. Tama. Magtaglay ka ng kapangyarihan para sa buong mundo. Nangaral ako ng isang sermon mga dalawampung taon na ang nakararaan,sa wari ko, tungkol kay kagalang-galang na Ginoong Lirio, ang pastor na siLirio. Kinuha ko ito sa teksto kung saan ay sinabi ni Jesus, "Wariin ninyo angmga lirio kung paanong di nangangapagal ni nangagsusulid man, gayon ma'ysinasabi Ko sa inyo, na si Solomon sa lahat ng kaniyang kaluwalhatian ay dinakapaggayak na gaya ng isa sa mga ito." Masdan ninyo ang lirio. Nagmumula ito sa kaila-ilaliman ng burak; atbawat sandali sa buong araw ay kinakailangan nitong kumuha ng lakas mula salupa. Kita n'yo? At ano ang ginagawa nito sa lakas na nakukuha niya? Ipinamamahagi niya ito. Lumilikha ito ng magandang tanawin para makalapitang pukyutan at makuha nito ang kaniyang bahagi. Di ito nagrereklamo;sadyang taglay niya ito upang maipamahagi niya. Ano kaya kung sa paglapitng isa pukyutan doon ay "Walang sapat na pondo," walang pulot.Magkakamot ng ulo ang munting pukyutang iyon at magsasabi, "Anongklaseng lirio iyan?"

65 Kung ang taong sumusunod at nagsisikap na makasumpong ng kaligtasanay dumadalo sa simbahang naniniwalang lumipas na ang panahon ng mga himala, tulad ng sabi minsan ni Jack Coe: pagpasok niya sa isang kainan namay napakahabang listahan ng mga putahe, binasa niya ito. "T-bone steaks,"at iba pa, ang sabi niya, "Kukuha ako ng T-bone." "Aba, kahapon pa po iyan. Wala na kami niyan." Mabuti pang ilapag moang listahan at lumabas ka na. Kita n'yo? Tama. 'Pagkat wala naman silangmaipapakain. Kaya mabuti pang pumunta ka na lang sa isang kainan na maymaipapakain. At kailangang may makain ang spirituwal na taong lumalaki.Iyon ay ang Salita ng Diyos. Sinasampalatayanan ko ang bawat salita Nito.Sa dulang ng MaykapalMagsisikain ang banalNagaanyaya si Jesus, 'Kain ka!';Tayo na at magpistaSa Tinapay ng Langit:Ang sarap naming kasalo ni Jesus! Tama. Siyanga po. Taglay Niya iyon. Taglay iyon ng iglesia. Angiglesia ng buhay na Diyos ay naitindig tungo sa sakdal na karunungan niCristo.

66 Ngayon, ngayon, dapat mayroon kang lakas. Ang sabi ko noon,mamamalayan mo na lang na may gustung-gustong makaamoy ng halimuyaknito. Hindi siya makasarili; may halimuyak siya. Bago siya makapagbigay nghalimuyak, kailangang magkaroon muna siya nito. Bago siya makapagbigayng pulo, kailangang magkaroon muna siya nito. Bago siya makapagbigay ngkagandahan, kailangang magkaroon siya nito. Bago kayo makapagbigay nglakas, kailangang magkaroon muna kayo nito. Kaya idagdag mo ang lakas saiyong pananampalataya. Amen. Nauunawaan n'yo ba? Maaari tayongmagtagal diyan, ngunit mauubusan tayo ng oras. Pagkaragdag ng lakas sainyong pananampalataya . . .

67 Ngayon, una, pananampalataya muna; pagkatapos ay kapangyarihan. Atikatlo, idagdag ninyo ang kaalaman. Kaalaman, ngayon di iyannangangahulugan ng makamundong kaalaman, 'pagkat iyon aykamangmangan sa Diyos, kundi kaalaman upang humatol. Humatol ng ano?Kung ano ang tama at mali. Paano mo ngayong mahahatulang mayroon kangCristianong kaalaman kalakip ng iyong kapangyarihan at pananampalataya?Magpapasya ka kung tama ba ang Salita o mali. At kung maisasaisang-tabimo ang lahat ng kredo mo at lahat ng di mo pananampalataya, lahat ngsinasabi mong nagawa mo, kung magkagayo'y alam mong sumampalatayangdi maaaring magsinungaling ang Diyos. "Bawat salita ng tao ay kasinungalingan, subalit ang sa Akin ay Katotohanan." Kita n'yo, ngayonnakakuha na kayo ng kaalaman. Iyon ang pinakamataas na kaalaman. Di mokailangang magkaroon ng apat na titulo sa isang kolehiyo o anumang tuladniyon upang mapasayo ito, sapagkat lahat ng mga katangiang ito ay ibinibigaysa iyo ng Diyos upang mailagay mo sa pundasyon ng iyong pananampalataya,nang sa gayon ay marating mo ang kapuspusan ng sukat ng isang tunay nanabubuhay na tao ng Diyos. Siyanga po.

68 Idagdag—idagdag ang kaalaman, sapagkat—ang kaalaman tungkol saKaniyang Salita. kailangang sampalatayanan mo ito nang ganito. Gaya ng . . .Kailangang sampalatayanan mo ngayon at tanggapin na ang panahon ng mgahimala ay di pa lumilipas, ang kaalamang anumang sabihin ng Diyos ay kayaNiyang tuparin. Sinampalatayanan iyon ni Abraham. At nung sandaang taong gulang nasiya, di siya nag-alinlangan sa pangako ng Diyos sa pamamagitan ng dipananampalataya. Tingnan ninyo kung gaanong nagmukhang katawa-tawaang Salita ng Diyos. Heto an isang lalaki na sandaang taong gulang na na umaasangmaipanganganak ang isang sanggol sa kaniyang tahanan sa pamamagitan ngisang babaeng siyamnapung taong gulang na (Kita n'yo?), halos limampungtaon nang nilipasan, baog, nagsasama sila mula pa nung dalagita siya onagdadalaga pa. At heto siya; patay na ang daluyan ng buhay niya, at patay naang sinapupunan ni Sarah; at wala nang nalalabi pang pag-asa kung pag-asaang pag-uusapan. Ngunit bagama't laban sa pag-asa, sumampalataya siya sapag-asa, sapagkat alam niya na may kakayanan ang Diyos na tuparin angbawat ipinangako Niya.

69 Ngayon, kapag taglay mo iyon nang ganiya, kung magkagayo'y idagdagmo iyon sa iyong pananampalataya. Kapag mayroon ka nang tunay nakapangyarihan, idagdag mo ito sa iyong pananampalataya. Kapag kaya monang lumakad dito sa kalsada, mamuhay tulad sa isang tunay na Cristiano,maging Cristiano, idagdag mo iyon sa iyong pananampalataya. Kapagmayroon ka nang kaalaman, at sinabi mo, "Buweno, di ko alam ngayon kungtama ang Kasulatang ito. Ngayon, heto ang Mga Gawa 2:38; di ko alam kungpaanong . . . ? . . . diyan; Mga Gawa 28:19, hindi ko . . ." Tama, huwag kangmagdagdag ng anuman 'pagkat di mo pa ito taglay. Kita n'yo? Sapagkat walaka pang sapat na kaalaman sa Diyos upang malamang di sinasalungat ngBiblia ang Sarili Nito. Huwag mo itong pakialaman. Ngunit kapag nakikitamo nang di nagsasalungatan ang Kasulatan, at nagagawa mong sabihin iyon—at sa pamamagitan ng kapahayagan ng Diyos ay nakikita mong ang buongSalita ay naisulat sa mga hiwaga, at tanging ang kaalaman ng Diyos ang makapagpapahayag Nito. At kapag nakuha mo at nagawa mo nang sabihin atdugtungan ang bawat Salita ng Diyos ng "Amen," kung magkagayo'y idagdagmo iyan sa iyong pananampalataya.

70 Oh, nagiging napakabuti mo nang tao ngayon. Kita n'yo? Umaakyat kana. Kita n'yo? Sa pamamagitan ng ano? Sa pamamagitan ngpananampalataya, at ng kapangyarihan, at ng kaalaman. Kita n'yo kungpaanong naitatayo ang taong ito? Makikita ninyong di mo ito maaaringtakasan. Ito ang paraan upang maabot ang kapuspusan ng sukat ni Cristo.Siyanga po. Ang humatol ka, humatol ng tama, hatulan mo kung tama ba o mali angsumampalataya sa Salita ng Diyos; hatulan mo kung "Dapat ba akongmaisilang na muli, o sumapi sa isang iglesia." Pagkatapos ay mag-uumpisa kanang . . . Humatol ka nang tama kapag sinabi ng mangangaral, "Lipas na angpanahon ng mga himala." Ang sabi ng Biblia, "Si Jesus ay Siya pa rin kahapon, ngayon atmagpakailanman." Ngayon, alin ang paniniwalaan mo? Kapag sinabi mong, "Tatanggapin koang sinabi ng Diyos." Ngayon, di mo sinasabi iyan para lang sabihin,"Buweno, tatanggapin ko," nang basta galing lang sa puso mo, "kundi maykung ano sa kalooban mo—ang pananampalataya mo ay nagpupursige.Hayan. Ang sabi ng pananampalataya mo, "Alam kong tulad pa rin Siya ngdati. Nasaksihan kong gayon pa rin Siya." Walang anumang makapag-aalisnito sa iyo. "Alam kong totoo Siya." Kung magkagayo'y idagdag mo iyan saiyong pananampalataya. Ipatong mo iyan sa pundasyon

71 Kita n'yo, umaakyat na kayo ngayon. Umaakyat na kayo patungo saKaharian, nakarating na kayo sa dakong ito, tama. Ang kasunod na sasabihin sa iyo ng mangangaral, at gayundin ngmaraming tao, "Itong mga nababasa ninyo sa Biblia ay para sa ibang panahon.Ngayon, sasabihin ko sa inyo kung bakit: sapagkat di na natin kailangan angmga bagay na iyan sa araw na ito. Hindi na natin iyan kailangan. Kita n'yo,hindi na dapat; di na dapat natin ginagwa pa ang mga bagay na iyan: angDivine healing; hindi n kami nagsasalita ng iba't ibang wika sa iglesia upangpanatiliing matuwid ang aming iglesia. Hindi na namin ito ginagawa."Darating tayo riyan; may Kasulatan akong isinulat dito tungkol diyan (Kitan'yo?), kung dapat pa bang gawin natin iyan o hindi na. Ngayon, ngunit sinabi niya dito, "Ewan ko, di na natin dapat ginagawaiyan sa araw na ito. Ang iniisip ko na lang na dapat nating gawin ay mag-araltayong magsalita nang wasto sa harap ng mga tao; dapat nating ipasuri ang isip natin sa isang psychiatrist upang makita kung kaya nating ipresenta ang atingmga sarili, kung sapat ang antas ng IQ natin upang magawa ito, at

iba pangtulad niyan. Sa palagay ko'y kami ang may hawak ng pinakamalalakingkongregasyon; itinatayo namin ang aming organisasyon."

72 Hindi tayo nagtatayo ng isang organisasyon. Hindi ako narito ngayongumaga upang magtayo ng isang organisasyon. Hindi ako isinugo ni Cristoupang magtayo ng organisasyon. Isinugo ako ni Cristo upang magtayo ng mgaindibiduwal hanggang maabot nila ang sukat ni Jesus Cristo nang sa gayon silaay maging bahay ng kapangyarihan . . . ? . . . tahanan ng Kaniyang Espiritu sapamamagitan ng Kaniyang Salita (A-ha.)—sa pamamagitan ng KaniyangSalita. Kita n'yo? Itayo ang indibiduwal tungo sa dakong iyon, hindi gawingmas dakilang denominasyon ang isang organisasyon, kundi itayo angindibiduwal, tungo sa pagiging mga anak na lalaki at babae ng Diyos. Iyanang tamang kaisipan. Kita n'yo, idagdag mo sa pananampalataya mo ang kapangyarihan; sakapangyarihan mo naman ay ang kaalaman. Buweno, ngayon, maykinahahantungan ka na.

73 Ngayon, kapag nagsimula silang magsabi, "Buweno, hindi natinkailangang tanggapin iyan sa araw na ito." Kailangan n'yo. Dapat. Hindimaaaring magsinungaling ang mga Kasulatan at, "Wala itong pansarilingpagpapaliwanag," ang sabi ng Biblia. Basta't sampalatayanan mo na langkung paano itong naisulat diyan. Kita n'yo, kailangan ninyong taglayin angmga bagay na ito. At ang tanging paraan upang mapasaiyo ang mga ito ay angmagkaroon ka ng kaalamang buhat sa Langit. At ang kaalamang buhat saLangit ay magbibindika sa Salita. Kita n'yo, kailangan mong sumampaltaya, di magkunwangsumasampalataya. Walang kunwari'y pagsampalataya sa mga ito. Kita n'yo,kung sasabihin mong, "Taglay ko na iyon . . ." Huwag kang maging ibong itimna naglalagay ng balahibo ng pabo (Kita n'yo?), sapagkat malalaglag ang mgaito. Hindi ito natural na tumubo; itinusok lang ang mga ito.

74 Naiisip ko ang sinabi ni David, sa Mga Awit 1, ang sabi niya, "Siya'ymagiging parang punong kahoy na itinanim sa siping ng mga agos ng tubig."Alam n'yo, may kaibahan ang itinanim at inilagay lamang, itinusok lamang.Tulad ng puno ng akasya, itinatanim ito, bumabaon at kumakapit. Angmunting patpat na nakatusok doon, hindi mo alam kung anong mangyayariroon: wala itong mga ugat; wala itong pundasyon. Kita n'yo? Tulad din iyanng mga taong galing sa isang seminary o kung anuman. Nakikita ba ninyo?Huwag kayong magkaroon niyan. "Buweno, inordina ako ni Doctor ganito-atganiyan sa ministeryo." Hindi mahalaga anuman iyon. Isinisilang ka roon ni Cristo (Kita n'yo?), sa pamamagitan ng iyong pananampalataya. Kita n'yo?Ipinanganganak ka't isinisilang doon. At matapos kang isilang doon, ito angmga bagay na inaasahan Niyang idaragdag mo. Bastat patuloy mo lang naidagdag ang mga ito. Ngayon, sunud-sunurin natin.

75 Ngayon, may isa pang bagay tungkol sa kaalamang ito na maaari natingipangusap: ang makadiyos na kaalaman. Kita n'yo? Naiwala na ba ng Bibliasa mga araw na ito ang kahulugan nito? Kita n'yo, napakaraming taongmagsasabi sa inyo niyan, na di naman talaga ganiyan ang ibig sabihin ngBiblia. Kung binabantayan ako ng Diyos, at itinutuwid ako sa akingkasalanan; kung anak ako ng Diyos, ginagawa Niya iyan. Ganiyan angginagawa Niya sa inyo. Mga anak na lalaki at [Patlang sa tape—Ed.]—atbabae, kapag may nagawa kayong kamalian, itinutuwid Niya kayo.Samakatuwid kung napaka particular ng Diyos tungkol sa inyo nabinabantayan Niya kayo at itinutuwid, gaano pa kaya sa Kaniyang Salita, nasiyang Halimbawa ninyo, na walang iba kundi Siya Mismo. "Nang pasimulaay ang Salita, at ang Salita ay sumasa Diyos, at ang Salita ay Diyos, at Siya aynagkatawang tao at nanahan sa kalagitnaan natin."

76 Ang Salita ay ang kapahayagan ni Jesus Cristo; ito ang sabi ng Biblia, siCristo ay naihahayag sa Kaniyang Salita. at kung binantayan Niya kayo, nangsalangsangin ninyo ang mga batas na ito, kinundina Niya kayo, gaano Niyakaya binantayan ang Sarili Niyang batas na kumukundina sa inyo? Amen . . .? . . . huwag mong sabihin iyan sa akin. Naniniwala ako sa tunay na kaalamanng Espiritu Santo. Palaging dudugtungan ng "Amen" ng kaalaman ng EspirituSanto ang Salita. Kapag nakasumpong kayo ng mga bagay na tila banagsasalungatan sa Biblia, maupo kayo at pag-aralan ninyo nang may lubos napananalangin; at mamamalayan n'yo na lang na pumapasok na ang EspirituSanto. Matapos ang ilang sandali makikita ninyong nagkakaugnay-ugnay angmga ito, at hayan nakuha na ninyo. Kita n'yo? Iyan ang kaalaman.

77 Ang sabi ng ilan sa kanila, "Buweno ngayon, sinabi ng Biblia na siya parin kahapon, ngayon, at magpakailan man." At sinasabi ng iglesia, "Sa isang banda Siya ay pareho pa rin." Ay, ay.Naku, hindi, binali mo na kaagad diyan. Kita n'yo? Siyanga po. Hindi po,Siya ay pareho pa rin. Siyanga po. Si Jesus Cristo ay siya pa rin kahapon,ngayon, at magpakailan man. Walang anumang pagbabago sa Kaniya.Nananahan Siya sa Kaniyang iglesia at ginagawa Niya ang gayon ding mgabagay. "Kaunti pang panahon," tulad ng sinipi ko kanina, "Kaunti pang panahonat din a Ako makikita ng sanlibutan, ngunit makikita niyo Ako." Sapagkat angsabi Niya, "Sasa inyo Ako, mananahan pa nga Ako sa inyo, hanggang sa katapusan ng sanlibutan." Sinabi rin Niya, "Ang mga gawang ginagawa Ko aygagawin din naman ninyo." Muli ay sinabi Niya, "Ako ang puno ng ubas;kayo ang mga sanga." At ang sanga ay nabubuhay lamang sa buhay ng puno.Anuman ang nasa puno ay lumalabas sa sanga. Luwalhati. Kung gayon, angdi pagbabago ni Cristo kahapon, ngayon, at magpakailan man ay nagbubungang Buhay ng Panginoong Jesus Cristo. Amen.

78 Hindi makamundong kaalaman, ito'y nangangatuwiran. Ang anumang uring makamundong kaalaman ay nangangatuwiran. Kita n'yo, ngunit angpananampalataya ay walang pangangatuwiran. Kapag inihayag sa iyo ngDiyos na may isang bagay na magaganap, maaaring sabihin ng bawatsiyentipiko sa mundo na salungat ito, hindi ito mangyayari; paniniwalaan mopa rin ito. Siyanga po. Di ito nangangatuwiran. Sinabi ng Biblia na iwaksi natin angmga pangangatuwiran. Di ka nangangatuwiran sa pananampalataya. Walangpangangatuwiran ang pananampalataya; alam ng pananampalataya kung saansiya naroroon. Ang pananananampalataya ay gumagawa. Ang pananampalatayaay nangungunyapit. Di ito maaaring matinag. Walang maaaring tuminag dito.Di mahalaga sa akin anuman ang sabihin nito, niyan o ng iba pa; di itonatitinag ng kaunti man. Nakapirmi ito. Maghintay man ng maghintay, walaitong anuman, nakapirmi ito. Sinabi ng Diyos kay Noeng magaganap ang ganitong mga bagay;sinampalatayanan niya iyon. Kita n'yo? Sinabi ng Diyos kay Moises namagaganap ang ganitong mga bagay; sinampalatayanan niya iyon. Sinabi ngDiyos sa mga alagad na may mga bagay na magaganap; umahon kayo sa arawng Pentecostes at maghintay; nanatili sila roon. Siyanga po.

79 Tama nga, kaalaman. Ngayon, hindi makamundong kaalaman, kundimakalangit na kaalaman. At makalangit na kaalaman, dahil ang Diyos angbukal ng lahat ng kaalaman, at ang Diyos ay ang Salita, kung mayroon kangmakalangit na kaalaman, sasampalataya ka sa Salita, ang lahat aypinangangatuwiranan mo sa pamamagitan ng Salita. Ang kasong ito hinggil sa buwis na kinasasangkutan ng iglesia, okinasasangkutan ko, isa sa mga kalalakihan minsan sa isang maliit na paglilitisang sabi sa akin, ang sabi, . . . Ang sabi ko, "Buweno, kung walang anumangproblema, ba't di mo na lang ako lubayan?" kita n'yo?

80 Binaggit niya sa akin ang tungkol sa ilang mga Kasulatan. Ang sabi niya,napakalaking tao at may hawak na sigarilyo, ang sabi niya, "Mr. Branham, isaakong mag-aaral ng Biblia." Ang sabi ko, "Nagagalak akong marinig iyan." Ang sabi niya, "Ngayon, nais kong malaman kung ano'ng pamahiin ito.Naniningil ka para sa panyong ipinamimigay mo, ang pamahiing iyon ngpananalangin sa panyo at ipinamimigay mo, ang mga pinahirang tela kungtawagin mo, mga tela." Ang sabi niya, "Pagkatapos, naniningil ka para sa mga iyon." Ang sabi ko, "Hindi po, wala po iyong bayad." At ang sabi niya, "Buweno, tungkol sa pamahiing ito . . ." Ang sabi ko, "Tinatawag n'yo po iyong pamahiin? Sinabi ninyo sa akinkanina na isa kayong mag-aaral ng Biblia." Ang sabi niya, "Gayon nga."

81 Ang sabi ko, "Sipiin ninyo sa akin ang Mga Gawa 19:11." Kaalaman,sinukol niya ang sarili niya, sinubukan niyang baguhin ang paksa. Ang sabiko, "Kung gayon ay sipiin ninyo sa akin ang Juan 5:14." Di niya magawa.Ang sabi ko, "Pagkatapos ay ang Santiago 5:14, di niya magawa." Ang sabiko, "alam mo ba ang Juan 3:16?" kita n'yo, marunong sa mundo, ngunitpagdatin sa . . . Ang sabi niya, "Ngunit Mr. Branham, nililitis mo ang kasong ito sapamamagitan ng isang Biblia. Nililitis namin ito sa pamamagitan ng batas ngbayan." Ang sabi ko, "Ginoo, dip o ba't ang batas ng bayan ay nakabatay saBiblia? Kung gayo'y hustisya ito." Amen.

82 Siyanga, kaalaman, di makamundo, kundi espirituwal na kaalaman saSalita, nalalaman kung anong sinabi ng Diyos. Tama. At kung taglay mo iyanat kaya mong sampalatayanan ang lahat ng mga ito na pareho pa rin Siya salahat ng mga bagay na hinahayag ng Salitang totoo, dudugtungan mo angbawat isa nito ng "Amen." Tama nga. Idagdag mo iyan sa iyongpananampalataya. Tama nga iyan. Siyanga, kung may magsasabi sa iyo na nawalan na ng kapangyarihan angBiblia, na walang bautismo ng Espiritu Santo (A-ha.), huwag mong idagdagiyan. Hindi ito uubra. Mahuhulog ito, gaya ng pag nagpatong ka ng putik saisang bato; hindi ito makapananatili. Guguho ito.

83 Pagkatapos ay sasabihin sa iyo ng mga tao, "Di na ngayonmapagkakatiwalaan ang Biblia. Mag-ingat ka. Huwag kang maging . . . Hindina ito mapagkakatiwa . . ." Dati n'yo nang narinig iyan. Mumunting sabisabi: "Di mo mapagkakatiwalaan ang Biblia." Buweno, kung iyan ang nasaisip mo, huwag mo itong subukang idagdag, 'pagkat di ito uubra. Diyanmismo ay guguho na ang buong gusali. Kinakailangang masementuhan siya ng Espiritu Santo; ang ibig kong sabihin ay mapagdikit, ang semento angnagseselyo nito. At ang nagseselyo rin dito ay . . . Alam n'yo kung paanongang isang binulkanisang goma sa tuwina ay mas nagtatagal kaysa sa isangidinidikit lamang na panagpi, kapag naiinitan ang tagpi ng gulong,mamamalayan mo na lang kapag nag-init ng kaunit ang gulong, at tumakbo kang mabilis-bilis, malulusaw iyon. Opo. Kita n'yo? At iyon ang problema sa maraming mga tao sa araw naito: sinusubukan nilang itagpi ang kaalaman nila, kaalamang makamundo, sapamamagitan ng isang makamundong pandikit. At kapag dumating ang mgapagsubok, "Aba, marahil ay nagkamali ako." Kita n'yo? At sisingaw anghangin; plat ka na sa loob lamang ng ilang sandali. Lahat ng iyong pagsigawat paglulundag ay di nakatulong sa iyo. Makikita kang muli ng mga tao sadating lusak na kinaroroonan mo. Kita n'yo? Tama. Ngunit kung mananatilika nang may sapat na init ng Espiritu Santo hanggang sa ikaw at ang Goma aymagsanib, iyon na nga. Ikaw at ang Goma ay naging magkaisa. Kapagnanatili ka hanggang sa ikaw, at bawat pangako ng Diyos ay magkaisa, kungmagkagayo'y idagdag mo iyan sa iyong pananampalataya. Kung hindi ayhuwag na huwag mo itong idaragdag.

84 Sasabihin mo, "Di mapagkakatiwalaan ang Salita." Huwag mongsubukang idagdag iyan. Kung sinasabi mong, "Ang mga pangakong ito ngbautismo ng Espiritu Santo ay para lamang sa labindalawang alagad,"

tulad ngsinasabi ng ilang iglesia sa araw na ito; huwag mong subukang idagdag iyan.Diyan gumuguho ang pundasyon nila. Tulad ni Uzziah kagabi, nang makita niyang gumuho ang pundasyon nglalaking ito na kaniyang pinagtiwalaan, nagkaketong siya. Wala iyongkuwenta. Ngayon, "Para lang daw iyon sa labindalawang apostol, salabindalawang apostol lang."

85 Naroon ako kina Brothet Wright (Sa pakiwari ko'y nariyan sila sa likuran.)minsan isang gabi, at may isang ministrong naroroon. Nakatakda akongmagsalita, sampu ng apat o lima pag mangangaral. Tumayo ang magangaralna ito at nagsabi, "Ngayon, may nais akong sabihin sa inyo mga minamahal.Naku, sa palagay ko'y mabubuti kayong mga tao." Ang sabi ko - may pinagsabihan ako, ang sabi ko, "Iyon yaong isangnakaupo roon; masdan mo." Kaya si Junior Jackson, na nariyan sa likod,katatapos pa lamang niyang magsalita, at ang sabi niya - nangusap siyatungkol sa biyaya ng Diyos. Ay, naku, inip na inip na siya sa paghihintay. At tumayo siya roon at nagpipilit, nagsasabing, "Ngayon, nais kongsabihin na itong si Mr. Branham, sasabihin ko sa inyo, ay isang anticristo," atnagpasimula siya ng gayon sa buong gabing iyon. At ilan sa mga mangangaral ay susugod na; ang sabi ko, "Sandali lang;ngayon, huwag kayong magsalita ng anuman, mga kapatid. Iisa lang siya atmarami tayo." Ang sabi ko, "Hayaan n'yo lang muna siya; ako ang piniliniya." Gustong-gusto ko ring na ako ang magsalita, di ko alam kung anonggagawin ko. Kita n'yo?

86 Ang sabi niya, "Si Mr. Branham ay isang anticristo," at nagpatuloy siya sapagsasabi ng lahat, alam n'yo na tungkol sa . . . Ang sabi niya, "Mayroong . . .Isang bautismo ng Espiritu Santo," ang sabi pa, "Sinabi ng Biblia nalabindalawa lamang ang nakatanggap ng bautismo ng Espiritu Santo."Nangusap siya tunkol sa Divine healing, "Ang labindalawang apostol lamangang nagtaglay ng Divine healing." Ang sabi niya, "Nangungusap kami kungsaan nangungusap ang Biblia, at tahimik kami kung saan tahimik ang Biblia." Naghintay ako hanggang matapos siyang magsalita sa loob ng mgakalahating oras; ang sabi ko, "Sandali lang. Napakarami kong naisulat dito,"ang sabi ko, "Bigyan ninyo ako ng pagkakataong masagot ko ang ilan diyan."At nang makatayo ako ang sabi ko, "Sinabi ng ginoo na nangungusap siya, angkaniyang iglesia, kung saan nangungusap ang Biblia, at tumatahimik siya kungsaan ito ay tahimik. Saksi kayong lahat." "Oo." Ang sabi ko, "Ngayon, sinabi niya na labindalawa lang ang nakatanggapng Espiritu Santo. Ang sabi ng Biblia ko ay may sandaan at dalawampu saunang pagkakataon." Amen! Itapon ninyo ang ganiyang uri ng kaalaman. Nakikita ba ninyo?Na pinipilit niyang . . .

87 Ang sabi ko, "Kung gayo'y wari ko'y di natanggap ni Pablo ang EspirituSanto nang sabihin niyang natanggap niya." Kita n'yo? Ang sabi ko, "Doonsa . . . Nang humayo si Felipe at mangaral sa mga Samaritana, nabautismuhanlamang sila sa Ngalan ni Jesus; di pa napapasa kanila ang Espiritu Santo, atpinasundo nila sina Pedro at Juan upang patungan sila ng kamay, at napasakanila ang Espiritu Santo. Wari ko'y labindalawa lang." Ang sabi ko, "SaMga Gawa 10:49 nang si Pedro ay nasa ibabaw ng bahay at nakakita ngpangitain na nagpapapunta sa kaniya kina Cornelio, samantalangipinapangusap pa niya ang mga salitang ito, bumaba ang Espiritu Santo sa mganakikinig sa Salita." Ang sabi ko, "Nangungusap pa rin ang Biblia; nasaan naang iglesia mo?" Naiwanan na iyon. Siyanga. Kita n'yo? Ang sabi ko,"Tungkol sa Divine healing, sinabi mong ang labindalawang apostol lang angnagtaglay ng Divine healing. Ang sabi ng Biblia si Esteban ay nagpunta saSamaria at nagpalayas ng mga demonyo, at nagpagaling ng mga maysakit, atnagkaroon ng malaking kagalakan sa lunsod na iyon, at di siya kabilang salabindlawa. Hindi siya apostol; isa siyang diyakuno." Amen, amen.

88 Kung si Pablo ay di kabilang sa labindalawang nasa mataas na silid, atmayroon siyang kaloob ng pagpapagaling . . . Ang sabi ko, "Tingnan mo langang mga kaloob ng pagpapagaling. At hanggang makaraan ang tatlumpungtaon, nag-oordina pa rin siya sa mga taga Corinto ng kaloob ng pagpapagalingsa Katawan." Nakita n'yo ba iyon? Ngayon, mabuti pang ibasura na lang ninyo ang ganiyang uri ngkaalamang natutunan ninyo sa kung anong aklat. Lumapit kayo sakarunungang ito. Kapag sinabi ng Diyos, "Siya'y pareho pa rin kahapon,ngayon at magpakailanman," sabihin n'yo, "Amen." Opo. Opo. Hindi itopara sa labindalawa, ito'y para sa lahat. Kapag nakakuha ka ng ganiyang uring pananampalatyaa—kapag dinurugtungan ng pananampalataya mo angbawat bahagi nito ng "Amen," kung magkagayo'y, "Mabuti," idagdag moiyan.

89 Ikaapat . . . (Kakailanganin nating magmadali sapagkat ako'y sadyang . . .)Sadyang napakasarap ng pakiramdam ng tumatayo rito at mangusap tungkoldito . . . ? . . . Siyanga. Ikaapat (Salamat), idagdag ninyo ang pagpipigil. Aynaku. Dumating na tayo sa pagpipigil. Ngayon, nagkaroon muna kayo ngpananampalatay. Kailangang taglayin ninyo iyan sa pasimula. Pagkatapos ayidagdag ninyo ang kapangyarihan sa inyong pananampalataya, kung ito aytamang uri ng kapangyarihan. Pagkatapos ay idagdag ninyo ang kaalaman,kung ito ay tamang uri ng kaalaman. Ngayon, idagdag ninyo ang pagpipigil. Ang pagpipigil ay di nangangahulugang: pagtigil sa pag-inom ng alak.Hindi, hindi. Ang pagpipigil ay di nangangahulugang paggaling sa pigginglasenggo, hindi sa kasong ito. Ito ay pagpipigil na ayon sa Biblia, pagpipigilna ayon sa Espiritu Santo. Isa lang iyan sa mga pita ng laman. Ngunit angpinag-uusapan natin ay tungkol sa pagpipigil na ayon sa Espiritu Santo. Angibig sabihin nito ay kung paano mo pipigilan ang dila mo, at huwag magingmadaldal; kung paano mo pipigilan ang galit mo, na hindi ka mapipikon satuwing may magsasalita ng salungat sa iyo. Ay, naku. Naku, marami sa atinang mahuhulog bago pa tayo makapagsimula, di ba? Kita n'yo? Pagkataposay nagtataka tayo kung bakit di gumagawa ang Diyos ng

mga himala at mgabagay-bagay na dati-rati Niyang ginagawa.

90 Opo. Kita n'yo, idagdag ninyo ang mga bagay na ito. Idagdag ninyo angpagpipigil dito. Oh . . . Kung paanong sumagot nang may kagandahang-loob kapag napagsalitaan ka nang may galit. Pag may nagsabing, "Kayong luponng mga holy-roller." Huwag kang lumabas at magtiklop ng manggas mo. Kitan'yo? Hindi ganiyan, kundi magsalita ka ng may makadiyos na pag-ibig.Pagpipigil, kabutihang-loob, gusto ba ninyong magkaganiyan? Kapag iniinis kayo, huwag kayong gumanti. Siya ang inyong magingHalimbawa. Nang sabihin nila, "Kung ikaw nga ang Anak ng Diyos, gawinMong tinapay ang mga batong ito," kaya Niyang gawin iyon at ipakitangDiyos Siya; subalit mayroon Siyang pagpipigil. Nang Siya'y tawagin nilangBeelzebub, ang sabi Niya, "Pinatatawad Ko kayo." Tama ba? Humaklot silang mga balbas sa Kaniyang mukha, at nagsabi, "Bumaba Ka sa krus." Angsabi Niya, "Ama. Patawarin Mo sila; di nila nalalaman ang ginagawa nila."

91 Samantalang taglay Niya ang kaloob . . . Alam Niya ang lahat ng mgabagay, sapagkat nananahan sa Kaniya ang Kapuspusan ng Pagkadiyos sakahayagan ayon sa laman. Nakita nilang gumawa Siya ng mga himala sapamamagitan ng pagsasabi sa mga tao kung anong problema nila, at iba pangtulad niyon. Tinalukbungan nila ng basahan ang moukha Niya nang ganiyan,tinakpan ang mga mata Niya, at hinampas ang ulo Niya ng patpat, at ang sabi,"Manghula Ka; sabihin Mo sa amin kung sinong humampas sa Iyo." Kitan'yo? May pagpipigil Siya. Ngayon, kung ito'y taglay mo nang gayon, idagdag mo ito sa iyongpananampalataya. Kung ikaw ay napipikon pa rin at sumasagot ng pabalangbalang, at nakikipagtalo, at nagngingitngit, at nagwawala. Aha. Wala ka pang. . . di mo maidragdag iyan, 'pagkat di maaari. Kita n'yo, di ito maibubulkanays. Hindi ka maaaring kumuha ng isangpirasong goma, alam n'yo na, at ibulkanays ito sa isang pirasong bakal.Sadyang di ito uubra. Hindi, kailangan itong maging sunod-sunuran tulad nggoma. Kita n'yo? At kapag ang pananampalataya mo at ang pagpipigil mo aynaging kauri na ng pagpipigil ng Espiritu Santong taglay Niya, kungmagkagayo'y maibubulkanays na ito sa Kaniya. Naidagdag ka na rito.

92 Kapag ang kagalingan mo'y tulad na ng kagalingan Niya, kungmagkagayo'y maidaragdag na ito. Kapag ang kaalaman mo'y tulad na ngkaalaman Niya, "Naparito Ako upang gawin ang kalooban Mo, o Diyos." . . .Sa pamamagitan ng Salita ng Ama ay ginapi Niya ang bawat diyablo. Anglangit at lupa ay lilipas ngunit ang Salita Niya ay di lilipas. Kita n'yo, kapagmayroon kang ganiyang uri ng kaalaman, maibubulkanays ito sapananampalataya mo. Kapag taglay mo na ang tamang uri ng pagpipigil, tuladng taglay Niya; ito ay maibubulkanays. Kung wala ka nito—gawa-gawa lang,hilaw, burong paniniwala, o pagpipigil, "Oh, dapat sampalin ko siya, ngunit—ngunit marahil ay mabuti pang huwag na lang, 'pagkat baka madiyaryo pa ang pangalan ko dahil doon." Di iyan ang uri ng pagpipigil na sinasabi Niya.Huwag mong subukang idagdag iyan; di iyan uubra. Ngunit kapag talagangkaya mo, sa kagiliwan ng puso mong patawarin ang bawat tao, at ika'ymanahimik; hinahayaan mo na lang na ito'y lumipas (Kita n'yo?), kunggayo'y maibubulkanays ito. Maaari mo iyang idagdag sa pananampalatay mo.Huh. Di nakapagtatakang kapos na kapos ang iglesia. Tama ba? Di katakataka.

93 Kapag sinabi ko, "Magsisi at magpabautismo, sabi sa Bibilia, sa Ngalan niJesus Cristo," at isang istriktong Trinitarian na di naniniwala riyan, aymagsasabi, "Ang anticristong iyon; isa siyang Jesus' Name; isa siyang Jesusonly." Mag-ingat ka, bata. Duda ako sa pananampalatay mo ngayon. Kitan'yo? Ba't di ka lumipat at magsabing, "Pag-usapan natin ito, Brother Branham.Nais kong marinig na naipapaliwanag ito." Kita n'yo? Kung gayo'y pumaritoka at pakinggan mo; at kung magkagayo'y naihaharap ito sa iyo, at pagkataposay lalayuan mo, pupun—tayo riyan sa kabanalan sa loob ng ilang sandali. Ngunit kapag napikon ka, gusto mong tumalon sa bawat konklusyon, a-ha,hindi iyan 'yon. Kita n'yo? Wala ka pang pagpipigil na ayon sa Biblia kapagginawa mo iyan. Kung paano ba dapat sumagot. At kung taglay mo na anglahat ng ito, maaari mo na itong idagdag sa iyong pananampalataya.

94 At pagkatapos niyan, ikaapat, kailangan niyong idagdag ang pagtitiis sainyong pananampalataya. "Kung mayroon kayong pananampalataya,gumagawa ito ng pagtitiis," ayon sa Bibli. Kita n'yo? Kaya nga ito aypagtitiis. Ngayon, iyan ang kasunod na bagay na magpapalaki sa imaheng ito.Alam ninyo, may tunay na materyales ang Diyos sa Kaniyang gusali. Nakikitan'yo ba kung gaano tayo kakapos, mga kapatid? Kita n'yo, kita n'yo?Nakikita n'yo ba kung bakit, kung saan tayo naroroon? Opo. Kita n'yo,mayroon tayong pagpupuri; mayroon kayong sigawan, at mga bagaybagay,sapagkat mayroon tayong pananampalataya; ngunit pagdating natin sa mgabagay na ito, hindi tayo maitayo ng Diyos tungo sa imaheng iyon. Kita n'yo?Hindi Niya tayo mapaabot sa gayong lugar. Taglay natin ang ibang mga bagayna ito ngunit dumadausdos naman tayong kasama nito. Kita n'yo? Di Niyamaitayo ang iglesia Niya.

95 Pagtitiis sa ano? Anong uri ng pagtitiis? Ang una ay magkaroon ngpagtitiis sa Diyos. Kung may tunay kang pananampalataya, magkakaroon kang tunay na pagtitiis, sapagkat ang pananampalataya ay gumagawa ngpagtitiis. Kapag nagsabi ang Diyos ng anumang bagay, sinasampalatayananmo ito. Iyon lang. May pagtitiis ka. Sasabihin mo, "Aba, hiniling ko sa Kaniyakagabi na pagalingin Niya ako, at di ako umigi ngayong umaga." Ay, naku. Anong pagtitiis. Pinangakuan ng Diyos si Abraham, at matapos angdalawampu't limang taon, wala ni isa mang tanda nito; ito'y sinampalatayananNiya pa rin. Naging matiisin siya sa Diyos.Ilagay mo Siya palagi sa unahan mo. Hayaan mong Siya ang maging kasunodna

tatawirin mo. Di mo Siya kayang tawirin, kaya panatilihin mo na lang Siyasa unahan mo. "Iyon ang sabi Niya, at ito'y mangyayari." Kita n 'yo?Panatilihin mo Siya sa unahan mo. Tama.

96 May pagtitiis si Noe. Siyanga. Si Noe ay may tunay na makadiyos napagtitiis. Sinabi ng Diyos, "Gugunawin Ko ang mundong ito sa pamamagitanng ulan," at nangaral si Noe sa loob ng sandaan at dalawampung taon tungkolrito: matinding pagtitiis, wala man lang hamog na pumatak mula sa langit.Walang kahit anuman. Maalikabok pa rin tulad ng dati sa loob ng sandaan atdalawampung taon, ngunit naging matiisin siya.At susubukin ng Diyos ang pagtitiis ninyo. Tama. Sinubok sila ng Diyos.Matapos Niyang sabihin kay Noe . . . Ngayon, ang sabi Niya, ''Noe, nais Kongpumasok na kayo sa arka. Papupuntahin Ko na roon ang mga hayop. At gustoKong pumasok ka na, umakyat ka na sa hagdanan, upang makadungaw ka sabintanang nasa ibabaw. Gusto Kong pumasok ka na ngayon. Gusto kongsabihin mo sa mga tao: 'Bukas, magaganap na ang ipinangaral ko sa loob ngsandaan at dalawampung taon.' Sige, pumaroon ka at sabihin mo sa kanila."Ano ang unang tanda? Pumasok si Noe sa arka: walang ulan.

97 Naghanda si Noe, at kinuha niya ang kapote at iba pa upang makadungawsiya paminsan-minsan, naghanda na siya. Ngunit kinabukasan marahil aysinabihan niya ang kaniyang mag-anak, at ang kaniyang mga. manugang, atlahat sila ay nagsabi, "Ay, naku, bukas makakikita kayo ng isang bagay na din'yo pa nakita kailanman, sapagkat magdidilim ang buong kalangitan, kukulogat kikidlat. Hahaginit ang malaking espada ng Diyos sa kalangitan. HahatulanNiya ang lupon ng mga makasalanang ito na tumanggi sa atin sa loob ngsandaan at dalawampung taon. Magmatiyag lang kayo at makikita n'yo."Kita n'yo, ilan sa mga hilaw na mananampalataya, alam n'yo na, paali-aligidlamang sila at di pumapasok, alam n'yo na . . . Mayroon pa ring mga ganiyan,alam n'yo. Kaya lumapit sila at nagsabi, "Aba, marahil tama ang matandanglalaking iyon, kaya't pumunta tayo roon at maghihintay ng ilang araw, o kaya'yng ilang oras kinaumagahan at makikita natin."

98 Kinabukasan, sa halip na maitim na ulap, ang araw ay sumikat tulad ngdati. Dumungaw si Noe. Ang sabi, "Ay, walang ulap." Lumapit ang lalakingiyon at nagsabi, "Ah, alam kong isa ka sa kanila. Nakikita kitang aali-aligiddito." "Buweno, ipagpaumanhin n'yo po, ha-ha; marahil ay na—na—naano langako—alam n'yo na, naengganyo lamang ako; alam n'yo na, medyo . . . Ha-haha."Ngunit si Noe, may pagtitiis siya, ang sabi niya, "Kung di ito dumatingsa araw na ito, bukas ito darating." Tama. Bakit? Sinabi ng Diyos."Kailan Niya sinabi iyan sa iyo, Noe?" "Sandaan at dalawampung taon na ang nakalilipas. Nakaabot na ako rito,kaya maghihintay na lang ako rito ngayon." Kita n'yo, matapos ang ilangpanahon makikita nating ganito na rin kalayo ang narating ng Diyos sapaghihintay sa iglesia, ngunit ito'y darating; huwag kayong mag-alala. Iyon ayipinangako Niya. Naghintay na tayo sa mga nagdaang panahong ito para saisang pagkabuhay na mag-uli. Darating ito, huwag kayong mag-alala.Ipinangako ito ng Diyos. Maghintay lang kayo ng may pagtitiis. Ito'y .

99 Kung makatulog ka, hindi ito . . . Maaaring makaidlip ka bago itomangyari, ngunit magigising ka sa oras na iyon; ipinangako Niya iyon.Nakikita n'yo ba? Ang tinatawag nating idlip ng kamatayan . . . Alam n'yo, angtinatawag nating kamatayan ay isa lamang maiksing idlip, o pagtulog kayCristo. Walang kamatayan kay Cristo. Ang Buhay at kamatayan ay dinagsasama. Kita n 'yo? Umiidlip lang tayo, isang idlip na kung saa'y di tayomaaaring tawagin ng ating mga kaibigan. Siya lang ang makatatawag sa atin."Tatawag Siya at ako ay tutugon sa Kaniya," ang sabi ni Job. Apat na libongtaon na ngayong natutulog si Job. Huwag kayong mag-alala, magigising siya.Huwag kayong mag-alala, naghihintay pa rin siya.

100 Naghintay si Noe; makaraan ang ikaapat na araw: wala pa ring ulan. Ayoslang iyon; iyon ay magaganap. Parang naririnig kong lumapit si Gng. Noe atnagsabi, "Pa, sigurado ka ba?""Huwag kang magsalita ng ganiyan." May pagtitiis siya 'pagkat mayroonsiyang pananampalataya. Opo. Mayroon siyang kagalingan. Mayroon siyangkaalaman na tama ang Diyos. Mayroon siyang pagpipigil; di siya napikon atnagsabi, "Buweno, ewan ko kung para saan nga ba ang lahat ng mga ito.Nawala nang lahat ang popularidad ko sa labas." Hindi, hindi. "Di na akopinakikialaman ng mga tao. Lalabas ako at muling magpapasimula." Hindi,hindi. Mayroon siyang pagtitiis. Ipinangako iyon ng Diyos; tutuparin iyon ngDiyos. Tutuparin iyon ng Diyos sapagkat sinabi Niya.

101 Parang nakikini-kinita kong lumapit ang anak niyang lalaki at nagsabi,"Tay, alam mo . . ." (Hinahaplos ang mahaba niyang puting buhok, alam n'yona, at daan-daang taong gulang na siya, alam n'yo na, at nakaupo roon.) Ang sabi, "Alam kong isa kang matanda nang patriyarka. Mahal kita, Itay, ngunitposible kayang nagkamali ka nang kaunti?""Ah, hindi, hindi.""Bakit?""Sinabi iyon ng Diyos." "Aba, itay, anim na araw na tayong naririto, sa malaking tuyong arkangito, na nakalapag dito. At may sahing ito sa loob at sa labas, at inabot tayo ngnapakaraming taon sa pagtatayo nito; at tumayo ka sa labas at nangaralhanggang mamutla ka na't mapanot, at heto ka ngayon na nagsasabi ng ganitoat-ganiyang bagay, at nagtatawanan ang mga tao at binabato nila ng mgabulok na kamatis ang gilid nito. Tingnan mo ang ginagawa mo. Aba alam mo .. ."Maging mapagtiis ka, anak."Tiyak ka ba?"Uulan."Ang sabi ng kaniyang manugang, "Itay, alam n'yo ako'y. . ."Uulan."Ngunit napakaraming taon na nating naghihintay; matagal na tayongnaghahanda, at sinabi n'yo sa aming uulan na nung nakaraang linggo. Atnaririto tayo,

sarado na ang mga pinto, at narito't palakad-lakad tayo rito, atang araw ay nakapapaso pa rin tulad ng dati.”“Ngunit uulan.”“Paano mo nalalaman?”“Sinabi ng Diyos.”

102 Ngayon, kapag ganiyan ka na, idagdag mo ito. Ngunit kung di ka paganiyan, huwag mo itong subukang idagdag. Hindi ito uubra. Di ito uubra sapagpapagaling; di ito uubra sa alin mang iba pa. Kita n'yo? Kinakailangannitong humalo sa materyales na pinagdidikitan nito. Tama. Kinakailangangidagdag mo ito: ang pagtitiis sa pangako ng Diyos. Opo. Sinampalatayananiyon ni Noe at nagkaroon siya ng pagtitiis sa Diyos sa loob ng sandaan atdalawampung taon.

103 Si Moises—nagkaroon siya ng pagtitiis sa Diyos. Opo. Ang sabi, “Moises,narinig Ko ang daing ng Aking bayan. Nakita Ko ang mga paghihirap nila.Mananaog Ako upang palayain sila. Isusugo Kita.” At nagkaroon ng kauntingsalungatan sa pagitan niya at ng Diyos, at ipanikita sa kaniya ng Diyos angKaniyang kaluwalhatian. Ang sabi niya, “Narito't hahayo na ako.” Minsan lang niya nakita ang kaluwalhatian ng Diyos (Kita n'yo?), nagkaroon na siya ngpananampalataya.Ang sabi Niya, “Ano iyang nasa kamay mo, Moises?”Ang sabi niya, “Isang tungkod.”Ang sabi Niya, “Ihagis mo sa lupa.”Naging ahas ito. Ang sabi niya, “Ay, naku.” Nagsimula siyang . . . Ang sabi Niya, “Damputin mo Moises. Kung kayaKo iyang gawing ahas, kaya Ko iyang ibalik sa dati.” Ahh. Amen. Kungbinigyan ako ng Diyos ng natural na buhay, kaya Niya akong bigyan ngespirituwal na Buhay. Kung nakaya akong bigyan ng unang kapanganakan ngDiyos, kaya Niya ring akong bigyan ng ikalawang kapanganakan. Amen.Kung kaya itong pagalingin ng Diyos sa pamamagitan ng Divine healing, kayaNiya itong banguning muli sa Kaniyang kaluwalhatian sa huling mga araw.Tama.“Kaya Kong ihagis ito sa lupa at gawing ahas; kaya Kong gawin itong tungkodmuli.”“Damputin mo ito sa buntot.” Iniunat ni Moises ang kaniyang kamay at ito'ydinampot niya; ito'y naging tungkod.Luwalhati. Nang magkagayo'y nagpasimula siyang magdagdag ng kaalaman.Kita n'yo?“Anong nangyari sa kamay mo, Moises?”“Wala po.” Ipasok mo sa iyong sinapupunan.“”Sige, ano na ang nangyari?“ Namuti sa ketong . . .”Oh, Panginoon, tingnan Mo ang kamay ko.“ ”Ibalik mo sa sinapupunan mo, Moises.“ Ibalik mo nang ganiyan, at ilabasmo tulad din ng . . . At sinimulan niyang idagdag ang mga iyon nang ganito.Kita n'yo? Opo.

104 Pumaroon siya, at natanggap niya ang unang pagsalungat. Lumantad siyaat nagsabi, “Sinabi ng Panginoong Diyos, 'Palayain mo ang bayan Ko.' Faraon,gusto kong malaman mo: naparito ako bilang kinatawan ng Diyos. Kailangangsundin mo ako.”Ang sabi ni Faraon, “Sundin? Kilala mo ba kung sino ako? Ako si Faraon.Sundin ka na isang alipin?”Ang sabi niya, “Susundin mo ako o mapapahamak ka. Gawin mo alin man anggusto mo.” Tama . . . ? . . . Bakit? Alam niya kung ano'ng sinasabi niya. May utos siya. Nanggaling siya roon; nakausap niya ang Diyos. Maypananampalataya siya. Alam niya kung saan siya naroroon.“Gusto mong sumunod ako sa iyo? Umalis ka rito.”“Ipapakita ko sa iyo.”“Pakitahan mo ako ng isang tanda.” Itinapon niya sa lupa ang isang tungkod:naging ahas.

105 “Aba,” ang sabi niya, “Mahinang klaseng pakulo ng salamangkero iyan . . .Halika sandali. Halikayo, Jannes at Jambres. Itapon ninyo sa lupa ang mgatungkod n'yo.” Itinapon nila ang mga ito, at naging mga ahas. Ang sabi,“Ngayon, ikaw na mahinang klase ay naparito sa akin, na isang Egipcio, isangFaraon ng Egypto, at naparito kang dala-dala ang ilan sa iyong mahinangklaseng pagsasalamangka.” Tulad ng ilan sa mga panlilinlang ninyo, alam n'yona, pagbasa ng isip. Alam n'yo kung anong ibig kong sabihin. Sana'y nababasa. . . ? . . .Mental telepathy o anuman. Nakikita n'yo ba? Siyanga. “Pumaritokang dala-dala ang ilan sa mga iyan.” Ang dagdag pa niya, “Kaya naminggayahin ang ginagawa mo.”Ano ba si Moises? Hindi niya sinabing, “Oh, Ginoong Faraon, ipagpaumanhinn'yo po. Magpapaalipin na lang po ako sa inyo.” Hindi po. Tumayo siya nangtahimik (Amen.), nanatili siya. Ang Diyos ang nagsabi; sadyang walang pagaalinlangan sa kaniyang puso. “Manahimik ka lang, may ipapakita Ako saiyo.”

106 Kapag lubusan mong tinupad ang ipinagagawa Niya sa iyo: at tila namali,tumahimik ka lang. Maging matiisin ka. Ang sabi ni Moises, “Alam mo, nangipatong ako sa pundasyong iyon, may ipinatong doon na pagtitiis, kayamaghihintay lang ako at titingnan ko kung anong gagawin ng Diyos.” Hayun ang mga ahas, pagapang-gapang, humuhuni at naggigirian. Biglana lang nilamon ng ahas ni Moises ang mga ito. Mayroon siyang pagtitiis.Ang naghihintay sa Diyos,Magpapanibagong lakas.Lilipad silang parang agila,(Tama ba? Kita n'yo? Iyan ay...)Tatakbo't di mapapagod,Hahayong masigla ...Kita n'yo, maghintay lang kayo sa Panginoon. Magtiis. Kita n'yo?

107 Opo. Kung gayon ay mailalabas nga ang Israel. Dumating na angmatinding pagbabaka at kinuha . . . Naghintay si Moises. At nagpunta siya sa ilang. Mga tatlo o apat na araw lang na paglalakbay iyon; apatnapung milyalamang ang layo niyon mula sa pinagtawiran niya, kung saan ay tumawidsilang muli. Ngunit si Moises ay naghintay ng apatnapung taon sa ilang.Pagtitiis. Amen. Tama. Naghintay siya ng apatnapung taon. Oh, siyanga po.

108 At dapat din nating pagtiisan ang isa't isa. Kita n'yo? Minsan masyadotayong nawawalan ng pasensya sa isa't isa. Iniisip nating dapat tayong magingtulad ni Moises. Pinagtiisan ni Moises ang mga tao. Tingnan n'yo—iyon angnaging dahilan kaya di sila nakatawid. Kung nagsisikap kang gumawa ngisang bagay . . . Tulad ng pagsisikap kong maiparating ang mensaheng ito saTabernakulo, upang makita kong magkaganito ang bawat miyembro ngTabernakulo. Mahirap itong gawin. Sinikap kong magkaroon ng

pagtitiis;tatlumpu't tatlong taon na ito (Kita n'yo?), magkaroon nawa kayo ng pagtitiis;magtiis lang kayo, maghintay. Nagpapaiksi pa rin ng buhok ang mgakababaihan. Ngunit magtiis lang kayo; magtiis lang kayo, at maghintay. Dapatnga. Kung wala kayo nito, huwag ninyong subuking patuloy na magtayohanggang dito. Magkaroon nawa kayo ng pagtitiis.

109 Kahit na nung minsang mawalan ng pasensya ang mapaghimagsik nalupon ng mga taong iyon na nagbunsod kay Moises sa isang kamalian . . .Ngunit gayunpaman nang humantong ito sa isang show down, nasuya angDiyos sa kanilang mga gawa. Ang sabi Niya, "Humiwalay ka sa kanila,Moises. Lilipulin ko silang lahat at magsisimula Ako nang panibago."Namagitan siya at nagsabi, "Diyos, huwag po." Ano iyon? Pagtitiis sa mgataong naghihimagsik laban sa kaniya.Magawa kaya natin iyon? Kung hindi, huwag ninyong subukang magtayo saibabaw nito, sapagkat di ito nagbabago, alam n'yo. Ganiyan naidikit ang unadito, at ganiyan dapat maidikit ang bawat isa mga ito. Kung hindi, di kayomakararating sa imahen ng pagiging tahanan ng buhay na Diyos. Wala kayongpagtitiis, pagtitiis sa isa't isa.

110 Tama, may pagtitiis ang mga anak na Hebreo. Siyanga. Ipinangako ngDiyos sa kanila, sinabihan Niya sila, "Huwag kayong yuyukod sa anumangimahin."Ngunit nagtiis sila, ang sabi, "May kakayanan ang Diyos namin. Ngunitgayunpaman, hindi kami yuyukod sa imahin ninyo." Kita n'yo? Pagtitiis,nalalaman niyang babangunin siya ng Diyos sa huling mga araw. Sa bagay, dinaman ganun kahalaga ang buhay na ito. Kita n'yo? "Babangunin itong muling Diyos sa huling mga araw. Ngunit pagdating sa pagyukod sa isang imahin,di namin iyon gagawin."''Ngayon, ibibigay namin kay Cesar ang para kay Cesar, ngunit kapagnakialam na si Cesar sa Diyos, una ang Diyos. Ang sabi ng Diyos, 'Huwagkayong yuyukod sa imahing iyon,' at di ko iyon gagawin. Kaya kaming iligtasng Diyos, at kung hindi Niya kami ililigtas, hindi pa rin ako yuyukod saimahing iyon."Ang sabi, "O sige, hayan ang hurno.""Buweno," ang sabi niya, "Oh, marahil ay uulan nang malakas ngayong gabi atmamamatay ang apoy nito," ngunit di iyon nangyari. Nagtiis pa rin sila.

111 Kinabukasan nang dalhin ito sa korte, aba'y nakaupo roon siNabukodonosor; ang sabi niya, "O sige, mga bata, handa na ba ninyongkilalanin ako bilang hari ninyo?""Opo, mabuhay ka, oh hari."''Ngayon, yumukod kayo sa imahin ko.""Ay, hindi.""Buweno, masusunog kayo. Matatalino kayong tao; marurunong kayo. Nagingmalaking tulong kayo sa amin. Naging pagpapala kayo sa aming kaharian. Din'yo ba naiintindihan na ayaw kong gawin ito, ngunit nakagawa na ako rito ngproklamasyon, at kailangan matupad ito. Ayaw ko kayong itapon doon. Naku,mga lalaki, ano bang problema n'yo?""Alam kong maganda iyang pakinggan, ngunit kaya kaming iligtas ng Diyosnamin. Ngunit gayunpaman . . ." May pagtitiis sila. Nagsimula na silangumakyat sa rampa, nagtinginan sila, "Ayos lang ba? Ayos lang. May pagtitiistayo." Humakbang sila ng isa, wala roon ang Diyos. .Dalawang hakbang, walaSiya roon. Tatlong hakbang, apat na hakbang, limang hakbang, nagpatuloylang sila; wala pa rin Siya roon; at humakbang sila papasok sa nagliliyab nahumo. Nagtiis sila; ngunit pumaroon Siya. Sapat lang ang apoy na tumama sakanila para masunog ang mga tali sa mga kamay at paa nila. At nangbumagsak sila sa ibaba ng hukay, naroon na Siya. Kita n'yo, nagtiis sila.

112 Si Daniel, gayon din, nagtiis siya. Aba'y siyanga. Ayaw niyang sumuko.Hindi po. Anong ginawa niya? Binuksan niya ang mga bintana at patuloysiyang nagdasal; kahilingan iyon ng Diyos. Nagtiis siya. Naghintay siya saDiyos, dahil alam niyang kayang tuparin ng Diyos ang Kaniyang Salita.Itinapon nila siya sa yungib ng mga leon; ang sabi, "Ipapakain ka namin samga leon."Ang sabi niya, "Ayos lang iyon." Nagtiis siya. Bakit? "Buweno, naghintay naako sa Diyos sa buong panahong ito. Kung kailangan kong maghintay ng ilan pang libong taon, magbabangon akong muli sa huling mga araw, kaya maypagtitiis ako; maghihintay na lang ako."Si Pablo ay nagtiis. Siyanga. Tingnan ninyo kung anong dinanas ni Pablo.

113 Kung pag-uusapan ang pagtitiis; paano naman ang mga tao nung panahonng Pentecostes? Hangga't mayroon silang utos. "Maghintay hanggang. (Kitan'yo?) Maghintay kayo hanggang masangkapan kayo ng kapangyarihan.""Gaano katagal?""Hindi katanungan ang kung gaano katagal." Basta't nasa kanila na ang sagot:"Maghintay hanggang." Nagsiakyat sila at nagsabi, "O sige, mga bata, marahilsa loob ng labinlimang minuto mula ngayon, lulukuban na tayo ng EspirituSanto, at magkakaroon na tayo ng ministeryo." Paglipas ng labinlimangminuto: wala. Lumipas ang isang araw, wala pa rin . . . Dalawa, tatlo, apat,lima, anim, pito . . . Marahil ilan sa kanila ay nagsabi, "Hoy, di kaya natanggapna natin iyon?""Hindi, hindi, hindi, hindi pa." Tama."Buti pa lumabas na kayo, mga bata."Ang sabi ng Diablo, "Alam n'yo, nakuha na ninyo ang kailangan n'yo.Magsimula na kayo ng ministeryo n'yo.""Hindi, hindi pa, di pa namin iyon nakukuha, sapagkat sinabi Niya, 'Daratingang isang . . . Kung ano'ng mangyayari sa huling mga araw. Sa pamamagitanng pautal-utal na labi at iba't ibang wika ay mangungusap ako sa bayang ito, atito ang kapahingahan, na Aking sinabi,''' Kita n'yo? Ang sabi ng Isaias 28: 19 .. . Ito na nga iyon. Matatanggap n'yo ito kapag . . . "Aba, malalaman natinkapag ito'y dumating na. Malalaman natin kapag ito'y dumating na. Malalamannatin. Ipinangako ito ng Ama." Naghintay sila roon ng siyam na araw, at nangikasampung araw . . . Ngayon, hayan. Nagtiis sila sa paghihintay.

114 Ngayon, kung mayroon kang ganiyang uri ng pagtitiis matapos kangbigyan ng Diyos ng isang pangako at nakikita mo ito sa Biblia, "Sa akin ito,"kung gayo'y maghintay ka. At kung mayroon ka nang ganiyang uri ngpagtitiis, idagdag mo ito sa iyong pananampalataya. Nakikita mo ba kunggaano ka na tumataas?

Umaakyat ka na rito ngayon. Tama. (Malayo na rin angnaiikot ng kamay ng orasan, di ba?)

115 Tama, idagdag mo iyon sa iyong pananampalataya, sa tuwina'y inilalagaymo Siya sa iyong unahan, tinatandaang Siya ang nangako. Hindi ako angnangako; hindi ang pastor ang nangako (ang ating Brother Neville); hindi kungsinong iba pang ministro ang nangako; hindi isang pare o papa, hindi ang sinuman sa mundo; ang Diyos ang nangako. At kayang tuparin ng Diyos angbawat ipinangako Niya.Tama. Kung taglay mo na ang ganiyang uri ng pananampalataya paramalamang ito nga ay ipinangako ng Diyos . . . Sasabihin mo, "BrotherBranham, may sakit ako. Kailangang-kailangan ko ang kagalingan."Tanggapin mo na. Isa itong kaloob na ibinigay sa iyo. Opo. Kung magagawamong sumampalataya, "Buweno," ang sabi mo, "Naniniwala nga ako." Kunggayo'y kalimutan mo na iyon. Iyon lang. Tapos na iyon. Kita n 'yo? Magtiis ka.Kung mayroon kang pagtitiis . . . Kung wala, guguho ka sa gusaling ito. Kitan'yo? Pababagsakin niyan ang iba pang bahagi nito. Kailangan mong taglayiniyan. Huwag mo itong idagdag, sapagkat wawasakin nito ang gusali mo. Kungwala kang pagtitiis, kung wala kang kagalingan na maidaragdag sa iyongpananampalataya na sinasabi mong taglay mo, at kung wala kangpananampalataya, at pagkatapos ay susubukan mong patungan ito ngkagalingan, paguguhuin nito ang pananampalataya mo. Kaya nga ang sabi mo,"Buweno ngayon, sandali lang. Marahil lahat ng ito ay isang pagkakamali.Marahil ang Diyos ay di naman talaga Diyos. Marahil ay walang Diyos." Kitan'yo, mabibiyak ito. Kita n'yo?

116 Ngunit kung mayroon kang tunay napananampalataya, patungan mo ito ngtunay na kaalaman, at ng tunay na pagpipigil, at ng tunay na pagtitiis. Kitan'yo, umaakyat ka na. Tama.Ikalima, idagdag ninyo ang kabanalan. Ay, naku. Kailangang maidagdag angkabanalan . . . Ano ba ang kahulugan ng kabanalan (godliness)? Tumingin akosa apat o limang diksyunaryo at di ko makita ang kahulugan nito. Sa wakas,nung naroroon ako kina Brother Jefferies; nakita namin sa isang diksyunaryo.Ang ibig sabihin ng "godliness" ay "ang maging tulad ng Diyos."'Yun pala. Matapos mong magkaroon ng pananampalataya, kagalingan,kaalaman, pagpipigil, pagtitiis, pagkatapos ay dapat kang maging tulad ngDiyos. Huh. Sasabihin mo, "Hindi ko kaya iyon, Brother Branham." Naku,kaya mo. Hayaan n'yong basabin ko sa inyo ang ilang Kasulatan dito sandali:Mateo 5:48. Kukunin natin ang isang ito at tingnan natin kung anong ibigsabihin: Mateo 5:48, at tingnan n'yo kung dapat nga kayong maging tulad ngDiyos. Alam ninyo ang sabi ng Biblia, "Kayo ay mga diyos." Sinabi iyon niJesus. Bakit? Lahat ng kagalingan . . . Lahat ng nasa Diyos ay nasa sa inyo rin.Mateo 5:48, "Kayo nga'y magpaka . . . (Nangangaral si Jesus ng beatitude.)"Kayo nga'y magpaka (p-e-r-f-e-c-t, ano iyon?) sakdal, na gaya ng inyongAma sa kalangitan na sakdal." Nakaakyat na muna kayo rito at saka ninyodapat gawin iyan. Lahat ng mga bagay na ito ay kinakailangang maidagdagmuna. At kapag nakaakyat na kayo rito, hinihiling na Niya sa inyo na magpakasakdal kayo, maging makadiyos, mga anak na lalaki at babae ngDiyos. Tama. Napakarami kong masasabi hinggil diyan.

117 Buksan natin sa Efeso 4 at alamin natin kung ano rin ang sinasabi sa aklatng Efeso tungkol sa bagay na ito, kung ano'ng dapat nating maging kalagayan.Ika-apat na kabanata ng Efeso at simula sa ika-12 talata. Efeso 4 at mula saika-12 talata. Tama, simulan natin dito sa ika-11 talata.At pinagkalooban niya ang mga iba na maging mga apostol; ang mga iba'ypropeta; . . . (Alalahanin ninyo kagabi: huwag mong kukunin ang opisina ngibang tao. Kita n'yo?) . . . at ang mga iba'y evanghelista; at ang mga iba'ypastor at mga guro;Sa ikasasakdal ng . . . (Diyos . . . Ganoon ba iyon mababasa? Sa ikasasakdalng ano? Mga banal. Sino ang mga banal? Ang mga pinaging banal, ang mganagsimula rito sa ibaba.) . . . ikasasakdal ng mga banal, sa gawaingpaglilingkod: . . .(Ang ministeryo ni Jesus Cristo) . . . sa ikatitibay ng katawan ni Cristo: (Saikatitibay, pagpapatatag, pinatitibay . . .)Hang—hanggang sa abutin nating lahat ang pagkakaisa ng pananampalataya,at ang pagkakilala sa Anak ng Diyos, hanggang sa lubos na paglaki ng tao, . .. (Hanggang sa katiyakan, ay, naku.) . . . hanggang sa sukat ngpangangatawan ng kapuspusan ni Cristo:

118 Sakdal, kinakailangan ang kabanalan. Kinakailangang idagdag mo sapananampalataya mo ang kabanalan. Kita n'yo, nagsimula ka rito sa ibaba sakagalingan, pagkatapos ay pumunta ka sa kaalaman; pagkatapos ay pumuntaka sa pagpipigil; pagkatapos ay pumunta ka sa pagtitiis; ngayon nasakabanalan ka na—kabanalan. Ay, naku, tumatakbo ang oras natin, nakikita ko.Ngunit alam ninyo na kung anong kahulugan ng pagkamakadiyos. Inaawitninyo ang awiting ito:Tulad ni Cristo,Tulad ni Cristo;Tanging ito ang hangad ko.Sa paglalakbayHanggang sa Langit,Tanging ito ang hangad ko.Iyan ang pagkamakadiyos. Nang sampalin Siya sa isang pisngi, iniharap Niyaang kabila. Nang pagsalitaan Siya nang magaspang, hindi Siya nagsalita; hindiSiya gumanti (Kita n'yo?), makadiyos, laging inaasam ang isang bagay. "Lagi Kong ginagawa yaong nakalulugod sa Ama." Amen. Siyanga po. Sa tuwina:iyan ang pagkamakadiyos.

119 Kita n'yo, pagkagaling ninyo rito, patungo dito, dito, dito, dito, dito;ngayon ay papunta na kayo sa kapuspusan ng sukat ng isang anak ng Diyos.Ngunit kinakailangang taglayin ninyo ito, sampu ng lahat ng ito. At ni hindikayo makapagsisimula hanggat di ninyo nakukuha ito. Ngayon, naaalala n'yoba 'yung ibong itim na may pakpak ng pabo? Huwag n'yo siyang kalilimutan.Kita n'yo? Huwag ninyo itong idagdag hanggat di pa kayo talaga naisisilang namuli, 'pagkat di iyon uubra. Sadya lang . . . Hindi mo magagawa. Aabot iyondito, o kaya'y dito; ngunit guguho iyon kung saan. Ngunit kapag umabot karito sa pagiging tunay na isinilang na muling kalapati, kung magkagayo'y hindika na magdaragdag ng anuman. Ito na ang

magdaragdag sa iyo, (Kita n'yo?)paakyat.

120 Tama. Papasok na tayo ngayon sa kasakdalan . . . Tama. At ang ikaanim,ang sabi rito ng Biblia, idagdag daw natin ang pag-ibig sa kapatid—mabutingkalooban sa kapatid. Tama. Pagdating natin diyan, sa mabuting kalooban sakapatid, ilagay mo ang sarili mo sa lugar niya sa bagay na ito. Ngayon,sasabihin mo, "Nagkasala sa akin ang kapatid ko," ang sabi ni Pedro,"Patatawarin ko ba siya?" Ang sabi niya, "Pitong beses ba sa isang araw?"Ang sabi Niya, "Makapitumpung pito." Kita n'yo, mabuting kalooban sakapatid. Ngayon, kita ninyo, kung wala sa tono ang isang kapatid, huwag kangmawalan ng pasensya sa kaniya. Kita n'yo? Huwag. Kita n'yo? Maging mabaitka sa kaniya. Puntahan mo pa rin siya.

121 May nagsabi di pa katagalan, ang sabi, "Paano mo nagagawangpaniwalaan nang ganiyan ang mga bagay na ito at pagkatapos ay nagpupuntaka pa rin sa Assemblies of God, at sa Oneness, at sa lahat ng iba pa sa kanila?Buweno, kita n'yo, mabuting kalooban sa kapatid (Kita n'yo?), umaasangdarating ang isang araw. Kita n'yo? Pagtitiis sa kaniya (Kita n'yo?), pagpipigil,pinagtitiisan mo siya, may kaalaman ka upang unawain kung ano angpinaniniwalaan niya. At alalahanin, nasa puso niya ito. Iyon nga iyon; maykagalingan ka sa iyong sarili na palampasin ito nang may kabutihang loob,may kaamuan sa kaniya; sumasampalatayang isang araw ay papapasukin siyang Diyos. Kita n'yo? Mabuting kalooban sa kapatid, ang ikapitong bagay. Isa,dalawa, tatlo, apat, lima, anim, pito. Kita n'yo? Pitong bagay.Pagkatapos . . . ngayon, parating na kayo. Ang kasunod ay ang idagdag ninyoang pag-ibig, na walang iba kundi pagmamahal. Iyan ang pangtakip na bato.Isa sa mga araw na ito sa iglesia . . .

122 Ngayon, pakiusap, maipaalam nawa sa tape at saan man, hindi ko itinuturobilang isang doktrina ang anumang sasabihin ko ngayon. Ngunit nais ko langipakita sa inyo, sa tulong ng Diyos, kung ano talaga ito, na ang unang Bibliangisinulat ng Diyos ay ang Zodiac sa kalangitan. Nagsisimula ito sa isang birhen.Nagtatapos ito sa Leong leon. At pagdating ko sa Ikaanim at Ikapitong Tatak,malalaman n'yo na nang mabuksan ang isa pang Tatak na iyon, ang tatakZodiac ng dakong iyon ay cancer, ang krus na isda. Iyon ang cancer age nahayag na ngayong kinabubuhayan natin. At ang sumunod nang mapunit angtatak, nahayag si Leong leon, ang ikalawang pagdating ni Cristo. DumatingSiya nung una sa pamamagitan ng birhen; darating Siya sa susunod bilangLeong leon. Dadalhin ko ito sa pamamagitan ng mga bagay na ito . . . Ngayon,di ko alam kung magkakaroon ako ng oras ngayong umaga: sisikapin ko saabot ng aking makakaya na maipakita sa inyong ang mga baitang na ito aykaparehong-kapareho ng mga nasa pyramid, ang ikalawang Biblia na isinulatng Diyos. Isinulat ni Enoch ang mga ito at inilagay niya sa isang pyramid.

123 At ang ikatlo (Ang Diyos sa tuwina ay nasasakdal sa ikatlo.) ayginawang Salita ng Diyos ang Kaniyang Sarili. Heto. Ngayon, alalahanin, sapyramid . . . (Palagay ko marami sa inyong mga sundalo at iba pa aynakapunta na sa Egypt.) Ang pyramid ay walang takip: simula't sapul ay walanga. Ang—ang Bato ay Scone at lahat ng iba pang naroroon, ngunit gayunman. . .Kung mayroon kayong isang dolyar na papel sa pitaka ninyo, kung ito aytitingnan ninyo, makikita ninyo sa kanang bahagi na mayroon itong isang agilakatabi ng watawat ng America. At ang sabi, "Ang Tatak ng Estados Unidos."Sa kabilang banda naman ay mayroon itong isang pyramid na may isangnapakalaking batong pantakip at isang mata ng tao; ang sabi sa gawing ito,"Ang Dakilang Tatak." Buweno kung isa itong dakilang bansa, bakit hindi paang dakilang tatak na ito ang maging tatak ng ating bansa? Pinapagpatotoo silang Diyos saan man sila magpunta.

124 Kausap ko minsan ang isang duktor at binabatikos niya ako nang hustotungkol sa Divine healing. Nakatayo kami sa kalsada. Ang sabi niya, "Mr.Branham, nililito mo lang ang mga tao." Ang sabi, "Walang pagpapagaling,maliban sa pamamagitan ng mga manggagamot."Tamang-tamang napalingon ako't napatingin sa tanda na nasa kaniyang kotse,mayroon itong ahas na nasa poste. Ang sabi ko, "Mabuti pa tanggalin mo naang tandang iyon sa kotse mo kung gayon, sapagkat ang tanda mo aynagpapatotoo na ang Diyos ay isang Tagapagpagaling." Ang isang tunay naduktor ay naniniwala riyan. Ang mga albolaryo. Opo. Ang ahas na nasa poste,itinaas ni Moises ang ahas na nasa poste at nagsabing, "Ako ang Panginoon na nagpapagaling ng lahat ng inyong karamdaman," at tumingin sila sa ahas naiyon para sa Divine healing. At gayunpaman pinamamalian nila ito; ngunit angtanda nila ay nagpapatotoo laban sa kanila. Huh.

125 Naririnig nating nag-aangkin ang ating bansa ng iba't ibang bagay, atpinagtatawanan ang ganitong mga bagay, samantalang ang sarili nilang pera,ang kanilang pananalapi ay nagpapatotoong ang Selyo ng buong sansinukubanay ang Diyos. Nakikita ba ninyo ang matang iyan na nakatayo sa ibabaw niyonsa dolyar na iyan? Iyan ang dakilang Selyo. Di ito kailanman naipatong sapyramid. Hindi nila maunawaan. Bakit? Ang Batong pantakip ay itinakwil,ang Ulo, si Cristo. Ngunit darating ito isang araw.

126 Ngayon, sa pagtatayo ng kagalingan, sa pagtatayo ng monumentong ito, sapagtatayo ng istatuwang ito (Kita n'yo?), nagsimula ito na ang pundasyongkinasasaligan ay pananampalataya, kagalingan, kaalaman, pagpipigil, pagtitiis,kabanalan, mabuting kalooban sa kapatid. Ngayon, anong dapat nitong gawin?Kung gayo'y hinihintay ng mga ito ang Pangulong Bato na walang iba kundiang pag-ibig; sapagkat ang Diyos ay pag-ibig, at Siya ang namamahala, at Siyaang Lakas ng bawat isa sa mga

bagay na ito. Opo. Itong naririto. Itong naririto.Kita n'yo, isiningit ko iyon sa pagitan ng lahat ng mga gawang naririto, at hetomay mumunting mga alon na lumalabas. Ano iyan? Iyan ay ang EspirituSantong bumababa sa pamamagitan ni Cristo (Kita n'yo?), ang Espiritu Santo.Nasa ibabaw ng lahat ng ito ang Espiritu Santo, pinagdidikit ito, nagtatayo ngano? Isang sakdal na iglesiang matatakpan ng batong pantakip. Ano nga uliang ginawa nito? Naipamalas Ito sa pitong kapanahunan ng iglesia at pitongmensahero ng iglesia.

127 Nagsimula ito rito. Saan ba unang naitatag ang iglesia? Saan ba unangnaitatag ang iglesiang Pentecostal? Sa Efeso sa pamamagitan ni San Pablo, angtala ng kapanahunan ng iglesiang Efeso, Efeso. Ang ikalawang kapanahunanng iglesia ay ang Smyrna, kagalingan: si Irenaeus, ang dakilang lalaki nanagtaguyod ng Ebanghelyo ni Pablo. Ang sumunod na kapanahunan ng iglesiaay ang Pergamo. Na siyang . . . Si Martin ang dakilang lalaking nanatili. Pablo,Irenaeus, Martin, at sa Tiyatira ay dumating si Columba, dumating doon angmadilim na kapanahunan, at pagkatapos ay dumating ang Sardis, na ang ibigsabihin ay kamatayan: Luther. Alleluia. Anong sumunod doon? Ano angsumunod na dumating? Pagkatapos ng Sardis, Luther. At dumating naman angFiladelfia: pagkamakadiyos: Wesley, kabanalan. "Ang matuwid ay mabubuhaysa pamamagitan ng pananampalataya," ang wika ni Luther, angpagpapakabanal sa pamamagitan ni Wesley, pagkatapos ay dumating namanang mabuting kalooban sa kapatid sa Laodicea. At naniniwala tayong dadaanan ang buong lupain ng dakilang mensahe ng ikalawang paglitaw niElias sa huling mga araw.

128 Heto, pitong kapanahunan ng iglesia, pitong baitang, ang pagtatayo ngDiyos ng Kaniyang iglesia ay tulad sa pagpasok ng isang tao sa isangindibiduwal—papasok sa Kaniya. Ang kaluwalhatian, ang kapangyarihan ngDiyos ay dumadaan sa kabuuan nito, pinagdidikit-dikit ito. Pinalabas ng mgaPentecostal ang mga Lutheran, pinalabas ang mga Wesleyan at iba pa—di nilaalam ang kanilang sinasabi. Nakikita n'yo ba, nabuhay sila sa bahaging ito ngtemplo. Ganiyan umaakyat sa gayong kataas ang ilang mga tao at pagkataposay nahuhulog. Ngunit may tunay na bahagi yang patuloy na bumubuo nggusaling iyon. Sige, "Magpapanumbalik Ako," ang sabi ng Panginoon.Naaalala n'yo ba ang—ang "Punong Nobya"? Naaalala n'yo ba ang sermontungkol sa "Punong Nobya"? Kinain nila ito, ngunit ito'y tinabasan Niya.Nagkaroon ito ng mga sangang makadenominasyon; pinutol Niya ang mga ito.Nagtayo sila ng ibang iglesia: mga makadenominasyong sanga; pinutol Niyaang mga ito. Ngunit ang pinakaubod ng punong iyon ay nagpatuloy sa paglaki.Pagsapit ng gabi ay magliliwanag. Kita n'yo, diyan darating si Cristo, angEspiritu Santo. Si Jesus ay mananaog at pupuwesto sa Ulunan ng iglesia sapagkakataong iyon, at ibabangon Niyang muli ang iglesiang ito bilang SariliNiyang katawan. Nariyan ang katawan, at ang paraan ng paglaking inaasahanNiya sa atin bilang indibiduwal ay tulad din ng pagpapalaki Niya sa Kaniyangiglesia. Mula sa bawat kapanahunan ng iglesia, nagiging isa itong malakingiglesia.

129 Kita n'yo, di hiniling sa mga taong ito kung anong hiniling sa mga taongito. Di hiniling dito kung anong hiniling dito. Kita n'yo, ngunit sa gayongparaan din Niya pinalaki ang Kaniyang iglesia. Pinalaki Niya ang Kaniyangiglesia tulad ng pagpapalaki Niya sa Kaniyang mga tao. At sinasabi rito niPedro na una muna (pitong bagay) ang pananampalataya, kagalingan, (Kitan'yo, paakyat), kaalaman, pagpipigil, pagtitiis, kabanalan, pag-ibig sa kapatid,mabuting kalooban sa kapatid at pagkatapos ay ang pag-ibig ng Diyos, angEspiritu Santo. Si Cristo sa Persona ng Espiritu Santo na lumulukob sa iyo satunay na bautismo ng Espiritu Santo, at naselyuhan na ang lahat ng mgakatangiang ito sa iyong kalooban, at nakatira na ang Diyos sa isangtabemakulo na ang tawag ay gusali, ang buhay na Tabemakulo, ang tahanan ngbuhay na Diyos.

130 Kapag taglay ng isang tao ang ganitong uri ng mga bagay, lulukuban siyang Espiritu Santo. Kahit na magsalita ka ng iba't ibang wika; maaari monggayahin ang alin mang kaloob na mayroon ang Diyos. Maaari mong gawiniyon, ngunit malibang pumasok sa iyo ang mga katangiang ito, wala ka pa rin sa tunay na pundasyon ng pananampalataya. Ngunit kapag ang mgakatangiang ito ay lumaki sa kalooban mo, sa pagkaragdag mo ng ganiyan saganiyan, kung magkagayo'y isa ka nang buhay na monumento. Isa ka nangnabubuhay at kumikilos na idolo.Ngunit alam n'yo, ang mga hiteno: nagpapatirapa sila sa harap ng isang idolo(likhang-isip na diyos); at sa isang likhang-isip na paraan ay naniniwala silangsinasagot sila ng likhang-isip na diyos na iyon. Iyan ay hitenismo.Iyan ay Romanismo. Yumuyukod sila sa lahat ng uri ng mga santo at iba pa.Mayroon silang Santa Cecilia, bahay ng diyos, at marami pang iba't ibangbagay na ganiyan; yumuyukod sila roon at sa katunayan ay naniniwala silaroon sa isang likhang-isip na paraan. Napakagandang tipo ng tunay na buhayna Diyos.

131 Ngunit kapag tayo, hindi sa likhang-isip na pamamaraan, kundi kapagnagpapatirapa tayo sa harap ng isang tunay na buhay na Diyos, isang buhay nakagalingan, isang buhay na kaalaman, isang buhay na pagtitiis, isang buhay nakabanalan, isang buhay na kapangyarihan, na dumarating sa pamamagitan ngbuhay na Diyos at ginagawang buhay na larawan ang buhay na tao, angmonumento ng Diyos, anong ginagawa Niya? Kapareho ng ginawa ni Jesus,lumalakad ng tulad ni Jesus, ginagawa ang kaparehong mga bagay na ginawani Jesus; sapagkat di ito isang likhang-isip na bagay. May katotohanangnagpapatunay dito.Nakikita n'yo ba ang ibig kong sabihin? Nakikita n'yo ba kung paanong tumiposa mga mensahero ng mga iglesia at sa mga kapanahunan ng mga iglesia angmga materyales na ito sa pagtatayo?Ngayon, isa

sa mga araw na ito ay tatalakayin natin ang bawat isa sa mgasalitang ito at pag-aaralan natin at ipapakita nating iyon nga ay nagpapatunaydito, Magkakalakip ang mga ito. Siyanga. Kita n'yo? Ay, naku, napakagandang(Kita n'yo?) makita kung anong nagagawa nito.

132 Ngayon, iyan ang bahay na pinananahanan ng Diyos, hindi isang gusali namay malaking kampana sa tuktok nito at isang mataas na tore (Kita n 'yo?),kundi, "isang katawan ang inihanda Mo sa Akin," isang katawan na maaaringpanahanan ng Diyos, lakaran ng Diyos, kakitahan ng Diyos, pagsalitaan ngDiyos, kilusan ng Diyos (Amen.), buhay na kasangkapan ng Diyos.Lumalakad ang Diyos sa iyo sa dalawang paa. Luwalhati. "Ang lakad ngmatuwid ay isinasaayos ng Diyos," lumalakad ang Diyos sa inyo, sapagkatkayo ay mga sulat na binabasa ng lahat ng tao. At kung ang Buhay na nakayCristo ay nasa inyo, mamumunga kayo ng Buhay na tinaglay ni Cristo.

133 Tulad ng lagi kong sinasabi: Alisin mo ang katas sa isang puno ng peach,at kung maisasalin mo ito sa isang puno ng mansanas, mamumunga ng peachang puno ng mansanas na iyon. Siyanga, tiyak na tiyak. Kahit ano pang itsurang mga sanga, may katas ito ng puno ng mansanas (Kita n'yo?),o kunganumang puno iyon. Kita n'yo? Kung aalisin mo ang buhay sa puno ngmansanas, kung aalisin mo itong lahat at pagkatapos ay bibigyan mo ito ng"sap transfusion," at isasalin mo ang katas ng puno ng peach sa puno ngmansanas hanggang sa ito ay matuyo, anong mangyayari? Di na itomamumunga pa ng peach. Kita n'yo? Hindi na po. Hindi na. . . Kung angbuhay ng puno pala ng peach, ang ibig kong sabihin, ay maisalin sa puno ngmansanas,di na ito mamumunga ng mansanas. Mamumunga ito ng mga peach(Kita n'yo, kita n'yo?), nasa loob na nito ang buhay.

134 Buweno, kunin nating halimbawa ang ating mga sarili, isa lamang iyangkalabasang gubat, isang knothead (Kita n'yo?), at walang anuman sa atin,sapagkat lahat tayo'y dating patay sa kasalanan at pagsalangsang. Lahat tayo'ynasa ganitong kundisyon; at maaari rin tayong magpatirapa, magsuko ng atingmga sarili, hanggang sa kunin ng Diyos ang Kaniyang tubong panalin, angNgalan ni Jesus Cristo ("pagkat walang iba pang Pangalan sa silong ng Langitna ikaliligtas ng tao) at isalin ang Buhay ni Cristo sa atin, kung magkagayo'ymapapasaatin na ang ganitong uri ng pananampalataya, angpananampalatayang tinaglay ni Cristo. At ang pananampalataya ni Cristo ay dinakabase sa mga Fariseo o Saduceong iyon,o sa mga palayok, takure, at kawalinila, at sa kanilang mga paghuhugas. Lubos iyong nakasalig sa Salita ng Diyos(Amen.) hanggang naging si Cristo na ang Salita. Ang Salita ay nahayag salaman. At kung lubos tayong masasalinan ng Kaniyang Kapangyarihan, attayo'y nangamatay na sa ating mga sariling kaisipan, at nagingpananampalatayang tunay ang pananampalataya natin (Alleluia.), kungmagkagayo'y naisalin na sa atin ang Buhay ni Cristo; naging mga buhay natayong nilalang ng Diyos, isang tahanang mapagpapadalhan ng Diyos ngKaniyang mga nagniningning na pagpapala, at nasa larawan na tayo ni Cristo.

135 Ang sabi ni Jesus, "hindi ba't nakasulat . . . Hinahatulan ninyo Ako dahilsinasabi kong Ako ang Anak ng Diyos? Di ba't nasusulat na kayo ay mgadiyos. Di ba't sinasabi iyan ng inyong kautusan?" Tulad ni Moises; tulad niElias; tulad ng mga propetang namuhay nang napakalapit sa Diyos, nanagawang isalin ng Diyos ang Kaniyang Sarili sa kanila, at nang magsalitasila, hindi sila mismo ang nagsalita, kundi ang Diyos. "Huwag ninyongalalahanin kung anong dapat ninyong sabihin 'pagkat di kayo ang magsasalita,kundi ang Ama na nananahan sa inyo; Siya ang magsasalita." Ang mga salitaniya ay di sa kaniyang sarili, sapagkat ang buhay niya'y—patay na siya.

136 Kung mamamatay ka, inaalis ang dugo sa isang tao. Iniimbalsamo siya.Ang problema nito ay, marami sa kanila ang di naiimbalsamo. Kita n'yo?Alisin mo ang dugo ng isang tao, wala na siya. Ang magagawa mo na lang aylagyan siya ng ibang dugo kung nais mo siyang mabuhay muli; inalis mo naang dugo niya. At ngayon ay isasalin natin ang Dugo ni Jesus Cristo. Kitan'yo? At iyan ang naghahatid ng pananampalataya ni Jesus Cristo, ngkagalingan ni Jesus Cristo, ng kaalaman ni Jesus Cristo, ng pagpipigil ni JesusCristo, ng pagtitiis ni Jesus Cristo, ng kabanalan ni Jesus Cristo, ng mabutingkalooban ni Jesus Cristo, at ng pag-ibig ng Diyos na walang iba kundi si JesusCristo. Siya ang Ulo na kumukontrol sa iyo. At ang mga paa mo angpundasyon, pananampalataya. Amen. Kinukontrol ng Ulo, kinukuha ang mgatao . . . ? . . . Hayan na nga. Hayan ang sakdal na tao ng Diyos kapag taglay naniya ang mga katangiang ito.

137 At ang Diyos, ipinakikilala Niya ang Kaniyang iglesia bilang isang Nobya,isang babae . . . Ipinakikilala ng Diyos ang Kaniyang iglesia bilang isangNobya. At kung paanong inihahatid Niya ang bawat indibiduwal tungo sapagiging anak Niya at upang maging bahagi ng Nobyang iyon, pinadaan dinNiya ang Kaniyang Nobya sa mga kapanahunang ito hanggang sa maihatidNiya rito ang isang kumpletong iglesia.Gumagalaw ang mga paa ko. Bakit? Sapagkat sinabi ng ulo ko. Ngayon, dimakagagalaw iyon tulad ng kamay ko, sapagkat paa ko iyon. Di magagawa niLuther ang mga bagay na ginawa natin; maging ng mga Metodista man,sapagkat iba sila. Kita n'yo, gumagalaw ang mga paa sapagkat sinasabi ng ulo.At kailanman ay di sinasabi ng ulo, "Ngayon, mga paa, maging mga kamay ka.Tainga, maging mata ka." Kita n'yo? Ngunit sa bawat kapanahunan ay inilagayng Diyos ang mga bagay na ito sa Kaniyang iglesia, at tinularan iyon sapamamagitan ng pagpapakitang nagtataglay ng mga katangiang ito ang bawatindibiduwal. At kapag nakumpleto na ang "personang" ito, siya na ang iglesiang Diyos na aagawin. At ang "personang" ito, kapag nakumpleto na ay isanang lingkod ng Diyos sa Kaniyang iglesia na sasama sa pag-agaw.

Luwalhati.Nakikita n'yo ba ang ibig kong sabihin? Hayan. Hayan ang kabuuan.

138 Dumating ang isang lalaki, si Pablo, na siyang naglatag ng pundasyon.Sinimulang ibuhos ito ni Irenaeus sa ibabaw nito; ang kasunod naman ay ito;ang kasunod ay ito; ang kasunod ay iyan, at iyan, at iyan, sunod-sunodhangang dumating sa huling kapanahunan. Ngunit ano iyon? Iisang Espiritu.Ang Espiritung nananahan sa akin na nagsasabi, "Kamay, abutin mo anglalagyang iyan," ay siya ring Espiritu na nagsasabi, "Paa, humakbang ka."Nakikita n'yo ba ang ibig kong sabihin? Kung magkagayo'y napamamahalaan at nakokontrol na ang buong pagkataomo ng mga bagay na ito. Ngunit di ita lubusang makokontrol malibangtaglayin mo nang lubusan ang mga katangiang ito.

139 Narinig n'yo na ba ito? Ngayon, hayaan n'yong sabihin ko ito sa inyo, atmanatili kayong —pakinggan ninyo ito nang husto. Kita n'yo? Pinakamatibayang kadena sa pinakamarupok nitong dugtungan. Tama ba? Sintibay lang itong pinakamarupok nitong dugtungan. Gaano man katibay ang pagkakatayonito, kung mayroon itong marupok na dugtungan, doon siya magigiba. Atsintibay lang ito ng pinakamarupok na dugtungang iyon.Ngayon, kung taglay mo . . . Sinasabi mong mayroon ka nito, nito, nito; walaka naman nito, diyan iyan magigiba. Kung mayroon ka nito at wala ka namanniyan, magigiba ito. Mayroon ka nga nito at wala ka naman nito, magigiba ito.Mayroon ka nito at wala ka naman nito, magigiba ito. Kita n'yo? At di itomaaaring mapasaiyo kung wala ito. Kaya kapag isinuko mo ang buongpagkatao mo, kung magkagayo'y sadyang aagos sa iyo ang Espiritu Santo saanyo ng mga katangiang ito. Kung magkagayo'y isa ka nang buhay natabemakulo.Kung magkagayo'y dudungaw ang mga tao at magsasabi, "Iyon ay isang taongpuspos ng kagalingan, kaalaman, sumasampalataya sa Salita, puspos ngpagpipigil, pagtitiis, kabanalan, may mabuting kalooban sa kapatid, puspos ngpag-ibig ng Espiritu Santo, na nagpapalakad-Iakad." Ano iyon? Isang bantayogna maaaring tingnan ng mga di sumasampalataya at sabihin, "Hayun ang isangCristiano. Hayun ang lalaki o babaeng nalalaman kung ano ang kaniyangsinasabi. Wala pa kayong nakitang taong kasing bait, kasing giliw, kasingmakadiyos niya."

140 Selyado ka na. Ang isang selyo ay nakikita sa magkabilang gilid. Paalis kaman o parating, nakikita nila ang selyo. Hayan. Kita n'yo? Kapag taglay na itong isang lalaki o babae, papanaog ang Capstone at sila'y seselyuhan saKaharian ng Diyos na walang iba kundi ang Espiritu Santo.Kung magkagayo'y mula rito, pinamamalas ng Salita ang Kaniyang Sarili, sabawat taong ito (Kita n'yo?), at ginagawang tabemakulo ng buhay na Diyosang buong pagkatao nito, isang lumalakad, at buhay na ehemplo ngCristianismo.Kung ano si Cristo, gayon din ang mga taong ito, sapagkat ang Buhay Niya aynaririto; sila ay na kay Cristo, at ang buhay nila ay patay at nakatago na kayCristo sa pamamagitan ng Diyos, at selyado na ng Espiritu Santo: I Corinto 12.Tama. Kita n'yo? Itinuturing mong patay na ang iyong sarili. Kung gayo'yisinilang ka na ng pananampalataya, at ng kagalingan, at ng iba pang mga bagay na ito na idinaragdag sa iyo hanggang maging isa kang ganap nalarawang buhay ng Diyos.

141 Di ba't napakaganda niyan? At ang Diyos, sa pamamagitan niyan, aynaghatid din ng pitong kapanahunan ng iglesia upang ipakita ang pitongbaitang na pinagdaanan Niya sa pagtatayo ng Kaniyang mga indibiduwaltungo sa Kaniyang larawan. Nagtayo siya ng isang buong iglesia sa Kaniyanglarawan. At sa pagkabuhay na mag-uli ang buong Katawang ito ay ibabangonNiya upang mamuhay sa piling Niya magpakailanman, sapagkat isa siyangNobya. Kita n'yo? Kaya tumatagpas iyan sa bawat kapanahunan, bawatkapanahunang dumarating. At alalahanin n'yo, mas marami ang hinihilingngayon. Alalahanin ninyo ang sinasabi ni Pablo sa Hebreo 11. Hayaan ninyongbasahan ko kayo ng isang bagay bago tayo magtapos sa isang sandali, atpagkatapos kayo ay . . . Parang nag-iiba ang pakiramdam mo kapag—satuwing babasahin ko ito. Kukunin ko ang Hebreo 11, at magsisimula ako saika-32 talata. Ano pa . . . ano pa ang aking sasabihin? Sapagkat kukulangin ako ngpanahon kung sasaysayin ko ang tungkol kay Gideon, kay Barak, at . . .Samson, at—at . . . kay Jefte; tungkol kay David . . ., at kay Samuel, . . . samga propeta:Na ang mga ito, sa pamamagitan ng pananampalataya'y nagsilupig ng mgakaharian, nagsigawa ng katuwiran, nangagtamo ng mga pangako,nangagtikom ng mga bibig ng mga leon,Nagsipatay ng bisa ng apoy, nangakatanan sa talim ng tabak, at nagsilakas sakahinaan, naging mga makapangyarihan sa pakikipagbaka, nangagpaurong . .. mga hukbong taga ibang lupa.Tinanggap ng mga babae ang kanilang mga patay: . . . ang iba'y nangamataysa hampas, na hindi tinanggap ang kanilang katubusan; upang kamtin nilaang lalong mabuting pagkabuhay na muli: (Dito sa ibaba. Kita n'yo? Tama.)At ang iba'y nangagkaroon ng pagsubok sa . . . pagkalibak . . . pagkahampas,oo, bukod dito'y . . . sa mga tanikala at bilangguan naman:Sila'y pinagbabato, pinaglalagari, pinagtutukso, pinagpapatay sa tabak: silaynagsilakad na paroo't parito na may balat ng mga tupa't kambing: na mgasalat, nangapipighati, tinatampalasan;(Na sa mga yaon ay di karapatdapat ang sanglibutan:) . . . (Kita n'yo,nakapanaklong, mapapansin ninyo riyan sa inyong Biblia.) . . . nangaliligaw samga ilang at sa mga kabundukan at sa mga yungib at sa mga lungga ng lupa. astang tupa,‟ at kahit ano pa ang kaya mong gawin, kailangan mong magingtupa upang magkaroon ka ng balahibong tupa.Ang lahat ng mga ito . . . nang sila'y mapatotohanan na dahil sa kanilangpananampalataya, ay hindi kinamtan ang pangako: (Kita n'yo?)Na ipinaghanda ng Dios ng lalong mabuting bagay tungkol sa atin, upangsila'y huwag maging sakdal ng bukod sa atin.

142 Nakuha ba ninyo? Ang mga taong namatay dito ay umaasa at naghihintaysa atin. Kaya kailangang

dumating ang iglesiang ito sa kasakdalan upangmaghatid ng pagkabuhay na muli, at ang mga kaluluwang nasa silong ngdambana ay naghihintay na masakdal ang iglesiang ito.Ngunit kapag dumating na si Cristo . . . At ang iglesiang ito (Nakikita n'yoba?), ay pakitid nang pakitid dahil sa kakauntian. (Mas matulis iyon kaysariyan, ngunit para lamang maisulat ko ang krus na iyan diyan. Kita n'yo?)Umabot na ito sa tulis ng karayom hanggang sa ang iglesia sa minorya aydapat nang humantong sa pagkakaroon ng isang ministeryong kauri ng iniwanNito. Sapagkat kapag nagbalik ang Pangulong Batong ito . . . Mayroon Itongbulsa rito na sasalpakan nito sa isang karaniwang pyramid. Hindi lang ito bastaisang takip na lumalapag sa ibabaw; mayroon itong munting kuwelyo. Atkinakailangang nitong sumalpak doon sapagkat ito ang nagpapaagos ng tubig.At kapag Ito ay dumating na, kinakailangang mahasa ang iglesiang ito.Magkakalapat nang husto ang iba pang bato ng pyramid na di mo mapapadaanang labaha sa pagitan ng mga ito, tone-tonelada ang kanilang bigat. Di nilamalaman kung paanong naiangat ang mga iyon, ngunit sila'y naitayo.At kapag dumating na dito sa tuktok ang Takip ng pyramid, dapat ay nahasa naang mismong pyramid, ang Katawan ni Cristo, hindi lamang ng kung anongkredo, o doktrina, o kung anong pinagdaanan natin. Dapat Itong magingkatulad na katulad ni Cristo na kapag dumating Siya, Siya at ang ministeryo aymaglalapat nang husto. Pagkatapos ay darating na ang pag-agaw, ang pag-uwi.

143 Tingnan ninyo kung saan na tayo nabubuhay ngayon: sa Laodicea, nasiyang pinaka malalang kapanahunang dinanas ng iglesia. Nalaman natin saBiblia na ito ang tanging kapanahunan ng iglesia kung saan ang Diyos ay nasalabas ng iglesia, kumakatok, nagsisikap na makabalik sa Kaniyang Sarilinggusali. Itinaboy Siya ng mga kredo at denominasyon palabas ng KaniyangSariling iglesia. "Narito, Ako ay nakatayo sa pinto at kumakatok. Sinuman angmauhaw at magbukas ng pinto, papasok Ako at hahapong kasalo niya." Kitan'yo?Dito iyon sa kapanahunan ng iglesiang ito, unti-unti nila Siyang itinaboy,hanggang pagdating dito ay lubos na nila Siyang pinalayas. Ayaw na nilangmagkaroon ng anumang kinalaman dito.Ngayon, nakikita n'yo na kung saan tayo patungo sa araw na ito. Maging angdulo ng kapanahunan ng iglesiang Laodicea ay naging napakapormal na, na itoat ang Catolisismo (na siyang nagwasak dito sa bandang ito) ay nagsasama atnagsasanib na bilang isang malaking iglesia. Sa pamamagitan ng pederasyonng mga iglesia, naging tulad na rin ito ng Catolisismo.

144 Iisa lamang ang pinagkakaiba nila, kung malalampasan lang nila iyon—ang pangungumunyon. Iyon lamang sa diocese ang pumipigil para: magkaisaang Catolico at Protestante, ang paraan ng pangungumunyon. Ang sabi ngCatolico, "Iyon na nga ang katawan," at ang sabi naman ng Protestante,"Kumakatawan lang iyon sa katawan."Pinagmimisahan iyon ng Catolico. Sa misa ay nangungumunyon sila,umaasang mapapatawad sila. Ang sabi ng mga Protestante, "Kami aynapatawad na." Ang sabi naman ng mga Catolico, "Umaasa kaming kami'ynapatawad na." Misa at komunyon . . . Tinatawag nila itong misa; tinatawagnaman natin itong komunyon. Sa misa ay umaasa sila. Sa komunyon ay alamna nila at nagpapasalamat na sila sa Kaniya. Kita n'yo? At iyan na lang ang dinila mapagkasunduan. Magkakasundo sila.

145 Oh, tila napakaganda. Magbubuklod sila upang tumakbo. Patatakbuhinnito lahat ng mga . . . Buweno, ang sabi ng Biblia, "At ibinigay ng mga hayopna ito ang kanilang kapangyarihan sa patutot," (Kita n'yo?), nagbuklod sila.Kita n'yo?Gayon nga ang sinabi ng Bibliang gagawin nila, ginagawa na nila iyonngayon; kasalukuyan itong isinasagawa ngayong linggong ito. Tama. Hindidahil sa may anuman akong laban sa mga Catolico, o sa mga Protestante.Kayong mga Metodista at Baptist at karamihan sa inyong mga Pentecostal,nagsisapi na ang inyong mga simbahan sa pederasyong ito ng mga iglesia,nang itayo nila ang malaking morge ng pederasyon ng mga iglesia sa NewYork; tulad din iyon ng United Nations at iba pa; sinusubukan nilangpagbuklurin ang mga Protestante. .Ngayon, ang mga Catolico ay marunong diyan, at dadalhin nila . . . Itong siPope John the 23rd, o 22nd (anuman iyon), sinusubukan niya sa isangmapagpakumbabang paraan na pag-isahin ang lahat ng paniniwalangProtestante at Catolico sa isang pananampalataya: ganiyang-ganiyan nga angsinabi ng Bibliang gagawin nila. Hayan. At ito naman ay kinakagat nangwalang anumang pasubali ng mga Protestante. Bakit? Bakit? Sapagkat di nilataglay ang mga bagay na ito. Ang kaalaman, na ang Salita ay tama; angpagtitiis, "Silang nangaghihintay sa Panginoon." Nakikita n'yo ba ang ibigkong sabihin?

146 Tulad ng sinabi ng obispong Metodista nung isang araw nang ipasa nilaang . . . at may nakakaalam ba ng—kung paanong—kung anong pumukawng—sinusubukan nilang maipanalangin ang isang dasal sa isang simbahan, osa isang iskuwelahan, at nais nilang . . . Sa paniwala ko palagay ko isa iyonglibro ng panalangin ng Presbyterian o ng iba pa. At idinimanda ng mgamagulang ang iskuwelahan dahil di sila pumapayag na ipanalangin ang dasalna ito sa loob ng iskuwelahan. At ang obispong Metodistang ito ay isangmarunong na matandang lalaki. Tumindig siya at nagsabi, "Mali iyan." Angsabi, "Labag iyan sa konstitusyon." Natumbok niya iyon. Ang sabi niya,"Tulad sa simbahan naming Metodista . . ." ang sabi niya, "Sa simbahannaming Metodista," ang sabi pa niya, "marami sa mga tao namin ang palagingnag-uusap tungkol sa iskandalo ng Hollywood samantalang siyamnaputlimangporsyento sa kanila ay nanonood pa rin naman niyon." Anong problema?Iniwan nila ito. Tama nga. Iniwan nila 'yan.

147 Kausap ko nung isang araw sa silid na ito ang isang opisyal ng isa sapinakamalaking simbahang Metodista dito sa Falls City, isa sa mga pinakaespirituwal na simbahang Metodista sa Falls City,

pinapakita lang na angKapanahunan ng Metodista ay sumusunod sa kapanahunan natin diyan—angPentecostal. At ang sabi niya, "Gumawa sila ng pagsusuri sa St. Louis,Missouri, mga tatlo o apat na buwan na ang nakalilipas at nalaman nila na . . ."Marahil ay nakaupo rito ngayong umaga ang lalaking iyon. Buweno, isasiyang kontratista at siya ang magtatayo nitong—mag-aayos ng gusali para saatin. Sa Main Street Methodist siya kabilang, pinapastoran ito ni Brother Lumat ng iba pa.Nalaman nga natin, sa wari ko'y may mga pitumpung porsyento ng mgaMetodista sa isang pagsusuri —isang pagsisiyasat ng St. Louis angnagpapakitang mga pitumpung porsyento ng mga Metodista ang nagsisigarilyoat animnapu't walong porsyento ang umiinom ng mga inuming may alcohol:ito'y sa mga Metodista. At ang kakatwa dito ay nang ibigay ang pagsusuri atkinuwenta ang diperensiya sa pagitan ng mga babae at lalaki; sa mgakababaihan ay pitumpung porsyento o higit pa kumpara sa mga limampungporsyento sa mga kalalakihan: mas marami ang mga babaeng naninigarilyo atumiinom kaysa sa mga lalaki. Pitumpung porsyento—o higit pa ang dami ngmga kababaihan kumpara sa mga kalalakihan.

148 Ngayon, paano na kaya kung magpunta tayo sa doktrina ng Biblia tungkolsa pagsusuot ng shorts, at pagpapaiksi ng buhok, at mga bagay na tulad niyan?Kita n'yo? Aba, kawalan ito ng kabanalan—mga babaeng nag-aangkin ngpagkamakadiyos at kabanalan—dumadalo ng mga card party at iba pa, mgamadadaldal, mga masatsat, di mapigilan ang kanilang mga dila, sige ang daldal at satsat, at pagala-gala. Kumusta naman ang mga kalalakihan? Nagbabaraha,naggo-golf, nakahubad sa labas, madungis ang damit at nakaistambay kasamang mga babae.Di nakapagtataka. Nakita ba ninyo ang maruming pakanang ginawa nila samangangaral na iyon (mangangaral sa kulungan) kaninang umaga? Opo. Hindiako naniniwalang nagkasala ang lalaking iyon. Anong idinulot niyon? Kapatidiyon . . . Di ko maisip ang kaniyang . . . Siyanga, Dan Gilbert, isangmangangaral sa kulungan. Nang paslangin si Dan ng lalaking iyon ilangbuwan pa lang ang nakararaan, at ngayon ay manganganak na ang kaniyangmaybahay. Siyempre, patay na si Dan; di na nila ngayon maaaring salinan ngdugo ang sanggol. Sinabi ng babae na ginahasa raw siya ni Dan at iyon aykaniyang—iyon ay anak ni Dan. Isang—di ako naniniwala roon tulad din ng diako naniniwalang ang uwak ay may balahibo ng pabo. Hindi po, naniniwalaakong isa iyong kasinungalingan. Naniniwala akong si Dan Gilbert ay isanglalaki ng Diyos. At ako'y naniniwalang iyon ay pakana ng diablo.

149 Tulad ng pagsisikap na iyon na maipagtagumpay ang tungkol sa mgapanalangin. Naging marunong ang matandang Metodistang iyon nang masaponiya iyon. Kung nakalusot iyon, kinasihan lamang iyon ng iba pang bagay.Tama. Tulad din ng problema ng pagbubukod sa timog: ganoon din iyon.Naniniwala akong dapat maging malaya ang mga tao. Naniniwala akong angbansang ito ay naninindigan para sa kalayaan. Hindi ko sinisisi si Mr. Kennedysa pagpapadala roon ng mga tropa, bagama't di ako isang New Dealer, at diako isang Democrat; di ako isang Republican; isa akong Cristiano. Kaya ako'y. . . Ngunit di ako naniniwala roon. Hindi rin ako naniniwalang dapat ipagbiling mga itim ang kanilang mga katutubong karapatan kapalit ng gayong mgabagay. Dati'y may pagkakautang bilang kinatawan ng Republican party,pinalaya ng dugo ni Abraham Lincon ang mga taong iyon sapagkat isa siyangmakadiyos na tao. Sa palagay ko'y dapat kang manatili sa partido mo kungboboto ka. Ngunit isang bagay ang sasabihin ko sa inyo; di lamang dahil sakanilang iskuwelahan kaya naroroon ang lalaking iyon; ang lalaking iyon ayisang mamamayan. Isa siyang Amerikano. May kalayaan ang lahat. Di dapatmabago ang halaga ng isang tao dahil lamang sa kaniyang kulay. "Lahat tayoay . . ." Ang sabi ng Diyos, "Ginawa Niyang isang dugo ang lahat ng mga tao,lahat ng mga bansa." Iisa tayong lahat.

150 Ngunit ang lalaking iyon ay dating sundalo; isa siyang beterano.Pinaglaban niya kung ano ang tama. May karapatan siyang mag-aral. Tama.Ngunit marami siyang iskuwelahang mapapasukan. Iyon nga 'yon. Kungsusuportahan mo iyon, ang kasalukuyang makadenominasyong bagay na iyonang nagtutulak doon. Bakit? Napapalipat nila ang boto ng mga itim mula sa Republican papunta sa Democrat, at sa ganito'y ipinagbibili nila ang kanilangmga katutubong karapatan. Iyon nga ang katotohanan. Pumarito ang EspirituSanto. "Siya na may karunungan, siya na may kaalaman," tamang-tama.Tulad ng iglesiang ito, ng kasalukuyang kapanahunang ito, ipinagbibili nitoang kaniyang . . . Di n'yo ba nakikita kung anong mangyayari? Kahit paitiniteyp ito, heto na. Siyanga. Anong problema? Sinasabi ng nanay ko dati,"Ibigay mo sa Diablo ang nararapat sa kaniya." May isang lalaking gumawa ngtanging nararapat na bagay; iyon ay si Castro. Opo. Nagtungo siya roon . . . Athawak ng mga Kapitalista ang lahat ng tubo at lahat ng iba pa; nasa goldstandard din iyon tulad ng Estados Unidos. Anong ginawa niya? Binili niyaang lahat ng bond. Kinuha niya ang pera sa anumang paraang magagawa niya.Pagkatapos ano ang ginawa niya? Ibinalik niya ang mga ito . . . Iyon na langang maaaring gawin ng bansang ito.

151 Narinig n'yo ba ang "Life Line" nung isang araw? Aba, alam n'yo, tuladlang iyan ng pagbebenta ng bond sa ginto. Naubos na ang mga bond, at ano naang ginagastos ng kasalukuyang pamahalaang ito? Ang buwis na kukulektahinnila apatnapung taon mula ngayon. Tapos na siya. Galing iyon sa "Life Line"mula sa Washington D.C., sa kabilang panig ng bansa. Ginagastos nila angbuwis, at bumibili sila ng mga banyagang . . . Aba'y, ipinamimigay namantalaga nila iyon. Di n'yo ba nakikita na iyon nga ang kanilang gagawin?Nakikita n'yo ba kung ano ito? Ngayon, kung mababangkarote ang bansangito, ang tanging magagawa nito ay ang mabangkarote. Iyon ang tangingmakatuwirang bagay na nararapat gawin: ang palitan ang ating pananlapi.Ngunit di nila iyon gagawin. Sa ilalim ng kasalukuyang

administrasyon, pagaari ng simbahang Romano Catolico ang ginto ng daigdig, at ang gagawin nilaay ipagbibili nila ang kanilang sarili.Ang mga mayayamang taong ito sampu ng iba pa sa mundo, ayon sa Biblia,anong gagawin nila bago mawala sa kanila ang Brown and WilliamsonTobacco Company (Karamihan naman sa kanila ay mga Catolico.), sampu ngiba pa, anong gagawin nila? Tatanggapin nila iyon at kukunin nila ang peranggaling sa Roma, at kung magkagayo'y naipagbili na nila ang kanilang mgakatutubong karapatan. Suportado siya ng Roma. Opo.Susuportahan niya iyon. At nakakaipon na sila ngayon ng sapat na patakaran,sa paligid nila at dinadala ang mga ito sa kaniyang gabinete. Tingnan ninyokung anong hinihiling ni Mr. Kennedy.

152 At kung nakita ninyo nung isang araw . . . di na kailangang bumoto pa.Anong saysay ng pagboto? Samantalang ito ay inilathala nila sa pahayagan atpinatunayan pa nga sa harap ng madla, pagkatapos ay ayaw nilang gumawa nganuman tungkol dito; samantalang napatunayan nilang inareglo nila ang mga makina sa buong bansa, at inihalal nila si Mr. Kennedy sa pamamagitan nghuwad na boto. Hindi ba't sinabi ng Bibliang darating siya sa pamamagitan ngpandaraya? Isang kabulaanan.Ngayon, hindi ako laban sa Democratic party kung paanong di rin naman akolaban sa Republican party, ngunit naglalahad lamang ako ng mgakatotohanang hango sa Biblia. Ano pang saysay ng pagboto? Alam na nilakung sinong papasok doon.

153 Ilan ba sa inyo ang nakakaalala ng palabas kung saan ay may dalawangbabaeng nakatayo, at ang isa ay nagsabi, "Boboto ako kay . . ." IsangProtestanteng babae ang nagsabi, "Boboto ako kay Mr. Kennedy."Ang sabi nila, "Bakit?"Ang sabi niya, "Kasi sa palagay ko'y mas matalino siya kaysa kay Mr. Nixon.Mas magiging mahusay siyang pangulo." Pagkatapos ay sinabi nila, "Isa itong Catolicong babae. Sino ang ibobotomo?" Ang sabi niya, "Isa akong Catolico, isang Romano Catolico, isangdebotong Catolico." Ang sabi niya, "At ako ay boboto kay Mr. Nixon." "Bakit?"Ang sabi, "Kasi sa palagay ko'y magiging mas mahusay na pangulo si Mr.Nixon, sapagkat kabisado niya ang mga bagay-bagay. Mas kilala niya angKomunismo." Nagsinungaling ang babaeng iyon.

154 Mayroon ako ng kung tawagin nila ay "The Facts of our Faith," angpinakamataas na librong Catolicong maaaring mabili. At sinasabi roon, "Kungmay isang Catolico sa listahan ng mga kandidatong tatakbo laban sa isangProtestante, at kung may Catolicong boboto sa isang Protestante, itatakwil silasa simbahang Catolico." Tama. At kung may dalawang Catolicong tumatakbopara sa isang opisina, pipiliin nila ang Catolicong mas tapat sa inang simbahanat siya ang iboboto.Nakikita n'yo ba kung paano ang pandarayang iyon, kung anong sinusubukannilang gawin? Namimigay sila ng pera upang bilhin ang ano? Sinisikap nilangmasaid ito. At magagawa nga nila iyon, at siya'y said na nga.Ano iyon? Nasa gold standard na ito, at ang simbahang Catolico (angpamunuan) ang nagmamay-ari ng ginto ng daigdig, sandaan at animnapungbilyon.Hayan.

155 Ibinalik siya sa gold standard. At hindi aalisin sa inyong mga mamamayanang inyong mga bahay at iba pa, ngunit pag-aari na kayo ng simbahang Catolico. Ang bansa ay pag-aari na ng simbahang Catolico. Ang kabuuan aynabihag na nang ganiyan sa pamamagitan ng kanilang pananalapi.Di ba't sinasabi iyan ng Biblia? Iyan ba ang larawang iginuguhit sa atin ngBiblia? Ang sinasabi ko, kapatid, sasabihin nila sa araw na ito, "Bubuo iyan ngisang mainam na iglesia. Pag-iisahin nito ang mga Protestante." At tilamaganda ito sa natural na paningin, ngunit ang karunungan ng sanlibutang itoay kamangmangan sa Diyos, at ikinalugod ng Diyos sa pamamagitan ngkamangmangan ng pangangaral na iligtas ang mga naliligaw sa pamamagitanng Makalangit na opisinang itinalaga Niya sa Kaniyang iglesia upang maitayoang Kaniyang iglesia sa ibabaw ng mga espirituwal na katangiang ito at hindisa ibabaw ng anumang bagay na nauukol sa lupa.

156 Ang sabi ni Pedro, "Yamang nakatanan na kayo sa kabulukan ngsanlibutan dahil sa pita ng pera, at pita ng karangyaan, at kalayawan, at ngpagkain at pag-inom, at iba pang pitang taglay natin, nakatakas na kayo riyan;at ngayon ay naitayo na kayo bilang isang bahay na buhay. Sinasabi ko iyan saiglesia," ang wika niya. Hayan. Nabasa n'yo ba? Narinig n'yo ba riyan salikuran nang basahin natin? Sa 2 Pedro, pakinggan lang ninyo kung anongsinasabi niya rito, kung paano niya ito sinasabi. Sige makinig kayo sa kaniyangayon habang nangungusap siya. Sige.Si Pedro—Si Simon Pedro, na alipin at apostol ni Jesucristo, sanagsipagkamit na kasama namin ng mahalagang pananampalataya sakatuwiran ng ating Dios at Tagapagligtas na si Jesucristo:. . . kapayapaan ang—sa inyo'y dumami sa pagkakilala sa Dios at kay Jesusna Panginoon natin,Yamang ipinagkaloob sa atin ng kaniyang banal na kapangyarihan ang lahatng mga bagay . . . (Sino ba ang magmamana ng lupa at ng lahat ng bagay?Tiyak ngang itoy patungkol . . . siyanga, tama.) . . . na nauukol sa kabuhayanat sa kabanalan, sa pamamagitan ng pagkakilala sa kaniya na tumawag saatin sa pamamagitan ng kaniyang sariling kaluwalhatian tungo sakaluwalhatian:Na dahil dito ay ipinagkaloob niya sa atin ang kaniyang mahahalaga atnapakadakilang pangako: upang sa pamamagitan ng mga ito ay makabahagikayo sa kabanalang mula sa Dios, yamang nakatanan sa kabulukang . . .(Pakinggan n'yo iyan.) . . . nasa sanglibutan dahil sa masamang pita.

157 Pagnanasa sa pera, pagnanasa sa mararangyang mga bagay, pagnanasa sapopularidad, ang mga bagay na ito ay patay na sa mananampalataya. Hindi namahalaga sa atin; tolda man o kubo, bakit ako mag-aalala? Mabuhay man omamatay, lumubog man o malunod, dito ako interesado: sa Kaharian ng

Diyos. Mapanatili ko man ang tahanan ko, mapanatili ko man ang pamilya ko,o anuman ang mapanatili ko, hayaan ninyong mapanatili ko si Cristo, ang pagasa ng kaluwalhatian. Itayo mo ako, oh, Panginoon hanggang sa maging ganitoako. Hayaan Mong si Cristo ang maging Ulo ko. ltulot Mo pong magpatuloyang paggawa sa pundasyon ng aking pananampalataya sa Kaniya, itulot Mopong gumana sa akin ang kagalingan, kaalaman, pagpipigil, pagtitiis,kabanalan, at mabuting kalooban sa kapatid, oh, Panginoon, ang akingpanalangin. Di mahalaga sa akin kung mabuhay man ako o mamatay, lumubogo malunod, may denominasyon man o wala; may kaibigan o walang kaibigan,itulot Mong gumana iyan sa akin. ltulot Mo pong maibuhos sa akin angkagalingan ni Cristo, ang Kaniyang kaalaman upang maituro ko ang mga iyon;sapagkat naglagay ang Diyos sa iglesia ng mga apostol, mga propeta, mgaguro, mga pastor, at mga evangelista, ang lahat ay para sa ikasasakdal at sapaghahatid ng mga katangiang ito sa iglesia, tungo sa kasakdalang iyon ngpagdating ng Anak ng Diyos.

158 Bawat isa sa mga batong ito ay magkakamateryales. Ito ay kamateryalesnito. Bawat isa sa mga katangiang ito ay pag-aari Niya, at bumubuhos ang mgaito mula sa Kaniya at dumadaan sa mga ito. Amen.Alas dose na. Saan ba nagpupunta ang lahat ng iyon? Amen. Mahal n'yo baSiya? Naniniwala ba kayo riyan? Makinig kayo mumunti kong mga anak . . .Ang sabi ni Sister Kidd kaninang umaga, "Brother Bill, hindi ko alam kungmakikita pa kitang muli." Halos ikamatay ko iyon. Kita n'yo? Iniisip niyangtumatanda na siya; siya nga. Dalangin ko sa Diyos na biyayaan siya gayon dinsi Brother Kidd ng mahaba pang panahon. Hayaan n'yong sabihin ko ito sainyo; hindi natin alam kung gaano katagal pa tayong magsasama-sama. Hindiko alam kung gaano katagal pa ninyo akong makakasama. Maaaring paalisinna ako ng Diyos sa mundo. Maaaring tawagin Niya ako sa ibang larangan ngpaglilingkod. Maaaring tawagin Niya kayo kung saan. Hindi natin alam.Ngunit taglayin natin . . . Huwag nating hayaang basta na lang lumampas ito saatin. Kunin natin iyan. Nariyan iyan sa Biblia. Narito ito at nagsisilbinghalimbawa sa lahat ng iba pang bagay. At kung mayroon lang sana akongpanahon (Hindi mo ito kaya sa isang araw. Alam n'yo iyan.) upangpagdugtung-dugtungin ang kabuuan nito. Tingnan ninyo, nang matapos natinang mensaheng iyon dati, nakita ninyo kung anong ginawa ng Espiritu Santosa dingding, di ba? Ilan ba ang naririto noon? Siyanga. Bumaba Siya atiginuhit Niya kung anong sinasabi ko.

159 Kita n'yo, totoo ito. Huwag ninyong hayaang makaalpas ito sa inyo.Mangunyapit kayo rito, mga anak. Iyan ay panghawakan ninyo. Alalahanin ninyo, ipatong ninyo sa inyong pananampalataya: ang kagalingan, kaalaman,pagtitiis . . .Ngayon, heto, wari ko'y mayroon akong kapirasong papel dito, kung di ko itonaihulog habang ako ay nangangaral. Heto nga iyon. (Salamat, brother.Maraming salamat.) Kung nais ninyo itong makita at tingnan n'yo kungmayroon kayong maaaring . . . Marahil medyo mas magandang padron itokaysa sa nariyan, nang sa gayon ay makopya ninyo ang ilan sa mga ito.Ididikit ko ito rito at maaari ninyo itong tingnan at imakinilya.

160 Ngayon, nais kong kunin ninyo ito, at pag-aralan ninyo, at paghambinghambingin ninyo, at pagkatapos ay tuparin ninyo. Huwag n'yo lang pag-aralanat paghambingin; kundi tuparin ninyo ito kapag inyong pinagaralan.Tanggapin ninyo ito nang buong katapatan.Huwag ninyong sabihin, "Aba, nasiyahan akong makinig doon ah." Ako rin.Ngunit iba kapag pinakinggan mo at pagkatapos ay tinanggap mo. Kita n'yo,kita n'yo? Iba iyon. Kita n'yo, may pitong kuwalipikasyon upang mabuo angbantayog ng Diyos. Pitong kapanahunan ng iglesia ang dinaanan upangmaihatid ng Diyos ang iglesia sa mga kuwalipikasyong ito, at may pitongmensahero Siyang ginamit dito. Mayroong pito, pito, pito. Kita n'yo? Pito angnumero ng Diyos para sa kaganapan, at tatlo naman ang numero Niya para sakasakdalan. Kaya mayroong tatlo at pitong tatlo. Samakatuwid sa bilang, saespirituwal, sa Salita ng Diyos, sa saksi ng Espiritu Santo, ito'y binubuo nglahat ng ito.

161 Pag-aralan natin. Idagdag natin kung gayon sa ating pananampalataya angmga bagay na ito, upang makarating tayo sa buong sukat ni Cristo, napinagbubuklod ng makadiyos na pag-ibig, ng pagkatakot sa Diyos, ngpagpipitagan sa isa't isa sa ating puso, ng malalim na paggalang sa isa't isa, ngmabuting kalooban sa kapatid na lalaki't babae, walang kahalayan kundikadalisayan lamang ng pamumuhay sa Espiritu Santo. Kita n'yo? Magsamasama kayo, magpaka Cristiano kayo; lumakad kayo ng may pananampalataya;hayaan ninyong dumaloy sa inyo ang kapangyarihan ng Diyos. Tulutan ninyoang kaalaman ng Diyos pagdating sa tama at mali . . . Kapag may inalok angdiablong di katugmang-katugma ng Kasulatan, layuan ninyo ito. Tama.

162 Nakikinikinita kong hindi umasta ang mga apostol ng tulad sa atin.Lumibot sila, marahil bihira silang magsalita malibang dumating sila sapulpito. Pagpasok nila, ginagawa nila kung ano'ng dapat nilang gawin, atpagkatapos ay lumalabas na sila. Opo. May taglay silang kapangyarihan. Maytaglay silang lakas. Di sila nakipag-argumento sa mga tao; alam nila kung saansila nakatayo. Iyon lang. Kilala nila kung sinong sinasampalatayanan nila.Nanatili silang lumalakad sa Espiritu at ginagawa lamang ang . . . Tulad ng sinabi ko nung isang gabi, "Isang tango lang. Iyon lang ang kailangang gawinng Diyos, pagkatapos niyon ay wala nang makapipigil sa kanila." Hindi silanagtanong, at nag-aral at labis na naligalig tulad natin kung dapat bang gawinang ganito o ganoon. Basta't humahayo sila at tinutupad iyon. Isang tangolamang mula sa Diyos, ayos na. Iyon lang. Bakit? Paano nilang nalalamangiyon ay tango ng Diyos? Taglay nila ang lahat ng mga katangiang ito, lahat ngmga kuwalipikasyong ito. At sa unang tango ng Diyos na

naikumpara sa bawatbahagi nito at sa Kaniyang Salita; alam nilang Salita iyon ng Diyos athumahayo na sila kaagad. Wala na silang dapat pang alalahanin. Kapagnangusap ang Diyos, humahayo sila.

163 Nangungusap tayo—kapag nangusap ang Diyos sa atin; at sasabihin natin,''Buweno, mag-umpisa tayo. Tingnan natin kung kaya nating ipamuhay angBuhay na ito." Mamamalayan mo na lamang na may nang-iinis sa iyo. Abasiyanga, ang diablo iyon. Nakita n'yo sana kung paano niyang sinikap na hadlangan ako sa pagputtasa pagtitipong ito kaninang umaga.Kailangan n'yong maranasan iyon minsan. Ay naku, kailangan kongmakipagbaka tuwing magbabanggit ako ng isang pagtitipon. At kapagmananalangin ako sa mga maysakit, at may naghihingalo na hindi pa ligtas,may papasok na tatlumpung tawag sa loob lamang ng sampung minuto (kungsunod-sunod ang mga ito), upang mahadlangan ako. "Oh, Brother Branham,kailangan mong gawin ito." Ngunit may kaluluwang nanganganib. Siyanga.

164 Nung isang gabi tinawag ako sa isang lugar. lsang binata, ilang taon na angnakararaan ay kausap ko siya dito sa kung tawagin ay supermarket. Naging isasiyang sugapa sa alak. Kilala ko ang lalaking iyon, isa siyang mabuting lalaki;ngunit makasalanan siya. At tumawag ang ina niya. Sa pakiwari ko'ytinawagan niya si Doc nang dalawang beses, at tumawag ako . . . Tinawagannila si Billy, at sa wakas ay nakuha ko ang mensahe. At nang makuha ko angmensahe, sa totoo lang, noon lang ako nakipagbaka nang gayon sa buongbuhay ko para lang mapuntahan ang lalaking iyon. At nang makarating akoroon, di na ako makilala ng kawawang lalaking iyon. Naroon siya at nakahiga,wala sa pag-iisip niya at nagwawala. Tinatapik siya ng ama niya at sinasabing,"Anak," at mga singkuwenta anyos na ang lalaking iyon. At ang sabi niya,"Anak ganito," at "humiga ka nang tahimik." Nagpipilit siyang tumayo; angmumunti niyang mga braso ay ganiyan na lang kalaki. Punong-puno ng cancerang lalaking iyon hanggang sa nagmistula na siyang isang buong cancer. Lahatng bahagi ng kaniyang katawan ay may cancer, lahat-lahat. At naroon siya atnagpipilit na makatayo at nagwawala.

165 Hinawakan ko siya sa kamay; ang sabi ko, "Woodrow, Woodrow, siBrother Branham ito."Ang sabi ng tatay niya, "Di mo ba alam na si Brother Bill ito, Woodrow; siBrother Bill ito."Ang sabi niya, "Huh, Huh, Huh," ganoon.Lumingon ang tatay niya at nagsabi, "Billy, medyo nahuli ka." Ang sabi ko, "Di pa huli. Naririto Siya. Nakipagbaka ako, at may iba pangmga binatilyong (mga di pa sumasampalataya) nakatayo roon, ilan sa mgakamag-anak niya. Ang sabi ko, "Kita n'yo, mga kabataan, maghanda kayo,'pagkat darating din kayo rito. Kakailanganin ninyong dumating dito. Kit n'yo?Marahil hindi sa pamamgitan ng cancer na ito; maaaring dumating kayo rito sapamamagitan ng ibang bagay, doon marahil sa highway at nauubusan kayo ngdugo, o iba pa. Darating at darating kayo rito." Kinausap namin sila.Naghihintay ako sa iuutos sa akin ng Espiritu: naghihintay.Bigla ko na lamang naramdaman ang tangong iyon. "Patungan mo siya ngiyong kamay." Lumibot ako at nagsabi, "Magsiyuko kayong lahat." Nagsiyukosilang lahat, may dalawa o tatlong kabinataang naroroon. Pinatungan ko siyang kamay. Ang sabi ko, "Panginoong Diyos, itulot Mo pong magkamalay angbinatang ito upang malaman niya ang dapat niyang gawin, sapagkatkinakailangang harapin niya ang bagay na ito. Naghihingalo na siya. Lubossiyang ginapos ng diablo, at mamamatay na siya. Nagpakalango siya. At naritosiya ngayon sa kalagayang ito; idinadalangin ko po na mahabag Ka sa kaniya."At pagkapanalangin ko sa kaniya, kinaumagahan ay nakaupo na siya atnakikipag-usap sa kaniyang ama.

166 Si Busty Rodgers, nang tawagin nila ako dito sa ospital di pa katagalan.Naroon ako nung araw na iyon matapos akong mangaral sa Milltown kungsaan napagaling si Georgie Carter. Naaalala ninyong lahat iyon. Naroon siBrother Smith, isang mangangaral na Metodista na nagsabing, "Sinumangnabautismuhan sa Ngalan ni Jesus Cristo, ay lumabas. sa aking tolda," ganoon,nung may ginaganap siyang gawain doon sa Totten's Ford. At oh, kinundenaniya ako sa lahat ng bagay na maaari mong isipin. Wala akong sinabing isamang salita, nagpatuloy pa rin ako. May inutusan ako. Nagpakita ng pangitainang Panginoon sa akin na may isa raw tupang nasilo doon sa ilang. Naaalalaninyong lahat ang pangitain, lahat kayo. Sa palagay ko'y naaalala ninyo;naaalala ba ninyo?

167 Tama, at tinahak ko ang ilang sa paghahap doon. Nagtungo ako sa Totten'sFord. Alam ni Brother Wright na naririyan, na nangmagpunta kami roon, dinamin alam kung anong dapat naming gawin. Bumili ako ng kahon sa halagang sampung sentimo. Pupunta ako roon, tatayo ako, at mangangaraldoon sa hagdan. Ang sabi niya pupunta raw siya sa tuktok ng burol upangmangalakal. Sumama ako sa kaniya. Mayroon doong malaking simbahan ngBabtist na walang laman. Sinabi sa akin ng Panginoon, "Tumigil ka roon."Ang sabi ko, "Ibaba mo ako rito, Brother Wright" Tumigil ako. Nagpatuloysiya sa pagpanhik at nagbalik siya. Pinuntahan ko iyon, at di niya mabuksanang pinto. Ang sabi ko, "Panginoon, kung naririto ka, at nais Mo akongpumasok sa simbahan, buksan Mo po ang pintuan para sa akin."Naupo ako roon at nag-isip. May narinig akong paparating, lumapitsiya, at nagsabi, "Kumusta po kayo." An'g sabi ko . . . Ang sabi niya, "Guston'yo bang pumasok sa simbahan?"Ang sabi ko, "Opo." Ang sabi niya, ''Narito sa akin ang susi." Nagpasimula ako ng gawain.Nung unang linggo, halos walang nakadalo. Nung unang gabi angkongregasyon ko ay sina: Brother Wright at ang kaniyang pamilya. Namalayanna lang namin, nang dumating ang Sabado wala na halos silang matayuan sabakuran. Ngunit di pa rin lumilitaw ang tupang iyon. Naligtas si Brother Hallnung panahong iyon, ang pastor ngayon doon, lahat sila. Ngunit di ko makitakung saan naroroon ang tupang iyon. Matapos ang ilang panahon, mula saChurch of Christ, sa

paanan ng burol, naroon ang dalagitang iyon, siyam nataon at walong buwan nang dikumikilos, nakaratay, hayun pala siya. Alamninyong lahat ang kuwento.

168 Opo, nang hapong nakatayo roon si Busty Rodgers, isang napakalaki atpaos na beterano, lumabas ako, at naroon ang kongregasyon ni Brother Smithpara pagtawanan ako dahil sa pagbabautismo sa Ngalan ni Jesus. Lumusongako sa maburak na tubig na iyon ng Totten's Ford kung saan ay mayinaalagaan silang sapa at napakalakas ng ugong nito. Sinamahan akonglumusong ng dalawang diyakuno. Ang sabi ko, "Nakatayo ako rito ngayonghapon bilang kinatawan ng banal na Kasulatan ng Diyos. Ang sabi ko,"Nabasa ko dito sa Biblia kung saan ay sinabi ni Pedro, 'Magsisi ang bawat isasa inyo, at magpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo sa ikapagpapatawad nginyong mga kasalanan. ", Pumihit ako at ibinigay ko ang aklat sa isa sa mgadiyakuno, lumusong ako roon, at ang sabi ko, "Sinomang magsisisi sakaniyang mga kasalanan ay maaaring lumapit." Lumusong ako roon sa tubig,at ang sabi ko, "Pakiwari ko'y nakaupo ang mga anghel sa bawat sanga atnagmamatyag."

169 Ay, naku, sa mga sandaling iyon nakapagbautismo na ako ng mga dalawao tatlo, at ang buong kongregasyon niya, ang mga kababaihang nakadamit na seda ay nagmamadaling nagsipaglusungan sa tubig, nagtitilian. Binautismuhanko ang buong kongregasyon niya sa Ngalan ni Jesus Cristo. Alam n'yo iyon.Nasa akin ang litrato niyon.Hayun. Ano iyon? Pagdaragdag sa iyong katangian. Kita n'yo? Hayaan n'yolang iyon. Alam ng Diyos kung paano iyong gagawin. Alam ng Diyos kungpaanong tutuparin ang mga bagay na ito. Hayaan ninyong sabihin nila kunganong ibig nila. Hindi ito mahalaga. Magpatuloy lang kayo.Si Busty Rodgers, nakatayo siya roon, nang makita niya iyon, ang sabi niya,"Noon ay naniwala ako nang buong puso ko," at lumusong siya sa tubig suotang magandang damit niya at nabautismuhan sa Ngalan ni Jesus Cristo.

170 Mga tatlo o apat na buwan na ang nakararaan tinawag nila ako sa ospitaldito sa New Albany. Naroon siya at naghihingalo dahil sa cancer; sadyangkinain na siya nito. Tinaningan siya ng mga duktor hanggang kinabukasan.Ang sabi, "Mamamatay na siya . . . ? . . ." Ang sabi, "pumarito ka kaagad."Nagtungo ako sa silid. Nang makapasok na ako, tumayo lang ako roon nangnananalangin. Ang sabi niya, "Billy, may bahagharing nagpapaikot-ikot sakantong iyon."Lumingon ako upang tingnan iyon. Ang sabi ko, "Busty, isa iyang tipan. Hindika mamamatay. Iniligtas ka ng tipan ng dugo." Pinatong ko ang kamay ko sakaniya, ang sabi ko, "Panginoong Diyos, sa pamamagitan ng pangitaing iyonna nagpapatunay na Ikaw ay naririto, ang Iyong tipan ay: sa pamamagitan ngKaniyang mga latay ay nagsigaling kami." Pinatungan ko siya ng kamay, atgumaling siya. Pinauwi na siya.

171 Mga apat o limang taon, mga apat na taon siyang nangingisda nang paroo'tparito sa ilog at lahat ng bagay ay nangyayari, nagkakalyo na yungpinanggalingan ng cancer sa palibot ng kaniyang lalamunan; nagkaroon ngisang malaking buko. Sinabi sa kaniya ng mga duktor, ng mga beterano ngospital na mayroon silang cobalt treatment na maaaring magpaimpis niyon,upang mas maraming pagkain ang malulon niya sa isang pagkakataon.(Nahihirapan siyang makakain nang marami; kinakailangan niyang kumainnang napakabagal.) Nagtungo siya roon upang ipagawa iyon. Di ko alam nanaroroon siya.At nang siya ay operahan nila, nalaman nilang nagkumbulsyon siya, at nastroke siya at naparalisa ang tagiliran niya nang ganiyan; at ang nagagawa nalang niya ay ang umungol nang marahan. At may hawak siyang lapis naganiyan at ang sabi niya, "Uhh-uhh-uhh" at sinisikap niyang sumulat,nanginginig na ganiyan sa pamamagitan ng gumagana niyang kamay. Ang kaliwang tagiliran niya ay naparalisa, at ang kaniyang kamay, "Iniligtas ako niJesus nung sanlibo siyam na raan at . . ." Hindi niya maituloy.Kaya nang sabihin ng kaniyang maybahay, "Brother Branham, di ko alamkung anong ibig niyang sabihin diyan."Ang sabi ko, "Mrs. Rodgers, ang ibig niyang sabihin ay noong sanlibo siyamna raan at sa ganitong mga taon ay naligtas at nabautismuhan siya.Nagbubunga na iyon ngayon. Di siya natatakot mamatay." Ang sabi ko,"Panginoong Diyos, iligtas mo ang kaniyang buhay. Idinadalangin ko po saNgalan ni Jesus na iligtas Mo ang kaniyang buhay," pinatungan ko siya ngkamay. Nilisan siya ng stroke, huminto ang mga pagkukumbulsyon, atbumangon siya sa higaan, at nakatayo na siya ngayon at nagpapatotoo.

172 Idagdag ninyo sa inyong pananampalataya ang kagalingan; idagdag ninyosa inyong kagalingan ang kaalaman; sa inyong kaalaman ang pagpipigil; sainyong pagpipigil ang pagtitiis; sa inyong pagtitiis ang kabanalan; sa inyongkabanalan ang mabuting kalooban sa kapatid; sa inyong mabuting kalooban sakapatid ang Espiritu Santo, at si Cristo ay darating na. 'Pagkat sa pinaka ilalimng Espiritu Santo, naroon ang Espiritu ni Jesus Cristo na pumasok sa iglesiaupang ipamalas ang mga katangiang iyon.Ay naku, heto't alas dose kinse na.Mahal Siya, Mahal Siya,'Pagkat minahal Niya ako(Dito pa lang sa ibaba bago kapa maging anoman.)Nag-alay (Anong ginawa Niya?)ng kaligtasan,Sa Kalbaryo.Paano akong naging ganito? Dahil una Niya akong minahal.Mahal Siya, Mahal Siya,'Pagkat minahal Niya ako (Hayunang dahilan.)Nagbayad ng kaligtasanSa Kalbaryo.

173 Ipinangangako ko nang buong puso ko sa Kaniya ngayong umaga na satulong Niya at sa Kaniyang biyaya, dalangin kong magsasaliksik ako arawaraw nang walang patid hanggang maramdaman kong dumadaloy na ang bawat isa sa mga rikisitong (requirements) ito sa munting katawan kong ito.Hanggang sa ako'y maging isa nang pagpapahayag ng nabubuhay na Cristo,sapagkat Siya ay naging kasalanan, upang ako ay maging katuwiran ng Diyostulad Niya. Humalili Siya sa akin. Panginoon, hayaan mong

humalili ako saKaniya ngayon, dahil iyon ang layunin ng Kaniyang pagkamatay.Ilan ba ang mangangako rin ng gayon sa biyaya ng Panginoon. Habangnakayuko tayo at nakataas ang ating mga kamay.Mahal Siya - (Ipinangangako ko,Panginoon.Ipinangangako rin ngiglesiang ito. Ang buongsukat ni Jesus Cristo. . .)'Pagkat minahal Niya ako,Nag-alay ng kaligtasanSa Kalbaryo.

MESSAGE hub online
www.messagehub.info

Pangangaral ni
William Marrion Branham
"... sa mga araw ng tinig ..." Apocalipsis 10:7